

PROPOSISYON 2

Ang batas na ito na iminumungkahi ng Panukalang Batas ng Asembleya 247 ng 2023–2024 Regular na Sesyon (Kabanata 81, Mga Batas ng 2024) ay isinusumite sa mga tao alinsunod sa mga probisyon ng Artikulo XVI ng Konstitusyon ng California.

Ang iminumungkahing batas na ito ay nagdaragdag ng mga seksyon sa Kodigo sa Edukasyon; samakatuwid, ang mga bagong probisyon na iminumungkahing idagdag ay nakalimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEK. 28. Ang Bahagi 72 (nagsisimula sa Seksyon 101400) ay idinagdag sa Dibisyon 14 ng Titulo 3 ng Kodigo sa Edukasyon, upang mabasang:

BAHAGI 72. ANG BATAS SA BONO NG 2024 PARA SA PAGSASAMODERNO, PAGKUKUMPUNI, AT KALIGTASAN NG MGA PASILIDAD NG PAMPUBLIKONG EDUKASYON SA MGA PAARALAN MULA KINDERGARTEN HANGGANG IKA-12 BAITANG AT LOKAL NA KOLEHIYO NG KOMUNIDAD

KABANATA 1. MGA PANGKALAHATANG PROBISYON

101400. Ang bahaging ito ay dapat kilalanin, at maaaring banggitin, bilang Ang Batas sa Bono ng 2024 para sa Pagsasamoderno, Pagkukumpuni, at Kaligtasan ng mga Pasilidad ng Pampublikong Edukasyon sa mga Paaralan mula Kindergarten Hanggang Ika-12 Baitang at Lokal na Kolehiyo ng Komunidad

101401. Napag-alaman at ipinahahayag ng Lehislatura ang lahat ng sumusunod:

(a) Tinatantiya ng ulat ng University of California, Berkeley na 85 porsiyento ng mga silid-aralan sa California ay higit sa 25 taong gulang, 30 porsiyento ng mga silid-aralan ay nasa pagitan ng 50 hanggang 70 taong gulang, at humigit-kumulang 10 porsiyento ng mga silid-aralan ay 70 taong gulang o mas matanda.

(b) Ang pananaliksik sa mga kondisyon ng gusali ng paaralan at mga resulta ng estudyante ay nakatagpo ng magkakatulad na kaugnayan sa pagitan ng mga di-maayos na pasilidad at mahinang pagganap ng mga estudyante. Ang mga pasilidad ng paaralan na malinis, maayos, at idinisenyo upang suportahan ang matataas na pamantayang pang-akademiko ay mas malamang na sumuporta sa mas mataas na nakakamit ng estudyante, anuman ang sosyo-ekonomiko na katayuan ng estudyante. Ang mga estudyanteng tumatanggap ng pagtuturo sa mga gusaling mahuhusay ang kondisyong pangkapaligiran ay maaaring makakuha ng mga marka ng pagsusulit na 5 hanggang 17 porsiyentong mas mataas kaysa mga marka para sa mga estudyanteng nasa mga gusaling hindi nakakatugon sa pamantayan.

(c) Humigit-kumulang isang-katlo ng mga bagong trabaho sa California ay mangangailangan ng ilang pagsasanay na lampas sa mataas na paaralan ngunit mas mababa kaysa apat na taong degree. Ang edukasyong teknikal na pangkarera, na kilala rin bilang bokasyonal na pagsasanay, ay nag-uugnay sa mga estudyante sa mga oportunidad na ito sa karera sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga kasanayang batay sa industriya.

(d) Ang Programa sa Pasilidad ng Paaralan ay halos wala nang pondo. Ang mga distrito ng paaralan sa buong California ay nagsumite ng kabuuang \$3,300,000,000 sa mga bagong proyekto sa konstruksiyon at modernisasyon at ang mga ito ay naghihintay na mapondohan.

(e) Mayroong higit sa 1,000 charter na paaralan sa California, at ang mga charter na paaralan na iyon ay pangunahing matatagpuan sa mga lungsod. Madalas na nakakaranas ng malalaking hamon sa pananalapi ang mga charter na paaralan sa pagkuha ng mga sapat na pasilidad. Samakatuwid, ang pagsuporta sa mga pasilidad ng charter na paaralan ay mahalaga sa pagtiyak na ang lahat ng mga estudyante ay may access sa mataas ang kalidad na mga kapaligiran sa pag-aaral. Sa pamamagitan ng pamumuhunan sa pagtatayo at rehabilitasyon ng mga gusali ng charter na paaralan, makakatulong tayo na matiyak na ang mga paaralang ito ay makakapagbigay ng ligtas, moderno, at kaaya-ayang mga kapaligiran sa pag-aaral. Ang suportang ito ay mahalaga para sa pagpapaunlad ng inobasyong pang-edukasyon at pagbibigay ng patas na pagkakataong pang-edukasyon para sa lahat ng estudyante.

(f) Ang maliliit at nasa disbentaha na mga distrito ng paaralan ay madalas na nahaharap sa malalaking hamon sa pagpapanatili at pagpapabuti ng kanilang mga pasilidad. Ang mga distritong ito ay nagsisilbi sa ilan sa mga pinakamahirang populasyon ng estudyante at madalas na kulang sa mga mapagkukunan upang matugunan ang mga kritikal na pangangailangan sa imprastruktura.

(g) Ang mga Kolehiyo ng Komunidad ng California ay ang pinakamalaking sistema pagkaraan ng sekondarya sa Estados Unidos, nagsisilbi sa humigit-kumulang 2,100,000 na estudyante taun-taon. Ang Kolehiyo ng Komunidad ng California ay may bilyun-bilyong dolyar na pangangailangan para sa pagtatayo ng mga bagong pasilidad para sa paglago ng pagpapatala at para sa modernisasyon ng mga kasalukuyang pasilidad.

101402. (a) Ang pagsasama ng, o pagtukoy sa, anumang probisyon ng batas na ayon sa batas ng estado sa bahaging ito ay kinabibilangan ng lahat ng mga batas na nag-aamyenda nito at pandagdag dito.

(b) Para sa mga layunin ng bahaging ito, ang "Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado" ay nangangahulugang ang Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado (Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), na maaaring baguhin pana-panahon.

101403. Ang mga bono sa kabuuang halaga na sampung bilyong dolyar (\$10,000,000,000), hindi kasama ang halaga ng anumang nagsasauling mga bono na inisyu alinsunod sa Mga Seksyon 101430 at 101451, ay maaaring ilabas at ibenta para sa mga layuning nakalagay sa Mga Seksyon 101420 at 101442. Ang mga bono, kapag ibinebenta, iniisyu, at inihahatid, ay dapat at bumuo ng isang balido at may-bisang obligasyon ng Estado ng California, at ang buong pananampalataya at kredito ng Estado ng California ay ipinangangako para sa wastong pagbabayad ng prinsipal ng, at interes sa, mga bono habang ang prinsipal at interes ay dapat bayaran at mababayaran.

KABANATA 2. MULA KINDERGARTEN HANGGANG IKA-12 BAITANG.

Artikulo 1. Mga Probisyon ng Programa para sa Pasilidad ng Paaralan mula Kindergarten hanggang Ika-12 Baitang

101410. Ang mga nalikom ng mga bono na inisyu at ibinenta alinsunod sa kabanatang ito, hindi kasama ang mga nalikom ng anumang nagsasauling mga bono na inisyu alinsunod sa Seksyon 101430, ay dapat ideposito sa 2024 Pondo sa mga Pasilidad ng Paaralan ng Estado na itinatag sa Tesorerya ng Estado sa ilalim ng Seksyon 17070.42, at dapat ilaan ng Lupon ng Paglalaan ng Estado alinsunod sa kabanatang ito.

101411. Ang lahat ng pera na idineposito sa 2024 Pondo sa mga Pasilidad ng Paaralan ng Estado para sa mga layunin ng kabanatang ito ay dapat na magagamit upang magbigay ng tulong sa mga distrito ng paaralan, mga superintendente ng mga paaralan ng county, at mga lupon ng county para sa edukasyon ng estado alinsunod sa Leroy F. Greene Batas sa mga Pasilidad ng Paaralan ng 1998 (Kabanata 12.5 (nagsisimula sa Seksyon 17070.10) ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1), upang magkaloob ng mga pondo upang bayaran ang anumang pera na ipinauna o ipinautang sa 2024 Pondo sa mga Pasilidad ng Paaralan ng Estado sa ilalim ng anumang aksyon ng Lehislatura, kasama ng interes na ibinigay para sa aksyong iyon, at upang bayaran ang Pondo para sa Pangkalahatang Obligasyong Bono alinsunod sa Seksyon 16724.5 ng Kodigo ng Pamahalaan.

101412. (a) Ang mga nalikom mula sa pagbebenta ng mga bono na inisyu at naibenta para sa mga layunin ng kabanatang ito ay dapat ilaan alinsunod sa sumusunod na iskedyul:

(1) (A) Ang halagang tatlong bilyon tatlong daang milyong dolyar (\$3,300,000,000) para sa bagong pagtatayo ng mga pasilidad ng paaralan ng mga aplikanteng distrito ng paaralan alinsunod sa Kabanata 12.5 (nagsisimula sa Seksyon 17070.10) ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1. Sa halagang inilaan sa ilalim ng talatang ito, hanggang 10 porsiyento ay dapat na makukuha ng maliliit na distrito ng paaralan alinsunod sa Artikulo 11.5 (nagsisimula sa Seksyon 17078.35) ng Kabanata 12.5 ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1.

(B) Sa halagang inilaan sa ilalim ng talatang ito, hanggang sa halagang kinakailangan para pondohan ang mga aplikasyon sa Listahan ng mga Aplikasyon na Natanggap Higit pa sa Awtoridad ng Bono ay dapat na magagamit upang suportahan ang mga aplikasyon para sa bagong pagtatayo ng mga pasilidad ng paaralan na isinumite alinsunod sa Leroy F. Greene Batas sa mga Pasilidad ng Paaralan ng 1998 sa o bago ang Oktubre 31, 2024.

(2) (A) Ang halagang apat na bilyong dolyar (\$4,000,000,000) para sa modernisasyon ng mga pasilidad ng paaralan alinsunod sa Kabanata 12.5 (nagsisimula sa Seksyon 17070.10) ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1. Sa halagang inilalaan sa ilalim ng talatang ito, hanggang 10 porsiyento ang makukuha ng maliliit na distrito ng paaralan alinsunod sa Artikulo 11.5 (nagsisimula sa Seksyon 17078.35) ng Kabanata 12.5 ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1.

(B) Sa halagang inilaan sa ilalim ng talatang ito, hanggang sa halagang kinakailangan upang pondohan ang mga aplikasyon sa Listahan ng mga Aplikasyon na Natanggap Higit pa sa Awtoridad ng Bono ay dapat na magagamit upang suportahan ang mga aplikasyon para sa modernisasyon ng mga pasilidad ng paaralan na isinumite alinsunod sa Leroy F. Greene Batas sa mga Pasilidad ng Paaralan ng 1998 sa o bago ang Oktubre 31, 2024.

(C) Sa halagang inilaan sa ilalim ng talatang ito, hanggang sa isang daan at labinlimang milyong dolyar (\$115,000,000) ay dapat na magagamit upang matugunan ang pagwawasto ng tingga sa tubig alinsunod sa Artikulo 10.7 (nagsisimula sa Seksyon 17077.60) ng Kabanata 12.5 ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1.

(3) Ang halagang anim na raang milyong dolyar (\$600,000,000) para sa pagbibigay ng mga pasilidad ng paaralan sa mga charter school alinsunod sa Artikulo 12 (nagsisimula sa Seksyon 17078.52) ng Kabanata 12.5 ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1.

(4) Ang halagang anim na raang milyong dolyar (\$600,000,000) para sa mga pasilidad para sa mga programa sa edukasyong teknikal sa karera alinsunod sa Artikulo 13

(nagsisimula sa Seksyon 17078.70) ng Kabanata 12.5 ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1.

(b) Ang mga distrito ng paaralan ay maaaring gumamit ng mga pondong inilaan alinsunod sa talata (2) ng subdibisyon (a) para lamang sa isa o higit pa sa mga sumusunod na layunin alinsunod sa Kabanata 12.5 (nagsisimula sa Seksyon 17070.10) ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1:

(1) Ang pagbili at instalasyon ng mga kagamitan sa air-conditioning at mga materyal sa insulasyon, at mga kaugnay na gastos.

(2) Mga proyekto sa pagtatayo o pagbili ng mga muwebles o kagamitan na idinisenyo upang mapataas ang seguridad ng paaralan o kaligtasan sa palaruan.

(3) Ang pagkilala, pagtasa, o pagbawas sa mga pasilidad ng paaralan ng mga mapanganib na asbestos.

(4) Pagpopondo ng proyekto para sa mga proyektong may mataas na prioridad na pagpapalit ng bubong.

(5) Anumang iba pang modernisasyon ng mga pasilidad alinsunod sa Kabanata 12.5 (nagsisimula sa Seksyon 17070.10) ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1.

(c) Ang mga pondong inilaan alinsunod sa talata (1) ng subdibisyon (a) ay maaari ding gamitin upang magkaloob ng mga bagong gawad sa konstruksiyon para sa mga karapat-dapat na aplikanteng lupon ng edukasyon ng county sa ilalim ng Kabanata 12.5 (nagsisimula sa Seksyon 17070.10) ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1 para sa pagpopondo sa mga silid-aralan para sa mga mag-aaral na may kapansanan, o para sa pagpopondo sa mga silid-aralan para sa mga mag-aaral sa paaralan ng komunidad ng county.

(d) Sa mga halagang inilaan sa ilalim ng mga talata (1) at (2) ng subdibisyon (a), ang Lupon ng Paglalaan ng Estado ay maaaring magbigay ng gawad na limang milyong dolyar (\$5,000,000) sa Kagawaran ng Edukasyon ng Estado alinsunod sa Seksyon 17078.46.

Artikulo 2. Mga Probisyon sa Pananalapi ng mga Pasilidad ng Paaralan mula Kindergarten Hanggang Ika-12 Baitang

101420. (a) Sa kabuuang halaga ng mga bono na awtorisadong ibigay at ibenta alinsunod sa Kabanata 1 (nagsisimula sa Seksyon 101400), mga bono sa halagang walong bilyon limang daang milyong dolyar (\$8,500,000,000), hindi kasama ang halaga ng anumang nagsasauling mga bono na inisyu alinsunod sa Seksyon 101430, ay maaaring ilabas at ibenta upang magkaloob ng pondo na gagamitin para sa pagsasakatuparan ng mga layuning ipinahayag sa kabanatang ito at upang bayaran ang Pondo para sa Pangkalahatang Obligasyong Bono alinsunod sa Seksyon 16724.5 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(b) Alinsunod sa seksyong ito, ibebenta ng Ingat-yaman ang mga bono na pinahintulutan ng Komite sa Pananalapi ng Gusali ng Paaralan ng Estado na itinatag alinsunod sa Seksyon 15909 sa anumang oras na kinakailangan upang serbisyuhan ang mga paggasta na kinakailangan ng mga pagbabahagi.

101421. Ang Komite sa Pananalapi ng Gusali ng Paaralan ng Estado, na itinatag ng Seksyon 15909 at binubuo ng Gobernador, ng Kontroler, ng Ingat-yaman, ng Direktor ng Pananalapi, at ng Superintendente, o ng kanilang mga itinalagang kinatawan, na lahat ay maglilingkod doon nang walang kabayaran, at karamihan ay dapat bumuo ng isang korum, ay ipagpapatuloy upang umakto bilang komite, gaya ng tinukoy sa Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado (Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), para sa layunin ng kabanatang ito. Ang Ingat-yaman ay

magsisilbing tagapangulo ng komite. Dalawang Miyembro ng Senado na itinalaga ng Komite sa mga Panuntunan ng Senado, at dalawang Miyembro ng Asembleya na itinalaga ng Ispiker ng Asembleya, ay dapat makipagpulong at magbigay ng payo sa komite hanggang sa lawak na ang pakikilahok sa pagpapayo ay hindi kasalungat ng kani-kanilang mga posisyon bilang mga Miyembro ng Lehislatura. Para sa mga layunin ng kabanatang ito, ang mga Miyembro ng Lehislatura ay bubuo ng isang pansamantalang komite sa pagsisiyasat sa paksa ng kabanatang ito at, bilang komite na iyon, ay magkakaroon ng mga kapangyarihang iginawad sa, at mga tungkuling ipinataw sa, mga komite ng Pinagsanib na mga Panuntunan ng Senado. at ng Asembleya. Ang Direktor ng Pananalapi ay dapat magbigay ng tulong sa komite ayon sa maaaring kailanganin nito. Ang Pangkalahatang Abugado ang tagapayong pambatas ng komite.

101422. (a) Ang mga bono na awtorisado ng kabanatang ito ay dapat ihanda, isakatuparan, iisyu, ibenta, bayaran, at tubusin gaya ng itinatadhana sa Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado (Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan). Ang mga probisyon ng batas na iyon, kabilang ang lahat ng batas na nag-aamoyenda nito at pandagdag dito, ay nailalapat sa mga awtorisadong bono at sa kabanatang ito, at sa pamamagitan nito ay isinasama sa kabanatang ito na parang nakalagay nang buo sa loob ng kabanatang ito, maliban sa ang mga subdibisyon (a) at (b). ng Seksyon 16727 ng Kodigo ng Pamahalaan ay hindi dapat ilapat sa mga bono na pinahintulutan ng kabanatang ito.

(b) Para sa mga layunin ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado, ang Lupon ng Paglalaan ng Estado ay itinalaga bilang “lupon” para sa mga layunin ng pangangasiwa ng 2024 Pondo sa mga Pasilidad ng Paaralan ng Estado.

101423. (a) Sa kahilingan ng Lupon ng Paglalaan ng Estado, ang Komite sa Pananalapi ng Gusali ng Paaralan ng Estado ay tutukuyin sa pamamagitan ng resolusyon kung kinakailangan man o hindi kanais-nais na mag-isyu ng mga bono na awtorisado alinsunod sa kabanatang ito upang mapondohan ang mga kaugnay na bahagi at, kung gayon, ang halaga ng mga bono na ilalabas at ibebenta. Ang mga sunud-sunod na isyu ng mga bono ay maaaring pahintulutan at ibenta upang pondohan ang mga paghahati-hati na iyon nang progresibo, at hindi kailangan na ang lahat ng bonong awtorisadong ilabas ay ibenta sa anumang isang pagkakataon.

(b) Ang kahilingan ng Lupon ng Paglalaan ng Estado alinsunod sa subdibisyon (a) ay dapat suportahan ng isang pahayag ng mga paghahati-hati na ginawa at gagawin para sa mga layuning inilarawan sa Seksyon 101412.

101424. Dapat kolektahin bawat taon, sa kaparehong paraan at kasabay ng pagkolekta ng ibang kita ng estado at bilang karagdagan sa mga ordinaryong kita ng estado, ang isang halaga sa halagang kinakailangan upang bayaran ang prinsipal ng, at interes sa, mga bono bawat taon. Tungkulin ng lahat ng opisyal na itinalaga ng batas sa anumang tungkulin hinggil sa pagkolekta ng kita na gawin at gampanan ang bawat aksyon na kailangan upang kolektahin ang karagdagang halagang iyon.

101425. Sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, sa pamamagitan nito ay inilalaan mula sa Pangkalahatang Pondo sa Tesorerya ng Estado, para sa mga layunin ng kabanatang ito, ang halagang katumbas ng kabuuan ng mga sumusunod:

(a) Ang halagang kailangan taun-taon upang bayaran ang prinsipal ng, at interes sa, mga bono na inisyu at ibinenta alinsunod sa kabanatang ito, habang ang prinsipal at interes ay dapat bayaran at mababayaran.

(b) Ang halagang kailangan upang maisakatuparan ang Seksyon 101428, na inilaan nang walang pagsasaalang-alang sa mga taon ng pananalapi.

101426. Ang Lupon ng Paglalaan ng Estado ay maaaring humiling sa Lupon ng Pamumuhunan sa Pinagsama-samang Pera na gumawa ng pautang mula sa Account sa Pamumuhunan sa Pinagsama-samang Pera o anumang iba pang naaprubahang paraan ng pansamantalang pagpopondo, alinsunod sa Seksyon 16312 ng Kodigo ng Pamahalaan, para sa layunin ng pagsasakatuparan ng kabanatang ito. Ang halaga ng kahilingan ay hindi dapat lumampas sa halaga ng mga hindi naibentang bono na pinahintulutan ng Komite sa Pananalapi para sa Pagtatayo ng Paaralan ng Estado, sa pamamagitan ng resolusyon, na ibenta para sa layunin ng pagsasakatuparan ng kabanatang ito na hindi kasama ang anumang pagbabalik na mga bono na pinahintulutan alinsunod sa Seksyon 101430, ibinawas ang anumang halagang ipinahiram at hindi pa nababayaran alinsunod sa seksyong ito at kinuha mula sa Pangkalahatang Pondo alinsunod sa Seksyon 101428 at hindi pa naibabalik. Ang Lupon ng Paglalaan ng Estado ay dapat magsagawa ng anumang mga dokumento na kinakailangan ng Lupon sa Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera upang makuha at mabayaran ang utang. Anumang halagang ipinahiram ay dapat ideposito sa 2024 Pondo sa mga Pasilidad ng Paaralan ng Estado na ilalaan ng Lupon ng Paglalaan ng Estado alinsunod sa kabanatang ito.

101427. Sa kabila ng anumang iba pang probisyon ng kabanatang ito, o ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado, kung ang Ingat-yaman ay nagbebenta ng mga bono alinsunod sa kabanatang ito na may kasamang opinyon ng tagapayo ng bono na may epekto na ang interes sa mga bono ay hindi kasama sa kabuuang kita para sa mga layunin ng pederal na buwis sa ilalim ng mga itinalagang kondisyon o kung hindi man ay may karapatan sa anumang pederal na kalamangan sa buwis, ang Ingat-yaman ay maaaring magpanatili ng hiwalay na mga account para sa pamumuhunan ng mga nalikom sa bono at para sa mga kita sa pamumuhunan sa mga nalikom na iyon. Maaaring gamitin o idirekta ng Ingat-yaman ang paggamit ng mga nalikom o kita na iyon upang magbayad ng anumang rebate, multa, o iba pang pagbabayad na kinakailangan sa ilalim ng pederal na batas o gumawa ng anumang iba pang aksyon na may kinalaman sa pamumuhunan at paggamit ng mga nalikom sa bono na kinakailangan o kanais-nais sa ilalim ng pederal na batas upang panatilihin ang hindi saklaw ng buwis na katayuan ng mga bono na iyon at upang makakuha ng anumang iba pang advantage sa ilalim ng pederal na batas sa ngalan ng mga pondo ng estadong ito.

101428. Para sa mga layunin ng pagsasakatuparan ng kabanatang ito, maaaring pahintulutan ng Direktor ng Pananalapi ang pagkuha mula sa Pangkalahatang Pondo ng isang halagang hindi lalampas sa halaga ng mga hindi nabentang bono, hindi kasama ang anumang nagsasauling mga bono na pinahintulutan alinsunod sa Seksyon 101430, ibinawas ang anumang halagang ipinahiram at hindi pa binayaran alinsunod sa Seksyon 101426 at kinuha mula sa Pangkalahatang Pondo alinsunod sa seksyong ito at hindi pa naibabalik, na pinahintulutan ng Komite sa Pananalapi ng Gusali ng Paaralan ng Estado na ibenta para sa layunin ng pagsasakatuparan ng kabanatang ito. Anumang halagang kinuha ay dapat ideposito sa 2024 Pondo sa mga Pasilidad ng Paaralan ng Estado at ilalaan ng Lupon ng Paglalaan ng Estado alinsunod sa kabanatang ito. Anumang pera na magagamit sa ilalim ng seksyong ito ay dapat ibalik sa Pangkalahatang Pondo, kasama ang halagang katumbas ng interes na kikitain sana ng pera sa Account ng Pamumuhunan sa Pinagsama-samang Pera, mula sa mga natanggap mula sa pagbebenta

ng mga bono para sa layunin ng pagsasakatuparan ng kabanatang ito.

101429. Ang lahat ng perang idineposito sa 2024 Pondo sa mga Pasilidad ng Paaralan ng Estado na nagmula sa premium at naipon na interes sa mga bono na ibinebenta alinsunod sa kabanatang ito ay dapat na ireserba sa pondo at dapat ihanda para mailipat sa Pangkalahatang Pondo bilang isang kredito sa mga paggasta para sa interes ng bono, maliban sa ang mga halagang nakuha mula sa premium ay maaaring ireserba at gamitin upang bayaran ang halaga ng pagpapalabas ng bono bago ang anumang paglipat sa Pangkalahatang Pondo.

101430. Ang mga bono na inisyu at ibinenta alinsunod sa kabanatang ito ay maaaring ibalik alinsunod sa Artikulo 6 (nagsisimula sa Seksyon 16780) ng Kabanata 4 ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, na bahagi ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado. Ang pag-apruba ng mga botante ng estado para sa pagpapalabas ng mga bono na inilarawan sa kabanatang ito ay kinabibilangan ng pag-apruba sa pagpapalabas ng anumang mga bono na inisyu upang pagsaulian ang anumang mga bono na orihinal na inisyu sa ilalim ng kabanatang ito o anumang naunang inisyu na nagsasauling mga bono. Anumang bono na naisauli sa pamamagitan ng mga nalikom ng nagsasauling mga bono na pinahintulutan ng seksyong ito ay maaaring legal na bayaran nang walang multa hanggang sa ipinahihintulot ng batas sa paraan at sa lawak na nakalagay sa resolusyon, gaya ng sinusugan pana-panahon, na nagpapahintulot sa naisauling bono.

101431. Ang mga nalikom mula sa pagbebenta ng mga bono na ipinahintulot ng kabanatang ito ay hindi "mga nalikom sa mga buwis" gaya ng pagkakagamit ng terminong iyon sa Artikulo XIII B ng Konstitusyon ng California, at ang pagbabayad ng mga nalikom na ito ay hindi napapailalim sa mga limitasyon na ipinataw ng artikulong iyon.

KABANATA 3. MGA PASILIDAD NG KOLEHIYO NG KOMUNIDAD NG CALIFORNIA

Artikulo 1. Mga Pangkalahatang Probisyon

101440. (a) Ang 2024 na Pondo sa Kapital ng Paglalaan ng Kolehiyo ng Komunidad ng California sa pamamagitan nito ay itinatag sa Tesorerya ng Estado para sa pagdeposito ng mga pondo mula sa mga nalikom ng mga bono, na hindi kasama ang mga nalikom ng anumang nagsasauling mga bono na inisyu alinsunod sa Seksyon 101451, na inisyu at ibinenta para sa mga layunin ng kabanatang ito.

(b) Ang Komite sa Pananalapi ng mga Pasilidad ng Mas Mataas na Edukasyon na itinatag alinsunod sa Seksyon 67353 ay patuloy na umiiral upang umakto bilang komite, gaya ng tinukoy sa Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado (Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), para sa mga layunin ng kabanatang ito at upang magkaloob ng mga pondo upang tulungan ang mga Kolehiyo ng Komunidad ng California.

Artikulo 2. Mga Probisyon ng Programa ng Kolehiyo ng Komunidad ng California

101441. (a) Mula sa mga nalikom ng mga bono na inisyu at ibinenta alinsunod sa Artikulo 3 (nagsisimula sa Seksyon 101442), ang kabuuan na isang bilyon limang daang milyong dolyar (\$1,500,000,000) ay dapat ideposito sa 2024 na Pondo sa Kapital ng Paglalaan ng Bono ng Kolehiyo ng Komunidad ng California para sa mga layunin ng kabanatang ito. Kapag inilaan, ang mga pondong ito ay magagamit para sa paggasta para sa mga layunin ng kabanatang ito.

(b) Kasama sa mga layunin ng kabanatang ito ang pagtulong sa pagtugon sa mga pangangailangan sa pagpopondo ng

kapital na paglalaan ng mga Kolehiyo ng Komunidad ng California.

(c) Ang mga nalikom mula sa pagbebenta ng mga bono na inisyu at ibinenta para sa mga layunin ng kabanatang ito ay maaaring gamitin upang pondohan ang pagtatayo sa mga kasalukuyang kampus, kabilang ang pagtatayo ng mga gusali at ang pagkuha ng mga kaugnay na kagamitan; pagtatayo ng mga intersegmental na pasilidad; ang pagsasaayos at muling pagtatayo ng mga pasilidad; pagkuha ng lugar; ang pagkuha ng kagamitan na bago, napaayos muli, o muling itinayo na mga pasilidad, kung saan ang kagamitan ay dapat magkaroon ng isang average na kapaki-pakinabang na buhay na 10 taon; at upang magkaloob ng mga pondo para sa pagbabayad ng mga gastos bago ang pagtatayo, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga preliminaryong plano at gumaganang mga guhit para sa mga pasilidad ng Kolehiyo ng Komunidad ng California.

(d) Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang ibig sabihin ng "intersegmental" ay maaaring gamitin ng higit sa isang bahagi ng pampublikong mas mataas na edukasyon.

Artikulo 3. Mga Probisyon sa Pananalapi ng Kolehiyo ng Komunidad ng California

101442. (a) Sa kabuuang halaga ng mga bono na awtorisadong ibigay at ibenta alinsunod sa Kabanata 1 (nagsisimula sa Seksyon 101400), ang mga bono sa kabuuang halaga na isang bilyon limang daang milyong dolyar (\$1,500,000,000), na hindi kasama ang halaga ng anumang nagsasauling mga bono na inisyu alinsunod sa Seksyon 101451, ay maaaring ilabas at ibenta upang magkaloob ng pondong gagamitin para sa pagsasakatuparan ng mga layuning ipinahayag sa kabanatang ito at upang bayaran ang Pondo para sa Pangkalahatang Obligasyong Bono alinsunod sa Seksyon 16724.5 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(b) Alinsunod sa seksyong ito, dapat ibenta ng Ingat-yaman ang mga bonong awtorisado ng Komite sa Pananalapi ng mga Pasilidad ng Mas Mataas na Edukasyon na itinatag alinsunod sa Seksyon 67353 at anumang magkakaibang panahon na kailangan upang serbisyuhan ang mga paggastang kinakailangan ng paghahati-hati.

101443. (a) Ang mga bono na awtorisado ng kabanatang ito ay dapat ihanda, isakatuparan, ilabas, ibenta, bayaran, at tubusin gaya ng itinatadhana sa Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado (Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan). Ang mga probisyon ng batas na iyon, kabilang ang lahat ng batas na nag-aamyenda nito at pandagdag dito, ay nailalapat sa mga awtorisadong bono at sa kabanatang ito, at sa pamamagitan nito ay isinasama sa kabanatang ito na parang nakalagay nang buo sa loob ng kabanatang ito, maliban sa ang mga subdibisyon (a) at (b).) ng Seksyon 16727 ng Kodigo ng Pamahalaan ay hindi dapat ilapat sa mga bono na ipinahintulot ng kabanatang ito.

(b) Para sa mga layunin ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado, ang bawat ahensiya ng estado na nangangasiwa ng paglalaan ng 2024 Kapital na Pondo ng Bono para sa Kolehiyo ng Komunidad ay itinalaga bilang "lupon" para sa mga proyektong pinondohan alinsunod sa kabanatang ito.

(c) Ang mga nalikom ng mga bono na inisyu at ibinenta alinsunod sa kabanatang ito ay dapat na makukuha para sa layunin ng pagpopondo ng tulong sa mga Kolehiyo ng Komunidad ng California para sa pagtatayo sa mga kasalukuyan o bagong mga kampus, at sa kani-kanilang mga sentro sa labas ng kampus at magkasanib na paggamit at mga intersegmental na pasilidad, gaya ng nakalagay sa kabanatang ito.

101444. Ang Komite sa Pananalapi ng mga Pasilidad ng Mas Mataas na Edukasyon na itinatag alinsunod sa Seksyon 67353 ay dapat magpahintulot ng pag-iisyu ng mga bono sa ilalim ng kabanatang ito hanggang sa kailangan lamang upang pondohan ang mga kaugnay na bahagi para sa mga layuning inilarawan sa kabanatang ito na hayagang pinahintulutan ng Lehislatura sa taunang Batas sa Badyet. Alinsunod sa pambatasan na direksyon na iyon, ang komite ay dapat magpasiya sa pamamagitan ng resolusyon kung kailangan o hindi kanais-nais na mag-isyu ng mga bono na awtorisado alinsunod sa kabanatang ito upang maisakatuparan ang mga layuning inilalarawan sa kabanatang ito at, kung gayon, ang halaga ng mga bono na dapat ilabas at ibenta. Ang mga sunud-sunod na isyu ng mga bono ay maaaring pahintulutan at ibenta upang isagawa ang mga aksyon na iyon nang progresibo, at hindi kailangan na ang lahat ng mga bono na awtorisadong ilabas ay ibenta sa isang pagkakataon.

101445. Dapat kolektahin bawat taon at sa kaparehong paraan at kasabay ng pagkolekta ng ibang kita ng estado, bilang karagdagan sa mga ordinaryong kita ng estado, isang halaga sa halagang kinakailangan upang bayaran ang prinsipal ng, at interes sa, ang mga bono bawat taon. Tungkulin ng lahat ng opisyal na inatasan ng batas ng anumang tungkulin hinggil sa pagkolekta ng kita na gawin at gampanan ang bawat aksyon na kailangan upang makolekta ng karagdagang halagang iyon

101446. Sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, sa pamamagitan nito ay inilalaan mula sa Pangkalahatang Pondo sa Tesorerya ng Estado, para sa mga layunin ng kabanatang ito, ang halagang katumbas ng kabuuan ng mga sumusunod:

(a) Ang halaga taun-taon na kinakailangan upang bayaran ang prinsipal ng, at interes sa, mga bono na inisyu at ibinenta alinsunod sa kabanatang ito, habang ang prinsipal at interes ay dapat bayaran at babayaran.

(b) Ang halagang kailangan upang maisakatuparan ang Seksyon 101449, na inilaan nang walang pagsasaalang-alang sa mga taon ng pananalapi.

101447. Ang lupon, gaya ng tinukoy sa subdibisyon (b) ng Seksyon 101443, ay maaaring humiling sa Lupon ng Pamumuhuhan sa Pinagsama-samang Pera na gumawa ng pautang mula sa Account ng Pamumuhuhan sa Pinagsama-samang Pera o anumang iba pang naaprubahang paraan ng pansamantalang pagpopondo, alinsunod sa Seksyon 16312 ng Kodigo ng Pamahalaan, para sa layunin ng pagsasakatuparan ng kabanatang ito. Ang halaga ng kahilingan ay hindi dapat lumampas sa halaga ng hindi nabentang mga bono na pinahintulutan ng Komite sa Pananalapi ng mga Pasilidad ng Mas Mataas na Edukasyon, sa pamamagitan ng resolusyon, na ibenta para sa layunin ng pagsasakatuparan ng kabanatang ito na hindi kasama ang anumang nagsasauling mga bono na pinahintulutan alinsunod sa Seksyon 101451, ibinawas ang anumang halagang ipinahiram at hindi pa nababayaran alinsunod sa seksyong ito at nakuha mula sa Pangkalahatang Pondo alinsunod sa Seksyon 101249 at hindi pa naibabalik. Ang lupon, gaya ng tinukoy sa subdibisyon (b) ng Seksyon 101443, ay dapat magsagawa ng anumang mga dokumento na kinakailangan ng Lupon ng Pamumuhuhan sa Pinagsama-samang Pera upang makuha at mabayaran ang utang. Ang anumang halagang ipinahiram ay dapat ideposito sa 2024 na Pondo sa Kapital na Paglalaan ng Kolehiyo ng Komunidad ng California upang ilalaan ng lupon alinsunod sa kabanatang ito.

101448. Sa kabila ng anumang iba pang probisyon ng kabanatang ito, o ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado, kung ang Ingat-yaman ay nagbebenta ng mga bono alinsunod sa kabanatang ito na may kasamang opinyon ng tagapayo ng bono na may epekto na ang interes

sa mga bono ay hindi kasama sa kabuuang kita para sa mga layunin ng pederal na buwis sa ilalim ng mga itinalagang kondisyon o kung hindi man ay may karapatan sa anumang pederal na kalamangan sa buwis, ang Ingat-yaman ay maaaring magpanatili ng hiwalay na mga account para sa pamumuhunan ng mga nalikom sa bono at para sa mga kita sa pamumuhunan sa mga nalikom na iyon. Maaaring gamitin o idirekta ng Ingat-yaman ang paggamit ng mga nalikom o kita na iyon upang magbayad ng anumang pagsasauli, multa, o iba pang pagbabayad na kinakailangan sa ilalim ng pederal na batas o gumawa ng anumang iba pang aksyon na may kinalaman sa pamumuhunan at paggamit ng mga nalikom sa bono na kinakailangan o kanais-nais sa ilalim ng pederal na batas upang panatilihin ang hindi saklaw ng buwis na katayuan ng mga bono na iyon at upang makakuha ng anumang iba pang kalamangan sa ilalim ng pederal na batas sa ngalan ng mga pondo ng estadong ito.

101449. (a) Para sa mga layunin ng pagsasakatuparan ng kabanatang ito, maaaring pahintulutan ng Direktor ng Pananalapi ang pagkuha mula sa Pangkalahatang Pondo ng isang halagang hindi lalampas sa halaga ng mga hindi nabentang bono, hindi kasama ang anumang nagsasauling mga bono na pinahintulutan alinsunod sa Seksyon 101451, ibinawas ang anumang halagang ipinahiram at hindi pa binayaran alinsunod sa Seksyon 101447 at kinuha sa Pangkalahatang Pondo alinsunod sa seksyong ito at hindi pa naibabalik, na pinahintulutan ng Komite sa Pananalapi ng Mga Pasilidad ng Mas Mataas na Edukasyon na ibenta para sa layunin ng pagsasakatuparan ng kabanatang ito. Ang anumang halagang nakuha ay dapat ideposito sa 2024 na Pondo ng Bono sa Kapital na Paglalaan ng Kolehiyo ng Komunidad ng California na naaayon sa kabanatang ito. Anumang pera na magagamit sa ilalim ng seksyong ito ay dapat ibalik sa Pangkalahatang Pondo, kasama ang halagang katumbas ng interes na kikitain sana ng pera sa Account ng Pamumuhuhan sa Pinagsama-samang Pera, mula sa mga natanggap mula sa pagbebenta ng mga bono para sa layunin ng pagsasakatuparan ng kabanatang ito.

(b) Anumang kahilingang ipapasa sa Lehislatura at sa Kagawaran ng Pananalapi para sa mga pondo mula sa isyu ng bono na ito para sa paggasta para sa mga layuning inilarawan sa kabanatang ito ng mga Kolehiyo ng Komunidad ng California ay dapat na samahan ng isang limang-taong plano sa kapital na paglalaan na sumasalamin sa mga pangangailangan at prioridad ng sistema ng kolehiyo ng komunidad at binibigyang-prioridad sa batay sa buong estado. Ang mga kahilingan ay dapat magsama ng isang iskedyul na nagbibigay-prioridad sa seismic retrofitting na kailangan upang makabuluhang bawasan sa paghuhusga ng partikular na kolehiyo, ang mga seismic hazard sa mga gusaling tinukoy bilang mataas na prioridad ng kolehiyo.

101450. Lahat ng pera na idineposito sa 2024 na Pondo sa Kapital ng Paglalaan ng Kolehiyo ng Komunidad ng California na nagmula sa premium at naipon na interes sa mga bono na ibinebenta alinsunod sa kabanatang ito ay dapat na ireserba sa pondo at dapat na maililipat sa Pangkalahatang Pondo bilang isang kredito sa mga paggasta para sa interes ng bono, maliban sa ang mga halagang nakuha mula sa premium ay maaaring ireserba at gamitin upang bayaran ang halaga ng pagpapalabas ng bono bago ang anumang paglipat sa Pangkalahatang Pondo.

101451. Ang mga bonong inisyu at ibinenta alinsunod sa kabanatang ito ay maaaring isauli alinsunod sa Artikulo 6 (nagsisimula sa Seksyon 16780) ng Kabanata 4 ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, na bahagi ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado. Ang pag-apruba ng mga botante ng estado para sa pag-isyu ng

mga bonong inilarawan ng kabanatang ito ay kinabibilangan ng pag-apruba ng pag-isyu ng anumang mga bono na inilabas upang isauli ang mga bonong orihinal na inilabas sa ilalim ng kabanatang ito o anumang naunang inilabas na nagsasauling mga bono. Anumang bono na naisauli kasama ang mga nalikom ng nagsasauling mga bono na pinahintulutan ng seksyong ito ay maaaring legal na bayaran nang walang multa hanggang sa pinahihintulutan ng batas sa paraan at hanggang sa nakalagay sa resolusyon, gaya ng sinusugan pana-panahon, na nagpapahintulot sa nagsasauling bono.

101452. Ang mga nalikom mula sa pagbebenta ng mga bono na pinahintulutan ng kabanatang ito ay hindi "mga nalikom sa mga buwis" gaya ng pagkakagamit ng termino sa Artikulo XIII B ng Konstitusyon ng California, at ang pagbabayad ng mga nalikom na ito ay hindi napapailalim sa mga limitasyon na ipinataw ng artikulong iyon.

KABANATA 4. MGA PROBISYON SA KALINAWAN AT PANANAGUTAN

101460. (a) (1) Ang namamahalang lupon ng isang distrito ng paaralan, ang namamahalang lupon ng isang distrito ng kolehiyo ng komunidad, isang superintendente ng mga paaralan ng county, o ang namamahalang lupon ng isang charter na paaralan ay dapat tumiyak na ang isang independiyenteng pagsusuri ng pagganap ng anumang proyekto na pinondohan nang buo o bahagi mula sa mga nalikom ng mga bono na pinahintulutan ng bahaging ito ay isinasagawa upang matiyak na ang paggamit ng mga naaangkop na pondo ay nasuri para sa paggasta na naaayon sa mga kinakailangan ng lahat ng naaangkop na batas.

(2) Ang pagsusuri ng pagganap na isinagawa para sa anumang proyektong pinondohan nang buo o bahagi mula sa mga nalikom ng mga bono na pinahintulutan ng bahaging ito at iniaatas ng anumang ibang batas, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, isang pagsusuri na isinasagawa alinsunod sa Seksyon 41024, ay dapat ituring na nakakatugon sa iniaatas ng talata (1).

(3) Ang resulta ng anumang pagsusuri na iniaatas ng subdibisyong ito ay ipapaskil sa internet website ng naaangkop na distrito ng paaralan, distrito ng kolehiyo ng komunidad, opisina ng edukasyon ng county, o charter na paaralan.

(b) (1) (A) Bago aprubahan ang isang proyekto o mga proyektong naghahangad ng mga pondo mula sa bahaging ito, ang namamahalang lupon ng isang distrito ng paaralan, isang lupon ng edukasyon ng county, o ang namamahalang lupon ng isang charter na paaralan ay dapat magdaos ng hindi bababa sa isang pampublikong pagdinig upang humingi ng mungkahi mula sa mga miyembro ng publiko tungkol sa proyekto o mga proyektong iminumungkahi para isumite.

(B) Bago aprubahan ang isang kahilingan para sa pagsasaalang-alang ng isang proyekto o mga proyekto ng Lehislatura na popondohan ng mga nalikom ng mga bono na pinahintulutan ng bahaging ito, ang namamahalang lupon ng isang distrito ng kolehiyo ng komunidad ay dapat magsagawa ng hindi bababa sa isang pampublikong pagdinig upang humingi ng mungkahi mula sa mga miyembro ng publiko hinggil sa proyekto o mga proyektong hinihiling para sa pagsasaalang-alang.

(2) Ang pampublikong pagdinig na kinakailangan alinsunod sa talata (1) ay maaaring mangyari sa kaparehong pampublikong pagdinig kung saan inaprubahan ng naaangkop na namamahalang lupon o ahensiya ang proyekto o mga proyektong naghahangad ng pondo mula sa bahaging ito. Ang pampublikong pagdinig ay maaaring isagawa bilang bahagi ng isang regular na nakatakda at ipinaunawa sa publiko na pagdinig ng naaangkop na namamahalang lupon o ahensiya.

(3) (A) Ang distrito ng paaralan, opisina ng edukasyon ng county, charter na paaralan, o distrito ng kolehiyo ng komunidad ay dapat magbigay ng impormasyon tungkol sa isang proyekto o mga proyektong naghahangad, o humihiling, ng mga pondo mula sa bahaging ito na naaprubahan ng naaangkop na namamahalang lupon o ahensiya sa pampublikong internet website nito.

(B) Ang impormasyon ng proyekto na makikita sa internet website alinsunod sa subparagraph (A) ay dapat kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, lokasyon ng proyekto o mga proyekto, tinantiyang mga gastos sa proyekto, at ang tinantiyang timeline para sa pagkumpleto ng proyekto o mga proyekto.

(4) (A) Ang distrito ng paaralan, opisina ng edukasyon ng county, charter na paaralan, o distrito ng kolehiyo ng komunidad ay dapat magpanatili ng lahat ng account sa pananalapi, mga dokumento, at mga rekord na kailangan para sa pagsusuring kinakailangan alinsunod sa subdibisyon (a).

(B) Para sa mga layunin ng talatang ito, ang isang distrito ng paaralan, opisina ng edukasyon ng county, charter na paaralan, o distrito ng kolehiyo ng komunidad ay maaaring magpanatili ng mga rekord nang elektronikal bilang pagsunod sa anumang naaangkop na mga pang-estado at pederal na batas.

PROPOSISYON 3

Ang pag-amyenda na ito na iminumukahi ng Asembleya ng Pag-amyenda sa Konstitusyon 5 ng 2023–2024 Regular na Sesyon (Kabanata ng Resolusyon 125, mga Batas ng 2023) ay malinaw na nag-amyenda sa Konstitusyon ng California sa pamamagitan ng pagpapawalang-bisa at pagdaragdag ng isang seksyon nito; samakatuwid, ang mga kasalukuyang probisyon na iminumungkahing tanggalin ay nakalimbag sa tipong—strikeout at ang mga bagong probisyon na iminumungkahing idagdag ay nakalimbag sa tipong italic upang ipahiwatig na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING PAG-AMYENDA SA ARTIKULO I

Una—Ang Seksyon 7.5 ng Artikulo I ay pinawawalang-bisa.

SEK. 7.5. ~~Tanging ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae ang may bisa o kinikilala sa California.~~

Second—Ang Seksyon 7.5 na iyon ay idinagdag sa Artikulo I nito, upang mabasang:

SEK. 7.5. (a) Ang karapatang magpakasal ay isang pundamental na karapatan.

(b) Ang seksyong ito ay pagsulong ng pareho sa mga sumusunod:

(1) Ang hindi maiaalis na mga karapatang tamasahin ang buhay at kalayaan at pagsikapan at makuha ang kaligtasan, kaligayahan, at pagkapribado na iginagarantiya ng Seksyon 1.

(2) Ang mga karapatan sa angkop na proseso at pantay na proteksyon ay iginagarantiya ng Seksyon 7.

PROPOSISYON 4

Ang batas na ito na iminumungkahi ng Panukalang Batas 867 ng Sesyon ng Senado 2023–2024 (Kabanata 83, Mga Batas ng 2024) ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga probisyon ng Artikulo XVI ng Konstitusyon ng California.

Ang iminumungkahing batas na ito ay nagdaragdag ng mga seksyon sa Kodigo ng Pampublikong Mapagkukunan; samakatuwid, ang mga bagong probisyon na iminumungkahing

idagdag ay nakalimbag sa *tipong italika* upang ipahiwatig na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSYON 1. Napag-alaman at ipinahahayag ng mga tao ng California ang lahat ng sumusunod:

(a) Ang bawat tao ay may karapatan sa ligtas, malinis, at abot-kayang inuming tubig. Ang California ang unang estado sa bansa na legal na nagdeklara ng karapatang ito.

(b) Mahigit sa 60 porsiyento ng mga ilog at batis ng California ang hindi nakakatugon sa mga pederal na pamantayan ng malinis na tubig, at higit sa 1,000,000 mga taga-California ay wala pa ring mabilis na access sa ligtas, abot-kaya, at malinis na inuming tubig. Ang California ay dapat gumawa ng mga kailangang pamumuhunan upang maiwasan ang nakakalason na polusyon sa ating tubig at matiyak na ang bawat tao sa estado ay may malinis na tubig na maiinom.

(c) Sa nakalipas na mga taon, naranasan ng California ang pinakanakamamatay at pinakamapangwasak na wildfire na naitala. Labinlima sa 20 pinakamapanirang wildfire sa kasaysayan ng estado ang nangyari sa nakalipas na dekada lamang, kabilang ang pinakanakamamatay, ang 2018 Camp Fire. Ang mga wildfire na ito ay kumitil ng higit sa 100 buhay, sampu-sampung libong mga tahanan at istruktura ang nawala, at higit sa 2,000,000 ektarya ang nasunog.

(d) Ang pagbabago ng klima ng California ay lumilikha ng mas mataas na panganib ng mga sakuna na wildfire, tagtuyot, matinding init, at pagtaas ng lebel ng dagat, gayundin ang mga epekto sa agrikultura, supply ng tubig at kalidad ng tubig, at kalusugan ng mga kagubatan, watershed, at wildlife.

(e) Ang mga panganib at epektong ito ay nag-iiba-iba ayon sa rehiyon at maaaring madaig ang mga mapagkukunan ng mga lokal na pamahalaan na dapat makayanan ang mga malubhang kaganapang kaugnay ng pagbabago ng klima.

(f) Ang pagbabawas ng kahinaan sa sunog, baha, tagtuyot, at iba pang mga kaganapang kaugnay ng pagbabago ng klima ay nangangailangan ng pamumuhunan sa buong estado upang mapataas ang katatagan ng mga komunidad sa klima at mga natural na sistema.

(g) Ang pagpapalano, pamumuhunan, aksyon upang matugunan ang kasalukuyan at hinaharap na mga epekto sa pagbabago ng klima ay dapat na ginagabayan ng pinakamahusay na magagamit na agham, kabilang ang lokal at tradisyunal na kaalaman.

(h) Naglabas si Gobernador Gavin Newsom ng ilang ulat at executive order na lumikha ng mapa patungo sa katatagan sa klima sa California na tutulong sa paggabay at direktang pamumuhunan.

(i) Ang Estratehiya ng Suplay ng Tubig ng California na Umaangkop sa Mas Mainit at Mas Tuyong Hinaharap ay nagbabalangkas ng mga pagkilos na kailangan upang mai-recycle at muling magamit ang hindi bababa sa 800,000 acre-feet ng tubig bawat taon pagsapit ng 2030, ihanda ang hanggang 500,000 acre-feet ng tubig sa pamamagitan ng mas mahusay na paggamit at konserbasyon ng tubig, at ihanda ang bagong tubig sa pamamagitan ng pagkuha ng tubig-bagyo at pag-desalinate ng maalat na tubig sa mga basin ng tubig sa lupa.

(j) Ang Portfolio ng Kakayahan sa Tubig ay nagsisilbing blueprint para sa pagbibigay ng kagamitan sa California upang makayanan ang mas matinding tagtuyot at baha at pagtaas ng temperatura, habang tinutugunan ang mga matagal nang hamon na kinabibilangan ng pagbaba ng populasyon ng

isda, labis na pag-asa sa tubig sa lupa at kawalan ng ligtas na inuming tubig sa maraming komunidad.

(k) Ang Plano ng Aksyon para sa Katatagan ng Kagubatan mula sa Pagkasunog ng California ay nagbabalangkas ng isang estratehiya upang palakihin ang bilis at sukat ng mga proyektong pangkalusugan sa kagubatan, palakasin ang proteksyon ng mga komunidad, at pamahalaan ang mga kagubatan, upang makamit ang mga layunin sa ekonomiya at kapaligiran ng estadoat humimok ng pagbabago at sukatin ang pag-unlad.

(l) Ang Plano ng Aksyon para sa Matinding Init ay nagbabalangkas ng isang estratehiya upang protektahan ang mga komunidad mula sa tumataas na temperatura upang mapabilis ang kahandaan at proteksyon ng mga komunidad na pinakaapektado ng matinding init, kabilang ang sa pamamagitan ng pagpapalamig ng mga paaralan at bahay, pagsuporta sa mga sentro ng katatagan ng komunidad, at pagpapalawak ng mga solusyong nakabatay sa kalikasan.

(m) Ang estratehiya ng California para sa pagkamit ng una-sa-bansa na 30x30 na hangarin sa konserbasyon ay inilarawan sa ulat na Pathways to 30x30: Pabilisin ang Pagpapanatili ng Kalikasan ng California, na nagbabalangkas ng isang bisyon na pangalagaan ang karagdagang 6,000,000 ektarya ng mga lupain at 500,000 ektaryang tubig sa baybayin na kailangan upang maabot ang 30-porsiyento na mga layunin sa konserbasyon bago lumampas ang 2030.

(n) Ang Kautusang Pangkalahatan Blg. N-82-20 ay nagbabalangkas ng isang estratehiya upang palawakin ang mga solusyong nakabatay sa kalikasan sa buong California. Ang executive order ay nananawagan para sa pagpapanumbalik ng kalikasan at kalusugan ng mga tanawin upang maisakatuparan ang ating mga layunin sa pagbabago ng klima at iba pang kritikal na prioridad, kabilang ang pagpapabuti ng kalusugan at kaligtasan ng publiko, pagtiyak ng ating mga suplay ng pagkain at tubig, at pagkamit ng higit na pagkakapantay-pantay sa buong California.

(o) Ang Stratehiya para sa Salmon ng California sa Mas Mainit at Mas Matuyong Hinaharap ay nagbabalangkas ng isang landas tungo sa isang mas malusog, umuunlad na populasyon ng salmon sa California, mga aksyon na ginagawa ng mga ahensiya ng estado upang patatagin at mabawi ang mga populasyon ng salmon, at mga karagdagang o pinaigting na pagkilos na kailangan sa mga darating na taon.

(p) Nilagdaan ni Gobernador Gavin Newsom ang Panukalang Batas ng Senado ng 2021–22 na Regular na Sesyon (Kabanata 236 ng Mga Batas ng 2021) na nag-utos sa Komisyon sa Baybayin ng California na isaalang-alang ang pagtaas ng lebel ng dagat sa pagpapalano, mga patakaran, at aktibidad nito, at nagtatag ng isang cross-government na grupo na may tungkuling turuan ang publiko at payuhan ang lokal, panrehiyon, at pang-estadong pamahalaan sa mga magagawang pagsisikap tungkol sa pagtaas ng lebel ng dagat.

(q) Ang Makabagong Estratehiya sa Klima para sa Likas at Produktibong Lupain ng California ay nagpapakita na ang mga napapanatiling gawain sa agrikultura ay may mahalagang implikasyon para sa pagkapantay-pantay at pampublikong kalusugan, at maaaring magsulong ng katatagan ng ekonomiya, protektahan ang mga komunidad mula sa matinding init, mapabuti ang kalidad ng hangin at tubig, at magbigay ng mga lokal na mapagkukunan ng pagkain. Ang mga resultang ito ay pinakikinabangan ng lahat ng taga-California, at partikular na mahalaga para sa mga rural, mahihinang komunidad.

(r) Ang 2022 Plano para sa Pagtamo ng Neutralidad sa Carbon ay nakatuon sa kahalagahan ng pamumuhunan sa mga estratehiya para sa pagbabawas ng pagkadehende ng

California sa petrolyo, kabilang ang paglipat sa mga opsyon sa malinis na enerhiya na tumutugon sa pagbabago ng klima, pagpapabuti ng kalidad ng hangin, at sumusuporta sa paglago ng ekonomiya at mga trabaho sa malinis na sektor.

(s) Kung walang interbensyon, ang halaga ng pagbabago ng klima sa California ay tinatayang aabot sa \$113,000,000,000 taun-taon bago lumampas ang 2050, ayon sa Ikaapat na Pagtatasa sa Pagbabago ng Klima ng California ng Ahensya ng Likas na Yaman.

(t) Tinantia ng Pederal na Ahensya para sa Pamamahala ng Emerhensiya na ang bawat dolyar na ginastos sa resiliency ay nakakatipid ng \$6 sa disaster relief. Ang isang \$10,000,000,000 na pamumuhunan ay maaaring makatulong na maiwasan ang \$60,000,000,000 sa tulong sa sakuna.

(u) Ang pagbibigay ng mapagkukunan ng pagpopondo para sa komprehensibong pamumuhunan sa katatagan sa klima sa lahat ng rehiyon ng estado ay epektibo sa gastos at sa interes ng publiko. Ang mga pamumuhunan na ito ay magreresulta sa mga pampublikong benepisyo na tutugon sa mga pinakamahalagang pangangailangan at priyoridad sa buong estado para sa pampublikong pagpopondo.

(v) Ang Batas para sa Ligtas na Inuming Tubig, Pag-iwas sa Sunog sa Kagubatan, Paghahanda sa Tagtuyot, at Malinis na Hangin ng 2024 ay nagbibigay ng komprehensibo at responsableng paraan sa pananalapi para sa pagtugon sa iba't ibang hamon na kinakaharap ng California sa kasalukuyan at hinaharap na mga epekto ng klima.

(w) Ang pamumuhunan sa imprastraktura ng tubig ay magbibigay ng mga trabaho, magpapabuti sa katatagan, at mababawasan ang paggasta ng lokal na pamahalaan.

(x) Ang mga patuloy na pamumuhunan sa mga parke, daanan, natural at pinagtatrabahuhan na mga lugar ng California at mga lungsod na lugar sa pagtanim ay makatutulong na mabawasan ang mga epekto ng pagbabago ng klima, na gagawing mas matitirahan ang mga lungsod, at poprotektahan ang mga likas na yaman ng California para sa mga susunod na henerasyon.

(y) Ang paggasta ng mga pondo mula sa Batas para sa Ligtas na Inuming Tubig, Pag-iwas sa Sunog sa Kagubatan, Paghahanda sa Tagtuyot, at Malinis na Hangin ng 2024 ay makakatulong sa mga komunidad na maiwasan at makabangon mula sa mga epekto ng wildfire, baha, tagtuyot, o iba pang mga kaganapang kaugnay ng klima, at tumutulong sa pagpapanumbalik at pagprotekta sa mga natural na sistema mula sa mga epekto ng wildfire, pagbaha, tagtuyot, o iba pang mga kaganapang kaugnay ng klima.

SEK. 2. Ang Division 50 (nagsisimula sa Seksyon 90000) ay idinaragdag sa Kodigo ng Pampublikong Mapagkukunan, upang mabasang:

DIVISION 50. BATAS SA BONO NG 2024 PARA SA LIGTAS NA INUMING TUBIG, PAGPIGIL SA WILDFIRE, KAHANDAAN SA TAGTUYOT, AT MALINIS NA TUBIG

KABANATA 1. MGA PANGKALAHATANG PROBISYON

90000. *Ang dibisyong ito ay dapat kilalanin, at maaaring banggitin, bilang ang Batas para sa Ligtas na Inuming Tubig, Pag-iwas sa Sunog sa Kagubatan, Paghahanda sa Tagtuyot, at Malinis na Hangin ng 2024.*

90050. (a) *Sa paggasta ng mga pondo alinsunod sa dibisyong ito, ang isang nangangasiwang ahensiya ng estado ay dapat magbigay ng priyoridad sa mga proyektong gumagamit ng pribado, pederal, at lokal na pagpopondo o gumagawa ng pinakamalaking pampublikong benepisyo.*

(b) *Sa abot ng makakaya, ang isang proyektong pinondohan alinsunod sa dibisyong ito ay dapat magsama ng mga*

palatandaan na nagbibigay-alam sa publiko na ang proyekto ay nakatanggap ng pagpopondo mula sa Batas para sa Ligtas na Inuming Tubig, Pag-iwas sa Sunog sa Kagubatan, Paghahanda sa Tagtuyot, at Malinis na Hangin ng 2024.

(c) *Ang mga proyektong pinondohan alinsunod sa dibisyong ito ay dapat, kung naaangkop, kasama ang pagpapalano, pagsubaybay, at pag-uulat na kinakailangan upang matiyak ang matagumpay na pagpapatupad ng mga layunin ng dibisyong ito.*

90100. *Para sa mga layunin ng dibisyong ito, naaangkop ang mga sumusunod na kahulugan:*

(a) *"Komite" ay nangangahulugang ang Ligtas na Tubig na Iniinom, Pag-iwas sa Wildfire, Paghahanda sa Tagtuyot, at Komite sa Pananalapi para sa Malinis na Hangin na nilikha alinsunod sa Seksyon 95002.*

(b) *Ang "Komunidad" ay may kahulugang tulad ng nakalagay sa talata (1) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 65302.10 ng Kodigo ng Pamahalaan.*

(c) *Ang ibig sabihin ng "kritikal na imprastraktura ng komunidad" ay imprastraktura na kinakailangan sa pagbibigay ng mahahalagang tungkulin ng komunidad at indibidwal, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, imprastraktura ng pag-inom at wastewater, mga emergency shelter, mga sistema ng komunikasyon at babala, mga ruta ng paglilikas, kapangyarihang pang-emergency at pampublikong pasilidad ng medikal, mga paaralan, mga bulwagan ng bayan, mga ospital, mga klinikang pangkalusugan, mga sentro ng komunidad, mga pasilidad na hindi pangkalakal ng komunidad na nagbibigay ng mahahalagang serbisyo, mga aklatan, mga tirahan para sa mga walang tirahan, mga sentro ng matatanda at kabataan, mga pasilidad sa pangangalaga ng bata, mga bangko ng pagkain, mga tindahan ng grocery, at mga parke at mga lugar ng libangan.*

(d) *Ang ibig sabihin ng "disbentaheng komunidad" ay isang komunidad na may gitnang halaga ng kita ng sambahayan na mas mababa kaysa 80 porsiyento ng karaniwan sa lugar o mas mababa kaysa 80 porsiyento ng median na kita ng sambahayan sa buong estado.*

(e) *Ang "mga lugar na may problema sa ekonomiya" ay may kahulugang katulad ng nakalagay sa Seksyon 79702 ng Kodigo sa Tubig.*

(f) *Ang "natural na imprastraktura" ay may kahulugang katulad ng nakalagay sa talata (3) ng subdibisyon (c) ng Seksyon 71154.*

(g) *"Nonprofit na organisasyon" ay nangangahulugang isang nonprofit na korporasyon na kwalipikadong magnegosyo sa California at kwalipikado sa ilalim ng Seksyon 501(c)(3) ng Internal Revenue Code.*

(h) *Kasama sa "Proteksyon" ang mga pagkilos na kinakailangan upang maiwasan ang pinsala o pinsala sa mga tao, ari-arian, o likas, kultural, at makasaysayang mga mapagkukunan, mga aksyon upang mapabuti ang pag-access sa mga pampublikong open-space na lugar, o mga aksyon upang payagan ang patuloy na paggamit at pagtatamasa ng ari-arian o natural, kultural, at makasaysayang mapagkukunan. Kasama sa proteksyon ang pagsubaybay sa site, pagkuha, pagpapaunlad, pagpapanumbalik, pangangalaga, at interpretasyon.*

(i) (1) *Kasama sa "Pagpapanumbalik" ang pagpapabuti ng mga pisikal na istruktura o pasilidad at, sa kaso ng mga natural na sistema at mga tampok ng mga tanawin, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, alinman sa mga sumusunod:*

(A) *Ang pagkontrol ng pagguho.*

(B) *Pagkuha, paggamot, muling paggamit, at pag-iimbak ng tubig-bagyo, o para mabawasan ang polusyon ng tubig-bagyo.*

(C) Ang kontrol at pag-aalis ng mga invasive species at mapaminsalang algal blooms.

(D) Ang pagtatanim ng mga katutubong species.

(E) Ang pag-alis ng basura at mga labi.

(F) Itinakdang pagsunog at iba pang mga hakbang sa pagbabawas ng panganib sa gasolina.

(G) Pagbabakod sa mga banta sa umiiral o naibalik na likas na yaman.

(H) Pagpapabuti ng instream, riparian, floodplain, o mga kondisyon ng tirahan ng wetland.

(I) Iba pang pagpapabuti ng tirahan ng halaman at wildlife upang mapataas ang halaga ng natural na sistema ng ari-arian o mga mapagkukunan sa baybayin o karagatan.

(J) Mga aktibidad na inilarawan sa subdibisyon (b) ng Seksyon 79737 ng Kodigo sa Tubig.

(2) Kasama rin sa "Pagpapanumbalik" ang mga aktibidad, kabilang ang pagpapalano, pagpapahintulot, pagsubaybay, at pag-uulat na kinakailangan upang matiyak ang matagumpay na pagpapatupad ng mga layunin sa pagpapanumbalik.

(j) Ang ibig sabihin ng "malubhang disbentaheng komunidad" ay isang komunidad na may median na kita ng sambahayan na mas mababa sa 60 porsiyento ng karaniwan ng lugar o mas mababa sa 60 porsiyento ng median na halaga na kita ng sambahayan sa buong estado.

(k) Ang "disbentaheng magsasaka o rancher sa sosyalidad" ay may kahulugang katulad ng nakalagay sa Seksyon 512 ng Kodigo ng Pagkain at Agrikultura. Ang probisyong ito ay dapat ilapat sa lawak na pinapayagan ng batas.

(l) Ang "Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado" ay nangangahulugang ang Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado (Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), na maaaring susugan pana-panahon.

(m) Kasama sa "pagpapatigas ng istruktura" ang pag-install, pagpapalit, o pag-retrofitting ng mga materyales sa gusali, system, o assemblies na ginagamit sa panlabas na disenyo at pagtatayo ng mga umiiral na hindi sumusunod na istruktura na may mga tampok na sumusunod sa Kabanata 7A (nagsisimula sa Seksyon 701A.1) ng Bahagi 2 ng Titulo 24 ng California Code of Regulations, o anumang naaangkop na kahalili na kodigo sa regulasyon, na may pangunahing layunin na bawasan ang panganib sa mga istruktura mula sa wildfire o umaayon sa listahan ng murang retrofit, at mga update sa listahang iyon, na binuo alinsunod sa talata (1) ng subdibisyon (c) ng Seksyon 51189 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(n) Ang ibig sabihin ng "Tribo" ay isang pederal na kinikilalang tribong Katutubong Amerikano o isang hindi pederal na kinikilalang tribong Katutubong Amerikano na nakalista sa Talaan ng Konsultasyon ng mga Tribo sa California na pinananatili ng Komisyon sa Pamana ng Katutubong Amerikano.

(o) Ang ibig sabihin ng "mahinang populasyon" ay isang subgroup ng populasyon sa loob ng isang rehiyon o komunidad na nahaharap sa isang hindi katumbas na pagtaas ng panganib o pagtaas ng paggkasensitibo sa mga epekto ng pagbabago ng klima at na walang sapat na tagatulong upang makayanan, makaangkop, o makabawi mula sa mga naturang epekto.

(p) Ang ibig sabihin ng "Lupon ng Tubig" ay ang Lupon ng Kontrol sa Yamang Tubig ng Estado.

90105. Ang mga pondong ibinibigay ng dibisyong ito ay hindi dapat gugulin upang matupad ang anumang mga kinakailangan sa pagpapagaan sa kapaligiran o mga obligasyon sa pagsunod na ipinataw ng batas.

90107. Ang mga pondong ibinibigay ng dibisyong ito ay hindi dapat gugulin upang bayaran ang mga gastos sa disenyo, konstruksyon, pagpapatakbo, pagpapagaan, o pagpapanatili ng mga nakahiwalay na pasilidad ng paghahatid ng Delta. Ang mga gastos na iyon ay dapat na pananagutan ng mga ahensiya ng tubig na nakikinabang sa disenyo, pagtatayo, pagpapatakbo, pagpapagaan, o pagpapanatili ng mga pasilidad na iyon.

90110. Ang isang karapat-dapat na aplikante sa ilalim ng dibisyong ito ay isang pampublikong ahensiya, lokal na ahensiya, nonprofit na organisasyon, espesyal na distrito, awtoridad ng pinagsamang kapangyarihan, tribo, pampublikong utilidad, lokal na pag-aari ng publiko na utilidad, o kumpanya ng tubig.

90115. Ang Lehislatura ay maaaring magpatibay ng batas na kinakailangan upang ipatupad ang mga programang pinondohan ng dibisyong ito.

90120. Layunin ng Lehislatura na ang mga pera ng bono ay hindi dapat gamitin para sa mga insentibo ng shareholder o mga tubo para sa mga shareholder ng mga pribadong korporasyon.

90130. Para sa mga gawad na ibinigay para sa mga proyekto sa ilalim ng dibisyong ito, ang ahensiyang nangangasiwa ay maaaring magbigay ng mga paunang pagbabayad sa halagang 25 porsiyento ng gawad sa tatanggap, kabilang ang mga entidad na may kaugnayan sa estado, upang simulan ang proyekto sa isang napapanahong paraan. Ang ahensiyang nangangasiwa ay dapat magpatibay ng mga karagdagang kinakailangan para sa tatanggap ng gawad tungkol sa paggamit ng mga paunang pagbabayad upang matiyak na ang mga pera ay ginagamit nang wasto.

90133. Para sa mga gawad para sa mga proyekto sa ilalim ng dibisyong ito, ang ahensiyang nangangasiwa ay maaaring, kapag nagkakaloob ng gawad, magbalik sa mga ginawaran ang mga hindi direktang gastos. Kapag nag-reimburse sa isang grantee para sa hindi direktang mga gastos, dapat ilapat ng nangangasiwang ahensiya ang isa sa mga sumusunod na rate gaya ng hiniling ng grantee:

(a) Ang napagkasunduang antas ng hindi tuwirang gastos ng grantee alinsunod sa napagkasunduan nitong antas ng hindi tuwirang gastos na kasunduan.

(b) Ang de minimis antas ng hindi tuwirang gastos na tinukoy sa Bahagi 200 ng Titulo 2 ng Kodigo ng mga Pederal na Regulasyon.

(c) Isang rate na pinag-usapan ng grantee at ibang ahensiya ng estado sa loob ng huling limang taon.

(d) Isang rate na iminungkahi ng grantee sa aplikasyon ng grantee sa programa sa nangangasiwa ng ahensiya ng estado kung ang grantee ay walang kasalukuyang rate ng estado.

90135. (a) Ang Kalihim ng Ahensya ng Likas na Yaman ay dapat maglathala ng isang listahan ng lahat ng paggasta sa programa at proyekto alinsunod sa dibisyong ito nang hindi bababa sa taun-taon, sa nakasulat na anyo, at dapat mag-post ng isang elektronikong anyo ng listahan sa internet website ng ahensiya sa isang mada-download na format ng spreadsheet. Dapat isama sa spreadsheet ang lahat ng sumusunod na impormasyon:

(1) Impormasyon tungkol sa lokasyon at footprint ng bawat pinondohan na proyekto.

(2) Mga layunin ng proyekto.

(3) Ang katayuan ng proyekto.

(4) Mga inaasahang resulta.

(5) Ang mga benepisyo ng publiko na makukuha mula sa proyekto, kabilang ang kung ang proyekto ay may

makabuluhan at direktang mga benepisyos sa mga mahihinang populasyon, mga komunidad na mahihirap, o mga komunidad na lubhang mahirap.

(6) Ang kabuuang halaga ng proyekto, kung alam.

(7) Ang halaga ng pagpopondo sa bono na ibinigay.

(8) Anumang katumbas na pera na ibinigay para sa proyekto ng tatanggap ng gawad o iba pang mga kasosyo.

(9) Ang naaangkop na kabanata ng dibisyong ito alinsunod sa kung saan nakatanggap ng pera ang tatanggap.

(b) Ang Kagawaran ng Pananalapi ay dapat magbigay ng isang independiyenteng pagsusuri ng mga paggasta alinsunod sa dibisyong ito. Kung ang isang pagsusuri, na iniaatas ng batas, ng anumang entidad na tumatanggap ng pondo na pinahintulutan ng dibisyong ito ay isinasagawa alinsunod sa batas ng estado at nagbubunyag ng anumang hindi nararapat, ang Tagasuri ng Estado ng California o ang Controller ay maaaring magsagawa o magsaayos ng isang kumpletong pagsusuri ng anuman o lahat ng mga aktibidad na pinondohan alinsunod sa dibisyong ito. Ang anumang pagsusuri ng isang Pederal na Kagawaran ng Enerhiya o Sentro ng Pananaliksik at Pagpapaunlad ng Pambansang Administrasyon ng Aeronautics at Kalawakan alinsunod sa seksyong ito ay dapat isasagawa alinsunod sa Pederal na Batas sa Pagkontrata ng Laboratoryo (Kabanata 7 (nagsisimula sa Seksyon 12500) ng Bahagi 2 ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Pamublikong Kontrata).

(c) Ang isang ahensiya ng estado na nagbibigay ng anumang gawad na may pagpopondo ng pinahintulutan ng dibisyong ito ay dapat mag-atas ng sapat na pag-uulat ng mga paggasta ng pondo mula sa gawad.

(d) Ang mga gastos na kaugnay ng mga publikasyon, pagsusuri, pang-estado na pagsubaybay ng bono, pamamahala ng pera, at kaugnay na mga aktibidad sa pangangasiwa na itinakda sa seksyong ito ay dapat pondohan mula sa mga nalikom ng mga bono na pinahintulutan ng dibisyong ito. Ang mga gastos na ito ay dapat ibahagi nang proporsiyonal ng bawat programang pinondohan ng dibisyong ito. Ang aktwal na mga gastos na natamo sa pangangasiwa ng mga programang hindi gawad na pinahintulutan ng dibisyong ito ay dapat bayaran mula sa mga nalikom ng mga bono na pinahintulutan ng dibisyong ito.

90140. Hindi bababa sa 40 porsyento ng kabuuang pondo na magagamit alinsunod sa dibisyong ito ay dapat ilaan para sa mga proyektong nagbibigay ng makabuluhan at direktang benepisyos sa mahihinang populasyon o mga komunidad na mahihirap. Hindi bababa sa 10 porsyento ng kabuuang pondo na magagamit alinsunod sa dibisyong ito ay dapat ilaan para sa mga proyektong nagbibigay ng makabuluhan at direktang benepisyos sa mga komunidad na labis na mahirap.

90150. Sa abot ng makakaya, ang isang proyekto na ang aplikasyon ay kasama ang paggamit ng mga serbisyo ng Korpus ng Pagpapanatili ng California o sertipikadong korpus ng pagpapanatili ng komunidad, ayon sa tinutukoy sa Seksyon 14507.5, ay dapat bigyan ng preference para sa pagtanggap ng gawad sa ilalim ng dibisyong ito.

90500. (a) Ang mga nalikom mula sa mga bono na inisyu at ibinenta alinsunod sa dibisyong ito, maliban sa mga pagbabalik ng mga bono na inisyu at ibinenta alinsunod sa Seksyon 95012, ay dapat ideposito sa Pondo para sa Ligtas na Inuming Tubig, Pag-iwas sa Sunog sa Kagubatan, Paghahanda sa Tagtuyot, at Malinis na Hangin, na nilikha dito sa Tesorerya ng Estado. Ang mga pera sa pondo ay dapat magamit, sa paglalaan ng Lehislatura, para sa mga layunin ng dibisyong ito.

(b) Ang mga nalikom mula sa mga bono na inisyu at naibenta alinsunod sa dibisyong ito ay dapat ilaan ayon sa sumusunod na iskedyul:

(1) Tatlong bilyon at walong daang milyong dolyar (\$3,800,000,000) para sa mga programa sa ligtas na inuming tubig, tagtuyot, pagbaha, at katatagan ng tubig, alinsunod sa Kabanata 2 (nagsisimula sa Seksyon 91000).

(2) Isang bilyon at limang daang milyong dolyar (\$1,500,000,000) para sa mga programa sa wildfire at katatagan ng gubat, alinsunod sa Kabanata 3 (nagsisimula sa Seksyon 91500).

(3) Isang bilyon at dalawang daang milyong dolyar (\$1,200,000,000) para sa mga programa sa katatagan ng baybayin, alinsunod sa Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksyon 92000)

(4) Apat na raan at limampung milyong dolyar (\$450,000,000) para sa mga programa sa pag-iwas sa matinding init, alinsunod sa Kabanata 5 (nagsisimula sa Seksyon 92500).

(5) Isang bilyon at dalawang daang milyong dolyar (\$1,200,000,000) para sa mga programa sa proteksyon ng biodiversity at mga solusyong nakabatay sa kalikasan para sa klima, alinsunod sa Kabanata 6 (nagsisimula sa Seksyon 93000).

(6) Tatlong daang milyong dolyar (\$300,000,000) para sa mga programang matalino sa klima, napapanatili, at matibay na mga sakahan, rantso, at mga pinagtatrabahuhang lupa, alinsunod sa Kabanata 7 (nagsisimula sa Seksyon 93500).

(7) Pitong daang milyong dolyar (\$700,000,000) para sa mga programang paglikha ng parke at pag-access sa labas, alinsunod sa Kabanata 8 (nagsisimula sa Seksyon 94000).

(8) Walong daan at limampung milyong dolyar (\$850,000,000) para sa mga programa sa malinis na hangin, alinsunod sa Kabanata 9 (nagsisimula sa Seksyon 94500).

90600. (a) Ang halagang katumbas ng hindi hihigit sa mas mababa sa 7 porsyento ng mga pondo o dalawampung milyong dolyar (\$20,000,000) na inilalaan para sa isang programang gawad alinsunod sa dibisyong ito ay maaaring gamitin para sa mga gastos sa administrasyon ng programang iyon.

(b) (1) Hanggang 10 porsyento ng mga pondo na magagamit alinsunod sa bawat kabanata ng dibisyong ito ay maaaring ilaan para sa teknikal na tulong sa mga komunidad na kulang sa yaman, mga komunidad na labis na mahirap, o mahihinang populasyon. Ang ahensiyang nangangasiwa sa mga pera ay dapat magpapakatibo ng isang multidisciplinary na programang teknikal na tulong para sa mga komunidad na kulang sa yaman, mga komunidad na labis na mahirap, o mahihinang populasyon.

(2) Ang mga pondong ginagamit para sa pagbibigay ng teknikal na tulong sa mga komunidad na kulang sa yaman, mga komunidad na labis na mahirap, o mahihinang populasyon ay maaaring lumampas sa 10 porsyento ng mga pondong inilalaan sa bawat kabanata ng dibisyong ito kung ang ahensiyang pang-estado na namamahala sa mga pera ay nagtatakda na may pangangailangan para sa karagdagang pondo.

90610. Sa abot ng makakaya, ang isang proyekto na tumatanggap ng mga pera alinsunod sa dibisyong ito ay maaaring magbigay ng edukasyon at pagsasanay sa mga manggagawa, kontratista, at mga pagkakataon sa trabaho para sa mahihinang populasyon.

90620. Ang mga pondong inilalaan alinsunod sa dibisyong ito ay maaaring gamitin ng Ahensya ng Likas na Yaman at ng mga kagawaran, lupon, at mga conservancy nito upang

magkasamang pondohan ang mga proyekto sa isang saklaw ng tanawin o maraming hurisdiksyon upang magbigay ng maraming benepisyo.

KABANATA 2. LIGTAS NA INUMING TUBIG, TAGTUYOT, PAGBAHA, AT KATATAGAN NG TUBIG

91000. Ang halagang tatlong bilyon at walong daang milyong dolyar (\$3,800,000,000) ay dapat na magagamit, sa paglalaan sa pag-apruba ng Lehislatura, para sa mga programa sa ligtas na inuming tubig, tagtuyot, pagbaha, at katatagan ng tubig.

91010. Sa mga pondong ginawang makukuha ng Seksyon 91000, isang bilyon at walong daan at walumpu't limang milyong dolyar (\$1,885,000,000) ay dapat magagamit, sa paglalaan sa pag-apruba ng Lehislatura, upang protektahan at dagdagan ang suplay ng tubig at kalidad ng tubig sa California.

91011. (a) Sa mga pondong ginawang makukuha ng Seksyon 91010, anim na raan at sampung milyong dolyar (\$610,000,000) ay dapat magagamit, sa paglalaan sa pag-apruba ng Lehislatura, ng water board para sa mga gawad o pautang na nagpapabuti ng kalidad ng tubig o tumutulong sa pagbibigay ng malinis, ligtas, at maaasahang inuming tubig. Kasama sa mga karapat-dapat na proyekto, ngunit hindi limitado sa, ang alinman sa mga sumusunod:

(1) Mga proyektong tumutulong sa pagbibigay ng malinis, ligtas, at maaasahang inuming tubig.

(2) Mga proyektong nagpapataas ng pagsubaybay sa kalidad ng tubig at pag-remedyo ng mga perfluoroalkyl at polyfluoroalkyl na sangkap.

(3) Mga makabagong proyekto upang mapataas ang pagiging abot-kaya ng ligtas na inuming tubig.

(4) Mga proyektong nagpapatupad ng mga pambuon-county na contingency plan para sa tagtuyot at kakulangan sa tubig na pinagtibay alinsunod sa Kabanata 10 (nagsisimula sa Seksyon 10609.40) ng Bahagi 2.55 ng Dibisyon 6 ng Kodigo sa Tubig.

(5) Mga proyektong pumipigil, nagpapababa, o gumagamot sa kontaminasyon ng tubig na nagsisilbing pangunahing pinagkukunan ng inuming tubig para sa isang komunidad.

(6) Mga proyekto upang pagsama-samahin ang mga sistema ng tubig o wastewater o upang palawigin ang serbisyo ng wastewater sa mga tirahang kasalukuyang pinaglilingkuran ng hindi sapat na mga onsite na sistema ng paggamot sa alkantariya.

(7) Mga gawad para sa mga proyekto at teknikal at pinansyal na tulong upang matugunan ang hexavalent chromium sa inuming tubig.

(8) (A) Mga proyekto sa imprastruktura ng tubig para sa mga tribo na nagbibigay ng ligtas, malinis, at maaasahang inuming tubig sa mga komunidad ng mga tribo.

(B) Hindi bababa sa dalawampu't limang milyong dolyar (\$25,000,000) ang dapat ilaan sa mga proyektong inilarawan sa subparagraph (A).

(b) Kung may natukoy na responsableng partido na nag-ambag sa kontaminasyon ng isang balon ng inuming tubig o sistema, maaaring mag-aplay ang sistema ng tubig o pampublikong ahensiya na responsable sa imprastruktura para sa pondo ng kompetitibong grant program ng estado para sa isang proyekto sa imprastruktura ng inuming tubig upang matugunan ang mga isyu sa kalidad ng tubig. Maaaring mag-aplay ang aplikante ng gawad para sa pagpopondo na higit pa sa halagang kinakailangang ibigay ng responsableng partido para sa proyektong pang-imprastruktura

(c) Dapat isasaalang-alang ang makatwirang heograpikal na alokasyon sa mga karapat-dapat na proyekto sa buong estado, kabilang ang hilaga at timog California pati na rin ang mga panloob at baybayin na rehiyon.

(d) Hindi bababa sa 40 porsyento ng alokasyong ginawa alinsunod sa seksyong ito ay dapat pakinabangan ng mga komunidad na kulang sa yaman, mga komunidad na labis na mahirap, o mahihinang populasyon.

(e) Para sa mga malubhang disbentaheng komunidad na may populasyon na hindi hihigit sa 500 katao at may hindi hihigit sa 100 koneksyon sa serbisyo, walang pinakamataas na halaga sa bawat koneksyon ng serbisyo para sa mga karapat-dapat na proyekto.

91012. (a) Sa mga pondong ginawang makukuha alinsunod sa Seksyon 91010, tatlong daan at walumpu't anim na milyon dalawang daan at limampung libong dolyar (\$386,250,000) ay dapat magagamit, sa paglalaan ng Lehislatura, ng Kagawaran ng mga Mapagkukunan ng Tubig para sa mga proyekto na kaugnay ng imbakan ng tubig mula sa ilalim ng lupa, pagbabangko ng tubig sa ilalim ng lupa, recharge ng tubig mula sa ilalim ng lupa, o mga proyekto sa instream flow na sumusuporta sa magkasanib na paggamit ng tubig mula sa ilalim ng lupa at mga suplay ng ibabaw ng tubig. Sa mga pondong ginawang makukuha alinsunod sa subdibisyong ito, ang pinakamababa sa dalawampu't limang milyong dolyar (\$25,000,000) ay para sa mga proyektong nagbibigay ng mga direktang benepisyo sa mga komunidad ng tribo.

(b) Sa mga pondong ginawang makukuha ng subdibisyon (a), isang daan siyamnapu't tatlong milyon isang daan dalawampu't limang libong dolyar (\$193,125,000) ay dapat na magagamit para sa mga proyektong nagpapataas ng imbakan ng tubig sa lupa, nagpapabuti sa pamamahala at pagpatakbo ng pag-iimbak ng tubig sa lupa, o para sa tubig sa lupa, pagbabangko, at pagsuporta sa pagpapatupad ng Batas na Napapanatili ng Pamamahala ng Tubig mula sa Ilalim ng Lupa (Bahagi 2.74 (nagsisimula sa Seksyon 10720) ng Dibisyon 6 ng Kodigo sa Tubig).

(c) (1) Sa mga pondong ginawang makukuha ng subdibisyon (a), isang daan siyamnapu't tatlong milyon isang daan dalawampu't limang libong dolyar (\$193,125,000) ay dapat na makuha para sa mga proyektong sumusuporta sa magkasabay na paggamit at muling pagkarga ng tubig sa lupa. Ang mga proyekto ay dapat magbigay ng mga sumusunod na benepisyo:

(A) Magbigay ng pinahusay na pamamahala ng watershed ng rehiyon.

(B) Tugunan ang kasalukuyan at inaasahang mga kondisyon ng tagtuyot at ipakita ang pakikibagay sa pagbabago ng klima para sa isang rehiyon.

(C) Magbigay ng mga benepisyo sa ecosystem sa mga isda at wildlife at pagbutihin ang daloy ng batis para sa anadromous na isda.

(2) Ang makatwirang heograpikong paglalaan sa mga karapat-dapat na proyekto sa buong estado ay dapat isaalang-alang, kabilang ang parehong hilaga at timog ng California at mga rehiyon sa loob at baybayin.

91013. Sa mga pondong ginawang makukuha ng Seksyon 91010, dalawang daang milyong dolyar (\$200,000,000) ang dapat makuha, sa paglalaan ng Lehislatura, ng Multi-benepisyong Programa para sa Muling Paggamit ng Lupa ng Kagawaran ng Konserbasyon para sa mga proyekto sa pagpapanatili ng tubig sa lupa na nagbabawas sa paggamit ng tubig sa lupa, muling ginagamit ang pinatubigan na lupang pang-agrikultura, magkaloob ng tirahan ng wildlife, mapabuti ang katatagan sa tagtuyot o pamamahala ng tubig-baha, o

suportahan ang pagpapatupad ng Batas ng Napapanatiling Pamamahala ng Tubig mula sa Ilalim ng Lupa (Bahagi 2.74 (nagsisimula sa Seksyon 10720) ng Dibisyon 6 ng Kodigo sa Tubig).

91014. (a) Sa mga pondong ginawang makukuha ng Seksyon 91010, tatlong daan at walumpu't anim na milyon dalawang daan at limampung libong dolyar (\$386,250,000) ang dapat makuha, sa paglalaan ng Lehislatura, ng water board para sa mga gawad at proyektong may kaugnayan sa muling paggamit at pag-recycle ng tubig, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod:

(1) Mga pasilidad sa paggamot, pag-iimbak, pagdadala, at pamamahagi para sa maiinom at hindi maiinom na mga proyekto sa pag-recycle.

(2) Nakatuon na imprastruktura ng pamamahagi upang maghatid ng mga proyektong pantahanan, pangkomersiyo, pang-agrikultura, pang-industriyang end user retrofit upang payagan ang paggamit ng ni-recycle na tubig.

(3) Mga proyektong pag-recycle ng tubig para sa maramihang pakinabang na nagpapabuti sa kalidad ng tubig.

(b) Hindi bababa sa 50-porsiyento ng bahagi ng lokal na gastos ay dapat iatas para sa mga proyektong pinondohan alinsunod sa seksyong ito. Ang bahagi sa gastos na iyon ay maaaring masuspinde o bawasan para sa mga komunidad na mahihirap o mga komunidad na lubhang mahirap, o prorated para sa mga komunidad na mahihirap o mga komunidad na lubhang mahirap sa loob ng isang mas malaking proyekto ng lugar ng serbisyo. Ang isang pautang, gawad, o iba pang pagpopondo na natanggap, anuman ang pinagmumulan ng pagpopondo, ay dapat maging kwalipikado bilang lokal na bahagi sa gastos.

(c) Ang tagapamahala ng tubig ay dapat magpatibay ng binagong mga kinakailangan sa pagpopondo ng gawad para sa malakihang pag-recycle ng tubig o muling paggamit na mga proyekto, kabilang ang lahat ng sumusunod na kinakailangan:

(1) Ang mga pantulong na pasilidad na bahagi ng malakihang pag-recycle ng tubig o muling paggamit na mga proyekto ay magiging karapat-dapat para sa pagpopondo. Sa mga pantulong na pasilidad ay kasama ang, ngunit hindi limitado sa, mga pipeline, mga balon ng pagkuha, mga balon ng iniksyon, mga recharge basin, at mga sistema ng paggamot sa pagtanggap ng nitrogen, mga kaugnay na istruktura, at mga assembly ng koneksyon.

(2) Hindi pinipigilan ng seksyong ito ang water board na magbigay ng pondo sa isang malakihang pag-recycle ng tubig o muling paggamit na proyekto para sa maraming yugto o bahagi ng proyekto, o higit sa isang beses sa panahon ng pagbuo ng proyekto. Ang water board ay hindi dapat humiling ng mga kasunduan o kontrata ng gumagamit para sa paghahatid ng tubig, at hindi rin dapat kailanganin ang ganap na pagkumpleto ng proyekto bago ang pagsusumite ng isang kasunod na aplikasyon ng gawad, bilang isang kondisyon para sa pagbibigay ng pagpopondo ng gawad.

(3) Hindi bababa sa 10 porsiyento ng gawad na pagpopondo ay dapat igawad para sa layunin ng pagpapalano at disenyo.

(4) Makatwirang heograpikong paglalaan sa mga karapat-dapat na proyekto sa buong estado, kabilang ang parehong hilaga at timog ng California at mga rehiyon sa baybayin at panloob

91015. Sa mga pondong ginawang makukuha ng Seksyon 91010, pitumpu't limang milyong dolyar (\$75,000,000) ang dapat makuha, sa paglalaan ng Lehislatura, ng Komisyon sa Tubig ng California para sa mga proyekto sa ilalim ng Programa sa Pamumuhunan para sa Imbakan ng Tubig. Ang priyoridad

para sa mga pondong ito at anumang mga pondong ibinalik sa komisyon ay dapat na upang suportahan ang napapanahong pagkumpleto ng mga kasalukuyang naaprubahang proyekto sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga karagdagang gawad upang ipakita ang pagtaas ng mga gastos dahil sa inflation mula noong orihinal na mga aplikasyon ng gawad at anumang pagtaas sa mga pampublikong benepisyo.

91016. Sa mga pondong ginawang makukuha ng Seksyon 91010, animnapu't dalawang milyon limang daang libong dolyar (\$62,500,000) ang dapat makuha, sa paglalaan ng Lehislatura, para sa mga pamumuhunang kapital sa maalat-alat na desalination, pag-aalis ng kontaminasyon at asin, at mga proyekto sa pamamahala ng kaasinan upang mapabuti ang tubig sa California at katatagan sa tagtuyot. Dapat bigyan ng priyoridad ang mga proyektong gumagamit ng mga bagong paunti-unting karapat-dapat na renewable na mapagkukunan ng enerhiya sa panahon ng operasyon at binabawasan ang pagbuga ng mga greenhouse gas na kaugnay ng kanilang konstruksiyon at operasyon.

91017. Sa mga pondong ginawang makukuha ng Seksyon 91010, labinlimang milyong dolyar (\$15,000,000) ang dapat makuha, sa paglalaan ng Lehislatura, ng Kagawaran ng Yamang Tubig at sa tagapamahala ng tubig upang mapabuti ang pamamahala ng datos ng tubig at upang ipatupad ang Seksyon 144 ng Kodigo sa Tubig upang muling i-activate ang mga kasalukuyang mga stream gage at mag-deploy ng mga bagong gage.

91018. Sa mga pondong ginawang makukuha ng Seksyon 91010, pitumpu't limang milyong dolyar (\$75,000,000) ang dapat makuha, sa paglalaan ng Lehislatura, ng Ahensya ng Likas na Yaman at ng Kagawaran ng Yamang Tubig para sa mapagkumpitensyang mga gawad para sa mga proyektong panrehiyong conveyance o pagkukumpuni sa mga kasalukuyang sasakyan. Dapat bigyan ng priyoridad ang mga proyektong nagbibigay ng isa o higit pa sa mga sumusunod na benepisyo:

(a) Mga pagpapabuti sa panrehiyon o interregional na supply ng tubig o pagiging maaasahan ng supply ng tubig.

(b) Tumaas na recharge ng tubig sa lupa o pagpapagaan ng mga kondisyon ng overdraft ng tubig sa lupa, pagpasok ng kaasinan, pagkasira ng kalidad ng tubig, o paghupa.

(c) Pag-angkop sa mga epekto ng mga pagbabago sa hydrologic.

(d) Mga pagpapabuti sa seguridad ng tubig mula sa tagtuyot, natural na sakuna, o iba pang mga kaganapan na maaaring makagambala sa mga supply ng tubig.

(e) Pagbibigay ng ligtas na inuming tubig para sa mga mahihirap na komunidad at mga lugar na may problema sa ekonomiya.

91019. Sa mga pondong ginawang makukuha ng Seksyon 91010, pitumpu't limang milyong dolyar (\$75,000,000) ang dapat makuha, sa paglalaan ng Lehislatura, ng Kagawaran ng Yamang Tubig para sa mga proyektong nagpapataas ng pagtitipid ng tubig sa mga lugar na agrikultural at urban.

91020. Sa mga pondong ginawang makukuha ng Seksyon 91000, isang bilyon isang daan apatnapung milyong dolyar (\$1,140,000,000) ang dapat makuha, sa paglalaan ng Lehislatura, upang mabawasan ang panganib ng baha at mapabuti ang pamamahala ng tubig-bagyo.

91021. Sa mga pondong ginawang makukuha ng Seksyon 91020, limang daan at limampung milyong dolyar (\$550,000,000) ang dapat makuha, sa paglalaan ng Lehislatura, ng Ahensya ng Likas na Yaman at mga kagawaran, lupon, at conservancies nito para sa mga proyekto

sa pamamahala ng baha. Dapat bigyan ng prioridad ang mga proyektong idinisenyo at ipinatupad upang makamit ang parehong kaligtasan sa baha at mga function ng ecosystem, habang nagbibigay ng mga karagdagang benepisyo. Hindi bababa sa 40 porsyento ng alokasyong ginawa alinsunod sa seksyong ito ay dapat pakinabangan ng mga disbentaheng komunidad, mga malubhang disbentaheng komunidad, o mahihinang populasyon. Ang pagpopondo ay dapat ilaan tulad ng sumusunod:

(a) Isang daan at limampung milyong dolyar (\$150,000,000) ang dapat na magagamit para sa mga proyekto sa Sacramento-San Joaquin Delta upang pahusayin ang mga umiiral na mga levee upang mapataas ang proteksyon sa baha at mapabuti ang katatagan sa klima. Para sa mga layunin ng subdibisyong ito, ang “Sacramento-San Joaquin Delta” ay may kahulugang katulad ng inilarawan sa Seksyon 12220 ng Kodigo sa Tubig.

(b) Isang daan at limampung milyong dolyar (\$150,000,000) ang dapat makuha para sa mga proyektong nagpapatupad ng Programa ng Suporta sa Kontrol ng Baha.

(c) Dalawang daan at limampung milyong dolyar (\$250,000,000) ang dapat makuha para sa mga proyektong kaugnay ng buong sistemang pagsusuri, pagkukumpuni, rehabilitasyon, muling pagtatayo, pagpapalawak, o pagpapalit ng mga levee, weir, bypass, at mga pasilidad ng Plano ng Estado para sa Kontrol ng Baha.

91022. Sa mga pondong ginawang makukuha ng Seksyon 91020, apat na raan at walumpu't milyong dolyar (\$480,000,000) ang dapat makuha, sa paglalaan ng Lehislatura, ng Kagawaran ng Yamang Tubig para sa Programa ng Lokal na Tulong para sa Kaligtasan ng Dam at Katatagan sa Klima para sa mapagkumpitensyang mga gawad para sa mga proyektong nagpapahusay sa kaligtasan ng dam at mga pagpapatakbo ng imbakan ng tubig at protektahan ang mga benepisyo ng publiko alinsunod sa Seksyon 6700 ng Kodigo sa Tubig.

91023. Sa mga pondong ginawang makukuha ng Seksyon 91020, isang daan sampung milyong dolyar (\$110,000,000) ang dapat makuha, sa paglalaan ng Lehislatura, ng lupon ng tubig para sa mga gawad para sa maramihang-pakinabang na mga proyekto sa pamamahala ng tubig bagyo sa lungsod. Ang mga proyektong pinondohan alinsunod sa seksyong ito ay dapat tumugon sa pagbaha sa mga urbanisadong lugar at magbibigay ng maraming benepisyo, na may preference na ibinibigay sa mga natural na proyektong pang-imprastruktura. Ang mga karapat-dapat na proyekto ng stormwater ay dapat kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pagkuha ng tubig-ulan at muling paggamit, pagpapalano at pagpapatupad ng pagpapaunlad na may mababang epekto, pagpapanumbalik ng pagdaloy sa urban at nasasakupan ng tubig, pagbabawas ng pagdaloy ng putik, at pagtaas ng permeable surface upang makatulong na mabawasan ang pagbaha.

91030. Sa mga pondong ginawang makukuha ng Seksyon 91000, anim na raan at limang milyong dolyar (\$605,000,000) ang dapat makuha, sa paglalaan ng Lehislatura, upang protektahan at ibalik ang mga ilog, lawa, at batis, at upang mapabuti ang katatagan ng watershed, kabilang ang katatagan ng mga isda at wildlife sa loob ng watershed.

91031. Sa mga pondong ginawang makukuha ng Seksyon 91030, isang daang milyong dolyar (\$100,000,000) ang dapat makuha, sa paglalaan ng Lehislatura, ng Kagawaran ng Yamang Tubig para sa mga proyektong kaugnay ng pinagsamang pamamahala ng tubig sa rehiyon upang mapabuti ang katatagan sa klima sa batayan ng watershed. Dapat i-update at babaguhin ng kagawaran ang mga

alituntunin para sa pinagsama-samang programa sa pamamahala ng tubig sa rehiyon upang matugunan ang mga epektong kaugnay ng panganib sa klima.

91032. Sa mga pondong ginawang makukuha ng Seksyon 91030, tatlong daan at tatlumpu't limang milyong dolyar (\$335,000,000) ang dapat na makukuha, kapag inilalaan ng Lehislatura, para sa mga proyektong nagpoprotekta at nagpapanumbalik ng mga ilog, basang lupa, sapa, lawa, at watershed, at pagpapabuti ng katatagan ng isda at wildlife. Dapat mapabuti ng mga proyekto ang katatagan sa klima, mga suplay ng tubig, o kalidad ng tubig. Sa abot ng makakaya, ang preference ay dapat ibigay sa mga natural na proyektong pang-imprastruktura. Hindi bababa sa 40 porsyento ng alokasyong ginawa alinsunod sa seksyong ito ay dapat pakinabangan ng mga komunidad na kulang sa yaman, mga komunidad na labis na mahirap, o mahihinang populasyon. Ang mga pondo na ginawang makukuha alinsunod sa seksyong ito ay dapat ilaan tulad ng sumusunod:

(a) Apatnapung milyong dolyar (\$40,000,000) ang dapat makuha alinsunod sa Dibisyon 22.8 (nagsisimula sa Seksyon 32600) para sa mga proyektong nagpapahusay sa katatagan sa klima o sa proteksyon ng Nasasakupan ng Ilog ng Los Angeles o naaayon sa Plano para sa Pagpapanibago ng Ilog ng Lower Los Angeles.

(b) Apatnapung milyong dolyar (\$40,000,000) ay dapat na makukuha alinsunod sa Dibisyon 23 (nagsisimula sa Seksyon 33000) para sa mga proyektong nagpapahusay sa katatagan sa klima o sa proteksyon ng Nasasakupan ng Ilog ng Los Angeles at bahagi ng plano ng pagbabagong-buhay na binuo ng Itaas na Ilog ng Los Angeles at Pangkat ng mga Tributaryo alinsunod sa Seksyon 33220 o ang Pangkalahatang Plano para sa Ilog ng Los Angeles.

(c) Limampung milyong dolyar (\$50,000,000) ang dapat makuha ng Programa sa Pangangalaga ng mga Ilog na itinatag alinsunod sa Seksyon 7049 ng Kodigo sa Tubig para sa mga proyektong nagpapabuti sa katatagan sa klima.

(d) Dalawampu't limang milyong dolyar (\$25,000,000) ang dapat makuha ng Pambansang Komisyon sa Pangangalaga ng Baybayin para sa Programa ng Pangangalaga sa Ilog Santa Ana.

(e) Dalawampu't limang milyong dolyar (\$25,000,000) ay dapat na magagamit para sa maramihang-pakinabang na urban stream at mga proyekto ng ilog sa ilalim ng Programa ng Pagpapanumbalik ng mga Pagdaloy ng Tubig sa Urban na itinatag alinsunod sa Seksyon 7048 ng Kodigo sa Tubig na nagpoprotekta at nagpapanumbalik ng mga tirahang riparian, nagpapabuti sa katatagan sa klima, nagpapahusay ng mga natural na drainage, protektahan at ibalik ang mga watershed, at magbigay ng pampublikong access.

(f) Dalawampu't limang milyong dolyar (\$25,000,000) ang dapat makuha ng Ahensya ng Likas na Yaman para sa mga proyektong nagpapahusay sa mga kondisyon sa mga kanlungan ng wildlife at mga lugar ng tirahan ng wetland. Maaaring kabilang sa mga proyekto ang pagkuha at paghahatid ng tubig mula sa mga kusang nagbebenta at mga karapatan sa paghahatid ng tubig upang makamit ang pagsunod sa subseksyon (d) ng Seksyon 3406 ng pederal na Batas sa Pagpapabuti ng Proyekto sa Gitnang Lambak (Titulo 34 ng Pampublikong Batas 102-575) at ang pagkuha ng tubig at mga karapatan sa paghahatid para sa Pambansang Santuwaryo ng mga Hayop sa Lower Klamath.

(g) Sampung milyong dolyar (\$10,000,000) ang dapat makuha sa Lupon sa Konserbasyon ng mga Hayop para sa Programa ng Pangangalaga sa Ilog ng Lower American.

(h) Dalawampu't limang milyong dolyar (\$25,000,000) ang dapat makuha ng Pambansang Komisyon sa Pangangalaga ng Baybayin upang protektahan at ibalik ang mga watershed sa pamamagitan ng Programa ng Pangangalaga sa Lambak ng Coyote sa County ng Santa Clara.

(i) Dalawampu't limang milyong dolyar (\$25,000,000) ang dapat makuha ng Pambansang Komisyon sa Pangangalaga ng Baybayin upang protektahan at ibalik ang mga watershed sa pamamagitan ng Programa para sa Kanlurang Buro ng Coyote.

(j) (1) Limampung milyong dolyar (\$50,000,000) ang dapat makuha ng water board para sa mga pautang o gawad para sa mga proyektong tutugon sa mga problema sa kalidad ng tubig na nagmula sa mga ilog na cross-border ng California-Mexico at mga tubig sa baybayin. Maaaring gamitin ang mga pondo sa ilalim ng subdibisyong ito para sa mga proyekto sa kalidad ng tubig sa Nasasakupan ng Ilog sa Lambak ng Tijuana, tulad ng inilarawan sa Plano para sa Ilog Tijuana na nilikha alinsunod sa Seksyon 71107, at para sa mga proyektong naaayon sa Programa ng Kalidad ng Tubig ng mga bagong Ilog, Pampublikong Kalusugan, at Pagpapaunlad ng River Parkway, gaya ng inilarawan sa Seksyon 71103.6.

(2) Ang mga gawad o pautang na iginawad sa ilalim ng subdibisyong ito para sa mga proyektong matatagpuan sa labas ng California ay dapat magkaroon ng dokumentadong benepisyo sa kalidad ng tubig sa California at sa mga residente nito.

(3) Ang pagpopondo ay maaaring igawad sa mga bilateral na institusyong pinansyal bilang isang panumbas ng estado alinsunod sa subdibisyong ito pagkatapos na matiyak ang mga pondong ginawa ng pederal at magagamit para sa paggasta sa isa-sa-isang batayan.

(k) Dalawampung milyong dolyar (\$20,000,000) ang dapat makuha upang mapabuti ang katatagan sa klima ng, o para sa proteksyon ng, Nasasakupan ng Clear Lake.

91033. (a) Sa mga pondong ginawang makukuha ng Seksyon 91030, isang daan at pitumpung milyong dolyar (\$170,000,000) ang makukuha, sa paglalaan ng Lehislatura, upang ipatupad ang 10-taong Plano ng Programa sa Pamamahala ng Salton Sea, at anumang kasunod na mga pagbabago sa planong iyon, o anumang kasunod na mga plano, upang magbigay ng kalidad ng hangin, kalusugan ng publiko, at mga benepisyo sa tirahan.

(b) Sa mga pondong ginawang makukuha ng subdibisyon (a), sampung milyong dolyar (\$10,000,000) ang dapat makuha para sa alinman sa mga sumusunod:

(1) Ang paglikha ng isang Pangangalaga sa Salton Sea.

(2) Ang Awtoridad ng Salton Sea.

91040. (a) Sa mga pondong ginawang makukuha ng Seksyon 91000, isang daan at limampung milyong dolyar (\$150,000,000) ang dapat makuha, sa paglalaan ng Lehislatura, ng Lupon sa Konserbasyon ng mga Hayop para sa mga proyekto alinsunod sa mga alituntunin ng Programa para sa Pagpapabuti ng Agos, kabilang ang pagkuha ng tubig o mga karapatan sa tubig, pagkuha ng lupa na kinabibilangan ng mga karapatan sa tubig o mga karapatang kontraktwal sa tubig, at mga panandalian o pangmatagalang paglilipat at pagpapaupa ng tubig.

(b) Sa mga pondong ginawang makukuha ng subdibisyon (a), limampung milyong dolyar (\$50,000,000) ang dapat makuha ng Lupon sa Konserbasyon ng mga Hayop para sa Programa ng Pagpapahusay at Pagpapanumbalik ng Tirahan ng mga Hayop para sa mga proyekto at programa sa pagpapahusay ng pangisdaan na sumusuporta sa muling pagpasok ng

salmon sa malamig na tirahan ng tubig sa Sacramento at Mga watershed ng San Joaquin Rivers.

91045. Sa mga pondong ginawang makukuha ng Seksyon 91000, dalawampung milyong dolyar (\$20,000,000) ang dapat makuha, sa paglalaan ng Lehislatura, ng ahensiya ng Likas na Yaman para sa mga gawad sa edukasyon sa kalikasan at klima at mga pasilidad ng pananaliksik, mga nonprofit na organisasyon at pampublikong institusyon, mga museo ng kasaysayan ng kalikasan, mga zoo at aquarium ng California na kinikilala ng Samahan ng mga Zoo at Aquarium, at mga geologic heritage site na nagsisilbi sa magkakaibang populasyon. Maaaring gamitin ang mga gawad para sa mga gusali, kagamitan, istruktura, at mga gallery ng exhibit na nagpapakita ng mga koleksyon upang itaguyod ang klima, biodiversity, at karungan sa kultura. Maaaring suportahan ng mga proyekto ang pagbawi ng mga species at proteksyon ng biodiversity upang maisulong ang layunin ng 30x30 na konserbasyon ng estado.

91050. Ang mga proyektong pinondohan alinsunod sa kabanatang ito ay dapat na naaayon sa mga patakaran at alituntunin na itinatag ng Portfolio ng Katatagan sa Tubig, Estratihiya sa Suplay ng Tubig ng California, ng Plano para sa Proteksyon sa Baha ng Gitnang Lambak, at ng Batas sa Napapanatiling Pamamahala ng Tubig mula sa Ilalim ng Lupa (Bahagi 2.74 (nagsisimula sa Seksyon 10720) ng Dibisyon 6 ng Kodigo sa Tubig), kung naaangkop.

KABANATA 3. KATATAGAN SA WILDFIRE AT GUBAT

91500. Ang halagang isang bilyong limang daang milyong dolyar (\$1,500,000,000) ay dapat na makukuha, sa paglalaan ng Lehislatura, para sa pag-iwas sa napakalaking sunog, kabilang ang pagbabawas ng panganib sa sunog sa komunidad at pagpapanumbalik ng kalusugan at katatagan ng mga kagubatan at mga tanawin.

91510. (a) Sa mga pondong ginawang makukuha ng Seksyon 91500, isang daan at tatumpu't limang milyong dolyar (\$135,000,000) ang dapat makuha, sa paglalaan ng Lehislatura, ng Opisina ng Mga Serbisyong Pang-emerhensiya para sa isang programang pagbibigay ng pagpapagaan ng wildfire. Ang Opisina ng Mga Serbisyong Pang-emerhensiya ay dapat makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Panggugubat at Proteksyon ng Sunog sa pangangasiwa ng mga perang ito. Ang programang gawad ay dapat tumulong sa mga lokal at pang-estadong ahensiya upang gamitin ang mga karagdagang pondo, kabilang ang mga katugmang gawad mula sa mga pederal na ahensiya. Maaaring gamitin ang mga pondo upang magbigay ng mga pautang, rebate, direktang tulong, at pagtutugma ng mga pondo para sa mga proyektong pumipigil sa mga wildfire, nagpapataas ng katatagan, nagpapanatili ng mga kasalukuyang proyekto sa pagbabawas ng panganib ng sunog, nagbabawas ng panganib ng wildfire sa mga komunidad, o nagpapataas ng pagtigas ng tahanan o komunidad. Ang mga proyekto ay makikinabang sa mga komunidad na mahihirap, mga komunidad na lubhang mahirap, o mga mahihinang populasyon. Sa mga karapat-dapat na proyekto ay kasama ang, ngunit hindi limitado sa, alinman sa mga sumusunod:

(1) Mga gawad sa mga lokal na ahensiya, ahensiya ng estado, mga awtoridad ng magkasanib na kapangyarihan, mga nonprofit na organisasyon, mga distrito ng konserbasyon ng mapagkukunan, at mga tribo para sa mga proyektong nagbabawas sa mga panganib ng sunog sa mga tao at ari-arian na naaayon sa isang inaprubahang plano sa proteksyon ng wildfire sa komunidad.

(2) Mga gawad sa mga lokal na ahensiya, ahensiya ng estado, mga awtoridad ng magkasanib na kapangyarihan, mga tribo, mga distrito ng konserbasyon ng mapagkukunan,

mga konsehong ligtas sa sunog, at mga nonprofit na organisasyon para sa pagpapatigas ng istruktura ng mga kritikal na imprastruktura ng komunidad, pagpapagaan ng usok ng wildfire, mga evacuation center, kabilang ang mga sentro ng malinis na hangin ng komunidad, mga proyektong nagpapatigas ng istruktura na nagbabawas ng panganib ng sunog para sa buong kapitbahayan at komunidad, mga pagpapahusay ng sistema ng paghahatid ng tubig para sa mga layunin ng pagsugpo sa sunog para sa mga komunidad sa napakataas o mataas na lugar ng peligro ng sunog, mga buffer ng sunog, at mga insentibo upang alisin ang mga istruktura na makabuluhang nagpapataas ng panganib.

(3) Mga gawad, sa pakikipag-ugnayan sa Komisyon sa mga Serbisyong Pamubliko, sa mga lokal na ahensiya, ahensiya ng estado, espesyal na distrito, awtoridad ng pinagsamang kapangyarihan, tribo, at nonprofit na organisasyon para sa zero na emisyon, backup na kuryente, imbakan ng enerhiya, at microgrids para sa kritikal na imprastruktura ng komunidad upang makapagbigay ng pagpapatuloy ng serbisyong elektrikal, binawasan ang pag-aapoy ng wildfire, at para pangalagaan ang mga komunidad mula sa pagkagambala dahil sa mga kaganapan sa deenergization, sunog, o polusyon sa hangin na dulot ng wildfire, matinding init, o iba pang kalamidad.

(4) Mga gawad sa ilalim ng Programa sa Pagpapatibay ng Bahay upang i-retrofit, patigas, o lumikha ng maipagtatanggol na espasyo para sa mga tahanan na may mataas na panganib sa sunog upang maprotektahan ang mga komunidad ng California.

(b) Ang Tanggapan ng mga Serbisyong Pang-emerhensiya at Kagawaran ng Kagubatan at Proteksyon sa Sunog ay dapat unahin ang mga aplikasyon ng pagpopondo para sa pagpapagaan ng wildfire mula sa mga lokal na ahensiya batay sa listahan ng Komunidad para sa Pagbabawas ng Panganib sa Sunog, alinsunod sa Seksyon 4290.1.

(c) Ang Tanggapan ng mga Serbisyong Pang-emerhensiya at Kagawaran ng Kagubatan at Proteksyon sa Sunog ay dapat magbigay ng teknikal na tulong sa mga mahihirap na komunidad, mga komunidad na lubhang mahirap, o mga mahihinang populasyon, kabilang ang mga may access at functional na mga pangangailangan, mga mahihirap na magsasaka o rantsero, at mga lugar na nahihirapan sa ekonomiya upang matiyak na ang programang gawad ay binabawasan ang kahinaan ng mga higit na nangangailangan.

91520. Sa mga pondong ginawang makukuha ng Seksyon 91500, isang bilyon dalawang daan at limang milyong dolyar (\$1,205,000,000) ang dapat makuha, sa paglalaan ng Lehislatura, ng ahensiya ng Likas na Yaman at sa mga kagawaran, lupon, at conservancies nito para sa mga proyekto at gawad upang mapabuti ang lokal na kapasidad sa pag-iwas sa sunog, pagpapabuti ng kalusugan at katatagan ng kagubatan, at bawasan ang panganib ng pagkalat ng wildfire sa mga matataong lugar mula sa mga wildlands. Kung naaangkop, maaaring kabilang sa mga proyekto ang mga aktibidad sa mga lupaing pag-aari ng Estados Unidos. Ang pagpopondo na magagamit ng seksyong ito ay dapat ilaan tulad ng sumusunod:

(a) Isang daan at walumpu't limang milyong dolyar (\$185,000,000) ang dapat makuha ng Programa sa Kakayahan ng Rehiyonal na Kagubatan sa Sunog ng Kagawaran ng Konserbasyon para dagdagan ang kapasidad ng rehiyon na unahin, buuin, at ipatupad ang mga proyektong nagpapabuti sa kalusugan ng kagubatan at katatagan sa sunog, magpatupad ng mga proyekto sa pagpapakita ng paghahanda sa sunog ng komunidad, pinapadali ang pagbabawas ng greenhouse gas emissions, at pataasin ang carbon sequestration sa mga kagubatan at iba pang

mga landscape sa mga rehiyon at sa buong estado. Ang pagpopondo ay dapat ilaan batay, sa abot ng makakaya, sa Plano ng Aksyon para sa Katatagan sa Sunog ng Kagubatan.

(b) Isang daan at pitumpung milyong dolyar (\$170,000,000) ay dapat na magagamit upang ipatupad ang mga proyektong panrehiyon, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga proyektong nasa landscape na binuo ng mga collaborative sa kagubatan gaya ng tinukoy sa Seksyon 4810, mga proyektong binuo ng mga panrehiyong entidad gaya ng tinukoy sa Seksyon 4208, at mga proyekto na nagpapatupad ng mga estratehiya na binuo ng conservancies ng estado sa pamamagitan ng mga block grant at direktang paglalaan ng Lehislatura.

(C) Ang mga kita mula sa buwis sa pagbebenta at paggamit na resibo mula sa isang 3.9375-porsiyento na rate ng buwis para sa Hulyo 1 hanggang Hunyo 30, kasama, ang panahon na magtatapos isang buwan bago ang Hulyo 28 ay mas mababa kaysa sa retail sales at use tax na mga cash na resibo mula sa isang 3.9375-porsiyento na buwis rate para sa Hulyo 1 hanggang Hunyo 30, kasama, na magtatapos sa 13 buwan bago ang pagpapasiya noong Hulyo 28. Ang pagkalkula para sa kondisyong tinukoy sa subparagraph na ito ay dapat gawin tulad ng sumusunod:

(i) Ang Lupon ng Pagkakapantay-pantay ng Estado. ay dapat maglathala sa ika-10 ng bawat buwan sa Internet Web site nito ng kabuuang retail na benta (mga benta bago ang mga pag-sakma) para sa naunang buwan na nakuha mula sa kanilang pang-araw-araw na retail sales at mga ulat ng buwis sa paggamit.

(ii) Ang Lupon ng Pagkakapantay-pantay ng Estado. ay dapat maglathala sa ika-10 ng bawat buwan sa Internet Web site nito ng buwanang salik na kinakailangan upang i-convert ang kabuuang benta ng tingi at paggamit ng buwis ng nakaraang buwan mula sa lahat ng mga rate ng buwis sa isang kabuuang buwis sa tingi at paggamit mula sa 3.9375-porsiyento na rate ng buwis.

(iii) Dapat i-multiply ng Kagawaran ng Pananalapi ang buwanang kabuuan mula sa sugnay (i) sa buwanang salik mula sa sugnay (ii) para sa bawat buwan.

(iv) Dapat isama ng Kagawaran ng Pananalapi ang mga buwanang kabuuan na kinakalkula sa sugnay (iii) upang kalkulahin ang 12-buwan na Hulyo 1 hanggang Hunyo 30, kasama, ang mga kabuuang kailangan para sa paghahambing sa subparagraph na ito.

(2) (A) Sa o bago ang Hulyo 28, 2017, at sa o bago ang bawat Hulyo 28 pagkatapos noon hanggang ang pinakamababang sahod ay ~~labinglimang dolyar (\$15)~~ *labingwalong dolyar (\$18)* kada oras alinsunod sa talata (1) ng subdibisyon (b), upang matiyak na ang kondisyon ng pananalapi ng Pangkalahatang Pondo ay makakasuporta sa susunod na naka-iskedyul na pagtaas ng minimum na sahod, ang Direktor ng Pananalapi ay gagawa ng taun-taon ng pagpapasiya at pagpapatunay sa Gobernador at Lehislatura kung ang Pangkalahatang Pondo ng estado ay magkakaroon ng deficit sa kasalukuyang taon ng pananalapi, o sa alinman sa susunod na dalawang taon ng pananalapi.

(B) Para sa mga layunin ng subdibisyong ito, ang defici ay tinukoy bilang isang negatibong balanse sa Espesyal na Pondo para sa Mga Kawalang-katiyakan sa Ekonomiya, gaya ng itinatadhana sa Seksyon 16418 ng Kodigo ng Pamahalaan, na lumampas, sa ganap na halaga, ng 1 porsiyento ng kabuuang kita at paglilipat ng Pangkalahatang Pondo ng estado, batay sa pinakabagong mga pagtatantiya ng Department of Finance na iniaatas ng Seksyon 12.5 ng Artikulo IV ng Konstitusyon

ng California. Para sa mga layunin ng subdibisyong ito, dapat isama sa mga pagtatantiya ang pagpapalagay na ang pinakamababang pagtaas ng lamang ng sahod na naka-iskedyul para sa susunod na taon ng kalendaryo alinsunod sa subdibisyon (b) ang ipapatupad.

(3) (A) (i) Kung, para sa anumang taon, ang kondisyon sa alinman sa subparagraph (A) o (B) ng talata (1) ay natugunan, at kung ang kondisyon sa subparagraph (C) ng talata (1) ay natugunan, ang Gobernador ay maaaring, sa o bago Agosto 1 ng taong iyon, magsabi sa Lehislatura ng isang unang pagpapasya na pansamantalang suspindihin ang minimum na pagtaas ng sahod na naka-iskedyul alinsunod sa subdibisyon (b) para sa susunod na taon.

(ii) Kung ang Direktor ng Pananalapi ay nagpapatunay sa ilalim ng talata (2) na ang Pangkalahatang Pondo ng estado ay magkakaroon ng deficit sa kasalukuyang taon ng pananalapi, o sa alinman sa mga sumusunod na dalawang taon ng pananalapi, ang Gobernador ay maaaring, sa o bago ang Agosto 1 ng taong iyon ng pananalapi., magsabi sa Lehislatura ng isang paunang pagpapasiya na pansamantalang suspindihin ang minimum na pagtaas ng sahod na naka-iskedyul alinsunod sa subdibisyon (b) para sa susunod na taon.

(B) Kung ang Gobernador ay magbibigay ng abiso sa Lehislatura alinsunod sa subparagraph (A), ang Gobernador ay dapat, sa Setyembre 1 ng alinmang taon, gumawa ng pangwakas na pagpapasiya kung pansamantalang sususpindihin ang mga pagtaas na minimum na sahod na naka-iskedyul alinsunod sa subdibisyon (b) para sa susunod na taon. Ang pagpapasiya na pansamantalang suspindihin ang mga pagtaas na minimum na sahod na naka-iskedyul alinsunod sa subdibisyon (b) para sa susunod na taon ay gagawin sa pamamagitan ng proklamasyon.

(C) Maaaring pansamantalang suspindihin ng Gobernador ang nakatakdang pagtaas ng minimum na sahod alinsunod sa sugnay (ii) ng subparagraph (A) nang hindi hihigit sa dalawang beses.

(D) Kung ang Gobernador ay gumawa ng pangwakas na pagpapasiya na pansamantalang suspindihin ang nakatakdang pagtaas ng minimum na sahod alinsunod sa subdibisyon (b) para sa susunod na taon, ang lahat ng mga petsang tinukoy sa subdibisyon (b) na kasunod ng petsa ng huling pagpapasiya noong Setyembre 1 ay dapat ipagpaliban ng karagdagang taon.

SEK. 4. Pag-amyenda.

Alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksyon 10 ng Artikulo II ng Konstitusyon ng California, ang batas na ito ay maaaring susugan sa pamamagitan ng kasunod na panukalang isinumite sa isang boto ng mga tao sa isang pambuon-estadong halalan. Ang batas na ito ay maaari ding susugan ng 2/3 na boto ng bawat kapulungan ng Lehislatura. Gayunpaman, ang batas na ito ay maaaring amyendahan upang magpatibay ng pagtaas sa pinakamababang sahod ng estado sa mga rate na mas mataas kaysa mga tinukoy dito sa petsa ng pagkakabisa nito sa pamamagitan ng mayoryang boto ng bawat kapulungan ng Lehislatura.

SEK. 5. Maaaring Ihiwalay.

Layunin ng mga tao na ang mga probisyon ng batas na ito ay maaaring ihiwalay at kung ang anumang probisyon ng batas na ito, o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o pangyayari, ay pinaniniwalaang hindi balido, ang naturang kawalan ng bisa ay hindi makakaapekto sa anumang iba pang probisyon o aplikasyon nito. aksyon na maaaring bigyan ng bisa nang wala ang hindi balidong probisyon o aplikasyon.

PROPOSISYON 33

Ang inisyatibang panukala na ito ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Konstitusyon ng California.

Ang inisyatibang panukalang ito ay nagpapawalang-bisa at nagdaragdag ng mga seksyon sa Kodigo Sibil; samakatuwid, ang mga kasalukuyang probisyon na iminumungkahing tanggalin ay naka-print sa tipong *strikeout* at ang mga bagong probisyon na iminumungkahing idagdag ay naka-print sa *tipong italika* upang ipahiwatig na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

Batas para sa Katarungan ng mga Nangungupahan

SEKSYON 1. Ang batas na ito ay dapat kilalanin, at maaaring banggitin, bilang "Batas para sa Katarungan ng mga Nangungupahan."

SEK. 2. Ang Seksyon 1954.40 ay idinaragdag sa Kodigo Sibil, upang mabasang:

1954.40. *Maaaring hindi limitahan ng estado ang karapatan ng anumang lungsod, county, o lungsod at county na mapanatili, magpatibay, o palawakin ang kontrol sa upa ng tirahan.*

SEK. 3. Seksyon 1954.50 ng Kodigo Sibil ay pinawawalang-bisa.

1954.50. *Ang kabanatang ito ay dapat kilalanin at maaaring banggitin bilang Costa-Hawkins Batas sa Paupahang Pabahay.*

SEK. 4. Seksyon 1954.51 ng Kodigo Sibil ay pinawawalang-bisa.

1954.51. *Gaya ng pagkakagamit sa kabanatang ito, ang mga sumusunod na termino ay may mga sumusunod na kahulugan:*

(a) Ang ibig sabihin ng "mga maihahambing na unit" ay mga paupahang unit na may humigit-kumulang na kaparehong living space, may kaparehong bilang ng mga silid-tulugan, matatagpuan sa kapareho o magkatulad na mga kapitbahayan, at nagtatampok ng kapareho, katulad, o pantay na mga amenity at serbisyo sa pabahay.

(b) Kasama sa "May-ari" ang sinumang tao, na kumikilos bilang prinsipal o sa pamamagitan ng isang ahente, na may karapatang mag-alok ng residential real property para sa upa, at kasama ang isang hinalinhan sa interes sa may-ari, maliban sa ang terminong ito ay hindi isinasama ang may-ari o operator ng isang mobilehome parke, o ang may-ari ng isang mobilehome o ang kanyang ahente.

(c) Ang ibig sabihin ng "kasalukuyang upa sa merkado" ay ang rental rate na papahintulutan alinsunod sa 42 U.S.C.A. 1437 (f), ayon sa kinakula ng Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad ng Lungsod ng Estados Unidos alinsunod sa Bahagi 888 ng Titulo 24 ng Kodigo ng mga Pederal na Regulasyon.

(d) Ang "pampublikong entity" ay may kaparehong kahulugan tulad ng nakalagay sa Seksyon 811.2 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(e) Kasama sa "residential real property" ang anumang tirahan o yunit na nilalayan para sa tirahan ng tao.

(f) Kasama sa "Pangungupahan" ang legal na pag-okupa sa ari-arian at kasama ang isang lease o sublease.

SEK. 5. Seksyon 1954.52 ng Kodigo Sibil ay pinawawalang-bisa.

1954.52. (a) Sa kabila ng anumang ibang probisyon ng batas, ang isang may-ari ng residential real property ay maaaring magtatag ng inisyat at lahat ng kasunod na mga rate ng pag-upa para sa isang tirahan o isang unit kung saan ang alinman sa mga sumusunod ay totoo:

(1) Mayroon itong certificate of occupancy na inisyu pagkatapos ng Pebrero 1, 1995.

(2) Ito ay na-exempt na mula sa ordinansa sa pagkontrol sa upa ng tirahan ng isang pampublikong entity noong o bago ang Pebrero 1, 1995, alinsunod sa isang lokal na exemption para sa mga bagong gawang unit.

(3) (A) Ito ay alienable nang hiwalay sa titulo sa anumang iba pang unit ng tirahan o isang subdivided na interes sa isang subdivisyon, gaya ng tinukoy sa subdivisyon (b); (d); o (f) ng Seksyon 11004.5 ng Kodigo ng Negosyo at Propesyon.

(B) Ang talatang ito ay hindi nailalapat sa alinman sa mga sumusunod:

(i) Isang tirahan o unit kung saan ang naunang pangungupahan ay winakasan ng may-ari sa pamamagitan ng paunawa alinsunod sa Seksyon 1946.1 o winakasan sa pagbabago sa mga tuntunin ng pangungupahan na ipinaunawa alinsunod sa Seksyon 827.

(ii) Isang condominium na tirahan o unit na hindi naibenta nang hiwalay ng subdivider sa isang bona fide na bumibili para sa halaga. Ang unang halaga ng upa ng unit para sa mga layunin ng kabanatang ito ay ang legal na upa na may bisa noong Mayo 7, 2001, maliban kung ang halaga ng upa ay pinamamahalaan ng ibang probisyon ng kabanatang ito. Gayunpaman, kung ang isang condominium na tirahan o unit ay nakakatugon sa pamantayan ng talata (1) o (2) ng subdivisyon (a), o kung ang lahat ng mga tirahan o unit maliban sa isa ay ibinenta nang hiwalay ng subdivider sa mga bona fide na mamimili para sa halaga, at inokupahan ng subdivider ang natitirang hindi nabentang condominium na tirahan o unit bilang kanyang pangunahing tirahan sa loob ng hindi bababa sa isang taon pagkatapos maganap ang subdivisyon, pagkatapos ay dapat ilapat ang subparagraph (A) ng talata (3) sa hindi nabentang condominium na tirahan o unit.

(C) Kung ang isang tirahan o unit kung saan ang una o kasunod na mga rate ng pag-upa ay kinokontrol ng isang ordinansa o probisyon ng charter na may bisa noong Enero 1, 1995, ang mga sumusunod ay dapat ilapat:

(i) Ang isang may-ari ng real property gaya ng inilalarawan sa talatang ito ay maaaring magtatag ng inisyat at lahat ng kasunod na mga rate ng pag-upa para sa lahat ng umiiral at bagong pangungupahan na may bisa sa o pagkatapos ng Enero 1, 1999, kung ang pangungupahan na may bisa sa o pagkatapos ng Enero 1, 1999, ay ginawa sa pagitan ng Enero 1, 1996, at Disyembre 31, 1998.

(ii) Magsisimula sa Enero 1, 1999, ang isang may-ari ng real property gaya ng inilalarawan sa talatang ito ay maaaring magtatag ng inisyat at lahat ng kasunod na mga rate ng pag-upa para sa lahat ng mga bagong pangungupahan kung ang nakaraang pangungupahan ay may bisa noong Disyembre 31, 1995.

(iii) Ang paunang rate ng pagrenta para sa isang tirahan o unit gaya ng inilalarawan sa talatang ito kung saan ang paunang rate ng pagrenta ay kinokontrol ng isang ordinansa o probisyon ng charter na may bisa noong Enero 1, 1995, ay hindi maaaring; hanggang Enero 1, 1999, lumampas sa halagang kinakalkula alinsunod sa subdivisyon (c) ng Seksyon 1954.53. Ang isang may-ari ng residential real property gaya ng inilalarawan sa talatang ito ay maaaring, hanggang Enero 1, 1999, magtatag ng paunang rate ng pag-upa para sa isang tirahan o unit

kung saan ang nangungupahan ay boluntaryong umalis, nag-abandona, o pinalayas alinsunod sa talata (2) ng Seksyon 1161 ng Kodigo ng Pamamaraan Sibil.

(b) Ang subdibisyon (a) ay hindi nailalapat kung ang may-ari ay sumang-ayon sa pamamagitan ng kontrata sa isang pampublikong entidad bilang pagsasaalang-alang para sa isang direktang kontribusyon sa pananalapi o anumang iba pang mga anyo ng tulong na tinukoy sa Kabanata 4.3 (nagsisimula sa Seksyon 65915) ng Dibisyon 1 ng Titulo 7 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(c) Walang anuman sa seksyong ito ang dapat ipakahulugan na makakaapekto sa awtoridad ng isang pampublikong entidad na maaaring umiral sa ibang paraan upang ayusin o subaybayan ang batayan para sa pagpapaalis.

(d) Ang seksyong ito ay hindi ilapat sa anumang tirahan o unit na naglalaman ng malubhang kalusugan, kaligtasan, sunog, o mga paglabag sa kodigo ng gusali, hindi kasama ang mga sanhi ng mga sakuna kung saan ang isang citation ay inisyu ng naaangkop na ahensiya ng pamahalaan at kung saan ay nanatiling walang tigil sa loob ng anim na buwan o mas matagal bago ang bakante.

SEK. 6. Seksyon 1954.53 ng Kodigo Sibil ay pinawalang-bisa.

1954.53.—(a) Sa kabila ng anumang iba pang probisyon ng batas, ang isang may-ari ng residensyal na lupa't bahay ay maaaring magtatag ng paunang rate ng rental para sa isang tirahan o unit, maliban kung ang alinman sa mga sumusunod ay naaangkop:

(1) Ang nakaraang pangungupahan ay winakasan ng may-ari sa pamamagitan ng paunawa alinsunod sa Seksyon 1946.1 o winakasan sa pagbabago sa mga tuntunin ng pangungupahan na ipinaunwa alinsunod sa Seksyon 827, maliban sa pagbabagong pinahihintulutan ng batas sa halaga ng upa o mga bayarin. Para sa layunin ng talatang ito, ang pagwawakas o hindi pag-renew ng may-ari ng isang kontrata o naitalang kasunduan sa isang ahensiya ng pamahalaan na nagbibigay ng limitasyon sa upa sa isang kwalipikadong nangungupahan, ay dapat ituring na pagbabago sa mga tuntunin ng pangungupahan alinsunod sa Seksyon 827.

(A) Sa isang hurisdiksyon na kumokontrol sa pamamagitan ng ordinansa o probisyon ng charter sa rate ng pag-upa para sa isang tirahan o unit, ang isang may-ari na nagwawakas o nabigong mag-renew ng kontrata o naitalang kasunduan sa isang ahensiya ng pamahalaan na nagbibigay ng limitasyon sa upa sa isang kwalipikadong nangungupahan ay hindi maaaring magtakda ng paunang upa sa loob ng tatlong taon kasunod ng petsa ng pagwawakas o hindi pag-renew ng kontrata o kasunduan. Para sa anumang bagong pangungupahan na itinatag sa loob ng tatlong taon, ang rate ng upa para sa isang bagong pangungupahan na itinatag sa nabakanteng tirahan o yunit na iyon ay kapareho ng halaga ng upa sa ilalim ng winakasan o hindi na-renew na kontrata o naitalang kasunduan sa isang ahensiya ng pamahalaan na nagbibigay para sa limitasyon sa upa sa isang kwalipikadong nangungupahan, kasama ang anumang mga pagtaas na pinahintulutan pagkatapos ng pagwawakas o pagkansela ng kontrata o naitalang kasunduan.

(B) Ang subparagraph (A) ay hindi nailalapat sa anumang bagong pangungupahan ng 12 buwan o higit pang tagal na itinatag pagkatapos ng Enero 1, 2000, alinsunod sa kontrata ng may-ari o naitalang kasunduan sa isang ahensiya ng pamahalaan na nagbibigay ng limitasyon sa upa sa isang kwalipikadong nangungupahan, maliban kung ang naunang pagkabakante sa tirahan o unit na iyon ay alinsunod sa isang hindi na-renew o nakanselang kontrata o naitalang kasunduan sa isang ahensiya ng pamahalaan na nagbibigay ng limitasyon

sa upa sa isang kwalipikadong nangungupahan gaya ng nakasaad sa subparagraph na iyon.

(2) Ang may-ari ay sumang-ayon sa pamamagitan ng kontrata sa isang pampublikong entidad bilang pagsasaalang-alang para sa isang direktang pinansiyal na kontribusyon o anumang iba pang anyo ng tulong na tinukoy sa Kabanata 4.3 (nagsisimula sa Seksyon 65915) ng Dibisyon 1 ng Titulo 7 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(3) Ang paunang rate ng pagrenta para sa isang tirahan o unit na ang unang rate ng pagrenta ay kinokontrol ng isang ordinansa o probisyon ng charter na may bisa noong Enero 1, 1995, ay hindi maaari hanggang Enero 1, 1999, na lumampas sa halagang kinakalkula alinsunod sa subdibisyon (c).

(4) (A) Sa kabila ng anumang iba pang batas, para sa isang tirahan o yunit na napapailalim sa isang ordinansa o probisyon ng charter na kumokontrol sa rate ng pagrenta ng tirahan o unit, ang hurisdiksyon na nagpatibay ng ordinansa o probisyon ng charter ay maaaring mangailangan ng may-ari ng residential real property na pahintulutan ang isang nangungupahan, na hindi napapailalim sa pagpapalayas para sa hindi pagbabayad at may permanenteng pisikal na kapansanan gaya ng tinukoy sa subdibisyon (m) ng Seksyon 12926 ng Kodigo ng Pamahalaan at na kaugnay ng kadaliang kumilos upang lumipat sa isang magagamit na maihahambing o mas maliit na unit na matatagpuan sa isang madaling mapuntahan na palapag ng ari-arian. Ang isang may-ari na napapailalim sa isang iniaatas na itinatag alinsunod sa talatang ito na kinakailangan upang igawad ang kahilingan ng isang nangungupahan para sa isang makatwirang akomodasyon na may kaugnayan sa pisikal na kapansanan ng nangungupahan, pagkatapos na sumunod sa anumang kinakailangan upang makisali sa isang interactive na proseso kasama ang nangungupahan, kabilang ang Mga Seksyon 12177 hanggang sa 12180, kasama, ng Titulo 2 ng Kodigo ng Mga Regulasyon ng California, ay dapat magpapahintulot sa nangungupahan na panatilihin ang kanilang pag-upa sa parehong rate ng pag-upa at mga tuntunin ng kasalukuyang pag-upa kung naaangkop ang lahat ng sumusunod:

(i) Ang paglipat ay tinutukoy na kinakailangan upang matugunan ang pisikal na kapansanan ng nangungupahan na may kaugnayan sa kadaliang kumilos.

(ii) Walang operational elevator na nagsisilbi sa sahig ng kasalukuyang tirahan o unit ng nangungupahan.

(iii) Ang bagong tirahan o unit ay nasa parehong gusali o sa parehong parselang na may hindi bababa sa apat na iba pang mga unit at kabahagi ng kaparehong may-ari.

(iv) Ang bagong tirahan o unit ay hindi nangangailangan ng pagsasaayos upang makasunod sa mga naaangkop na kinakailangan ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.

(v) Ang naaangkop na rent control board o awtoridad ay nagpasiya na ang may-ari ay patuloy na makakatanggap ng isang patas na rate ng pagbalik o nag-aalok ng isang administratibong pamamaraan na nagtitiyak ng isang patas na rate ng pagbalik para sa bagong unit.

(vi) Ang nangungupahan, na hindi napapailalim sa pagpapaalis dahil sa hindi pagbabayad at may permanenteng pisikal na kapansanan gaya ng tinukoy sa subdibisyon (m) ng Seksyon 12926 ng Kodigo ng Pamahalaan at kaugnay ng kadaliang kumilos, ay nagbibigay sa may-ari ng nakasulat na kahilingang lumipat sa isang available na maihahambing o mas maliit na unit na matatagpuan sa isang naa-access na palapag ng ari-arian bago maging available ang unit na iyon.

(B) Ang anumang depositong panseguridad na binayaran ng nangungupahan kaugnay ng kanilang pagrenta ng tirahan o unit na nabakante ay dapat pangasiwaan alinsunod sa

Seksyon 1950.5 sa paglipat ng nangungupahan alinsunod sa talatang ito:

(C) Ang talatang ito ay hindi dapat ilapat maliban kung ang lahat ng mga nangungupahan sa pag-arkila ay sumang-ayon na lumipat sa magagamit na maihahambing o mas maliit na unit na matatagpuan sa isang mapupuntahan na palapag ng ari-arian alinsunod sa kahilingan ng nangungupahan na may pisikal na kapansanan.

(D) Para sa mga layunin ng talatang ito, ang ibig sabihin ng “maihahambing o mas maliit na unit” ay isang tirahan o unit na pareho o mas mababa sa bilang ng mga silid-tulugan at banyo, square footage, at mga puwang sa paradahan gaya ngg-unit na ginagawang bakante.

(E) Ang talatang ito ay hindi dapat ilapat kung ang may-ari, o ang kanilang asawa, domestic partner, mga anak, apo, magulang, o lolo't lola, ay nagnanais na sakupin ang available na maihahambing o mas maliit na unit na matatagpuan sa isang mapupuntahan na palapag ng ari-arian.

(F) Ang mga iniaatas ng talatang ito ay dapat na karagdagan sa anumang iba pang makatarungang batas sa pabahay, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, Batas sa Pantay na Empleo at Pabahay ng California (Bahagi 2.8 (nagsisimula sa Seksyon 12900) ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), ang Batas sa Karapatang Sibil ng Unruh (Seksyon 51), ang pederal na Batas sa Pantay na Pabahay (42 U.S.C. SEK. 3601 et seq.), at anumang nagpapatupad na mga regulasyon sa ilalim nito.

(G) Ang talatang ito ay hindi dapat ipakahulugan na pinipigilan ang mga may-ari ng residensyal na lupa't bahay sa pagbibigay ng mga makatwirang kaluwagan upang baguhin ang mga unit ng pabahay at panatilihin ang umiiral na lease sa parehong rate at mga tuntunin sa pag-upa upang matugunan ang anumang kapansanan, gaya ng tinukoy sa subdibisyon (m) ng Seksyon 12926 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(b) Ang subdibisyon (a) ay nailalapat sa, at kabilang ang, pag-renew ng unang pagkuha ng parehong nangungupahan, lessee, awtorisadong subtenant, o awtorisadong sublessee para sa buong panahon ng kanilang occupancy sa rate ng pag-upa na itinakda para sa unang pagkuha.

(c) Ang rate ng pag-upa ng isang tirahan o unit na ang unang rate ng pagrenta ay kinokontrol ng ordinansa o probisyon ng charter na may bisa noong Enero 1, 1995, ay dapat, hanggang Enero 1, 1999, na itatag alinsunod sa subdibisyong ito. Kung ang dating nangungupahan ay boluntaryong umalis, nag-abandona, o pinalayas alinsunod sa talata (2) ng Seksyon 1161 ng Kodigo ng Pamamaraang Sibil, ang isang may-ari ng residential real property ay maaaring, nang hindi hihigit sa dalawang beses, na magtatag ng paunang rate ng pag-upa para sa isang tirahan o yunit sa halagang hindi hihigit sa 15 porsiyentong higit sa rate ng pag-upa na may bisa para sa kaagad na naunang pangungupahan o sa halagang 70 porsiyento ng umiiral na upa sa merkado para sa maihahambing na mga unit, alinmang halaga ang mas malaki.

Ang unang rate ng pagrenta na itinatag alinsunod sa subdibisyon na ito ay hindi maaaring palitan o palitan ang mga pagtaas sa mga rate ng pag-upa kung hindi man ay pinahintulutan alinsunod sa batas:

(d) (1) Wala sa seksyong ito o anumang iba pang probisyon ng batas ang dapat ipakahulugan na humahadlang sa malinaw na pagtatatag sa isang lease o kasunduan sa pagrenta ng mga rate ng pagrenta na ilalapat kung sakaling sublet ang nangungupahang yunit na napapailalim doon. Wala sa seksyong ito ang dapat ipakahulugan na pumipinsala sa mga obligasyon ng mga kontratang pinasok bago ang Enero 1, 1996.

(2) Kung hindi na permanenteng naninirahan doon ang orihinal na naninirahan o mga naninirahan na nagmamay-ari ng tirahan o unit alinsunod sa kasunduan sa pagrenta sa may-ari, maaaring taasan ng may-ari ang upa sa anumang halagang pinapayagan ng seksyong ito sa isang legal na sublessee o assignee na hindi naninirahan sa tirahan o yunit bago ang Enero 1, 1996.

(3) Ang subdibisyong ito ay hindi nailalapat sa mga bahagyang pagbabago sa occupancy ng isang tirahan o unit kung saan ang isa o higit pa sa mga naninirahan sa lugar, alinsunod sa kasunduan sa may-ari na ibinigay para sa itaas; ay nananatiling isang nakatira sa legal na pagmamay-ari ng tirahan o unit, o kung saan ang isang legal na sublessee o assignee na naninirahan sa tirahan o unit bago ang Enero 1, 1996, ay nananatiling nagmamay-ari ng tirahan o unit. Walang anumang nilalaman sa seksyong ito ang dapat ipakahulugan na palalakihin o babawasan ang karapatan ng isang may-ari na pigilin ang pahintulot sa isang sublease o pagtatalaga.

(4) Ang pagtanggap ng upa ng may-ari ay hindi gumagana bilang isang waiver o kung hindi man ay pumipigil sa pagpapatupad ng isang covenant na nagbabawal sa sublease o pagtatalaga o bilang isang waiver ng mga karapatan ng isang may-ari na itatag ang unang rate ng pagrenta, maliban kung ang may-ari ay nakatanggap ng nakasulat na abiso mula sa nangungupahan na partido sa kasunduan at pagkatapos ay tinanggap ang upa.

(e) Walang anuman sa seksyong ito ang dapat ipakahulugan na makakaapekto sa anumang awtoridad ng isang pampublikong entity na maaaring umiral sa ibang paraan upang ayusin o subaybayan ang mga batayan para sa pagpapaalis.

(f) Ang seksyong ito ay hindi nailalapat sa anumang tirahan o unit kung ang lahat ng sumusunod na kondisyon ay natutugunan:

(1) Ang tirahan o unit ay binanggit sa isang ulat ng inspeksyon ng naaangkop na ahensiya ng pamahalaan bilang naglalaman ng mga seryosong paglabag sa kalusugan, kaligtasan, sunog, o gusali, gaya ng tinukoy ng Seksyon 17920.3 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, hindi kasama ang anumang paglabag na dulot ng isang kalamidad.

(2) Ang citation ay inisyu nang hindi bababa sa 60 araw bago ang petsa ng pagkabakante.

(3) Ang binanggit na paglabag ay hindi pa nabawasan nang ang naunang nangungupahan ay umalis at nanatiling walang tigil sa loob ng 60 araw o para sa mas mahabang panahon. Gayunpaman, ang 60-araw na panahon ay maaaring palawigin ng naaangkop na ahensiya ng pamahalaan na nagbigay ng citationi.

SEK. 7. Kung ang anumang probisyon ng batas na ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o mga pangyayari ay pinaniniwalaang hindi balido, ang kawalan ng bisa na iyon ay hindi makakaapekto sa iba pang mga probisyon o aplikasyon ng batas na maaaring magkabisa nang walang hindi balidong probisyon o aplikasyon, at sa layuning ito ang mga probisyon ng ang batas na ito ay maaaring ihiwalay.

PROPOSISYON 34

Ang inisyatibang panukalang ito ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Konstitusyon ng California.

Ang inisyatibong panukalang ito ay nagdaragdag ng mga seksyon sa Kodigo ng Kapakanan at mga Institusyon. samakatuwid, ang mga bagong probisyon sa iminumungkahing

idagdag ay naka-print sa *tipong italika* upang ipahiwatig na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSYON 1. Ang Artikulo 3.3 (nagsisimula sa Seksyon 14124.39) ay idinaragdag sa Kabanata 7 ng Bahagi 3 ng Dibisyon 9 ng Kodigo ng Kapakanan at mga Institusyon, upang mabasang

Artikulo 3.3. Batas sa Proteksyon ng mga Pasyente Ngayon ng 2024

14124.39. *Titulo*

Ang artikulong ito ay dapat makilala at maaaring banggitin bilang ang Batas sa Proteksyon ng mga Pasyente Ngayon ng 2024.

14124.40. *Mga Napag-alaman at Deklarasyon*

(a) Noong 1992, ang pederal na pamahalaan ay nagtatag ng isang programa na nagbibigay ng access sa mga safety net na tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan sa mga may diskwentong inireresetang gamot. Ang layunin ng batas ay para gamitin ng mga safety net na tagapagbigay ng sapangangalagang pangkalusugan ang mga may diskwentong gamot upang gamutin ang mga pasyenteng “medikal na hindi nakaseguro, sa mga marginal na kita at walang ibang mga mapagkukunang mapupuntahan para sa mga serbisyong pang-iwas at pangunahing pangangalaga” at para “maabot [] mas karapat-dapat na mga pasyente at magbigay ng [] mas komprehensibong mga serbisyo” sa “mababa ang kita at pinakamahina na mga pasyente.” (H.R. Rep. No. 102-384 (Bahagi 2), at 12 (1992)(Conf. Rep.)). Ang programa ay hindi nilalayon na gamitin ng mga safety net na tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan upang makaipon ng napakalaking yaman na umaabot sa daan-daang milyong dolyar o higit pa.

(b) Sa kasamaang palad, ang ilang mga safety net na tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ay minamanipula ang programa upang makatanggap ng napakalaking markup sa mga may diskwentong inireresetang gamot na kanilang natatanggap at pagkatapos ay sisingilin ang mga nagbabayad ng buwis ng karagdagang halaga. Sa halip na gamitin ang napakalaking windfall na ito upang tulungan ang mga pasyente, ginamit ng pinakamasamang nagkasala ang kanilang mga kayamanan upang bumili ng mga mararangyang condominium sa baybayin, nag-aksaya ng daan-daang milyong dolyar sa mga nabigong kampanyang pampolitika, naglagay ng mga halal na pulitiko sa kanilang mga payroll, at nakakuha ng mga multifamily housing complex para sa mababa ang kita na pinapatakbo bilang mga slum. Ang pag-abuso sa mga netong kita na nabuo sa pamamagitan ng programang may diskwento sa inireresetang gamot sa ganitong paraan ay hindi nagreresulta sa mas mabuting pangangalagang pangkalusugan para sa mga pasyenteng may mababang kita. Sa halip, niloloko nito ang mga pasyenteng may mababang kita mula sa pangangalagang nararapat sa kanila at niloloko ang mga nagbabayad ng buwis na sa huli ay nagbabayad ng bayarin.

(c) Tinapos na ni Gobernador Newsom ang ganitong uri ng panloloko sa inireresetang gamot sa programang Medi-Cal sa pamamagitan ng Kautusang Pangkalahatan N-01-19, na nag-aatas sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalaga sa Kalusugan na ilipat ang mga serbisyo ng parmasya ng Medi-Cal mula sa mga kaayusan na madaling masamantala ng mga scam sa presyo. Kilala bilang programang Medi-Cal Rx, nakakamit nito ang mga matitipid sa gastos para sa mga pagbili ng inireresetang gamot na ginawa ng estado, isinastandar ang benepisyo sa parmasya sa buong estado para sa lahat ng

pasyente ng Medi-Cal, pinatataas ang pangkalahatang access, at inaalis ang kakayahan ng mga manipulator ng presyo ng inireresetang gamot na nakawan ang sistema sa pamamagitan ng Medi-Cal. Gayunpaman, ang iba pang mga kahinaan sa mga programa ng gamot na pinondohan ng nagbabayad ng buwis na pinagsasamantalahan pa rin ng mga manipulator ng presyo ay hindi pa natutugunan.

(d) Kailangang gawing permanente ng California ang pagtitipid sa gastos na nakamit sa pamamagitan ng programang Medi-Cal Rx. Higit pa rito, ang mga karagdagang reporma ay kinakailangan upang maprotektahan ang mga dolyar ng nagbabayad ng buwis at matulungan ang mga nangangailangang pasyente sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mga manipulator sa presyo ng inireresetang gamot ay inaatasang tapusin ang iba pang mga scam upang patuloy na magpatakbo sa ating estado.

14124.41. *Pahayag ng Intensiyon*

Sa pagsasabatas ng artikulong ito, ang layunin at intensiyon ng mga tao ng Estado ng California ay gawin ang lahat ng sumusunod:

(a) Upang permanenteng pahintulutan ang programang Medi-Cal Rx upang ang pinalawak na access ng pasyente at pagtitipid sa gastos ay maipagpatuloy magpakailanman.

(b) Upang protektahan ang mga pasyente at nagbabayad ng buwis sa pamamagitan ng pagwawakas sa iba pang mga scam sa pagpresyo ng inireresetang gamot na ginagawa pa rin sa ating estado sa pamamagitan ng programang diskwento sa inireresetang gamot.

(c) Upang magpataw ng mahigpit na pananagutan sa mga manipulator ng presyo ng inireresetang gamot sa pamamagitan ng pag-aatas sa kanila na gumastos ng hindi bababa sa 98 porsyento ng kanilang mga netong kita na nabuo sa estadong ito sa pamamagitan ng programa ng diskwento sa inireresetang gamot sa direktang pangangalaga ng pasyente.

(d) Upang matiyak na ang mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na may track record ng panloloko sa programang may diskwento sa inireresetang gamot ay muling nakatuon sa pagbibigay ng direktang pangangalaga sa pasyente o mawawala ang kanilang mga pribilehiyo at benepisyong ibinibigay ng estado, kabilang ang pagsuspinde at pagbawi ng mga lisensiya, pagkawala ng pondo ng estado at lokal na gawad, at pag-aalis ng katayuang tax-exempt ng California.

14124.42. *Permanenteng Awtorisasyon para sa Medi-Cal Rx Program*

Ang Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Estado ay awtorisadong magkaloob at mangasiwa ng mga serbisyo ng parmasya ng Medi-Cal sa ilalim ng isang sistema ng paghahatid ng bayad-para-serbisyo sa buong estado.

14124.43. *Limitasyon sa mga Kasunduan sa Pagbebenta ng Parmasya na Kinasasangkutan ng mga Manipulator ng Presyo ng Inireresetang Gamot*

(a) Sa at pagkatapos ng Enero 1, 2025, ang isang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot ay hindi dapat pumasok, o lumahok sa, isang kasunduan sa pagbebenta ng parmasya na nailalapat sa, nagpatakbo sa, o naglalayon o nagmumungkahi na magpatakbo o mag-aplay sa, estadong ito maliban kung ang manipulator ng presyo inireresetang gamot ay sumusunod sa Seksyon 14124.44.

(b) Anumang kasunduan sa pagbebenta ng parmasya na kinasasangkutan ng manipulator ng presyo ng inireresetang gamot na hindi sumusunod sa Seksyon 14124.44 ay, simula noong Enero 1, 2025, salungat sa pampublikong patakaran at

walang bisa at hindi maipapatupad hangga't ang kasunduan sa pagbebenta ng parmasya ay nailalapat, nagpatakbo sa, o nagnanais o nagmumungkahi na magpatakbo sa o mag-aplay sa, estadong ito.

14124.44. Mga Kinakailangan sa Proteksyon ng Pasyente na Ipinataw sa mga Manipulator ng Presyo ng Inireresetang Gamot

Sa kabila ng anumang iba pang probisyon ng batas, sa at pagkatapos ng Enero 1, 2025, ang isang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot ay magiging karapat-dapat lamang para sa tax-exempt na status sa estadong ito o maging lisensiyado upang magpatakbo bilang isang parmasya, isang plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, o isang klinika sa estadong ito kung sumusunod ito sa lahat ng sumusunod na kinakailangan:

(a) Sa nakaraang taon ng kalendaryo, ang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot ay gumastos ng hindi bababa sa 98 porsiyento ng mga netong kita na nalikha nito sa California mula sa paglahok sa programang may diskwento sa inireresetang gamot sa direktang pangangalaga ng pasyente.

(b) Sa nakaraang taon ng kalendaryo, ang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot ay hindi nakikibahagi sa anumang di-propesyonal na pag-uugali, hindi tapat na pakikitungo, o pag-uugaling masama sa pampublikong kalusugan, kapakanan, o kaligtasan ng mga tao ng Estado ng California.

14124.45. Pangangasiwa sa mga Manipulator ng Presyo ng Inireresetang Gamot

(a) (1) Upang matukoy ang pagsunod sa Seksyon 14124.44, sa at pagkatapos ng Enero 1, 2025:

(A) Ang isang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot na nagtataglay ng tax-exempt na katayuan sa estadong ito ay dapat taun-taon na magsumite sa Pangkalahatang Abugado ng isang detalyadong accounting para sa naunang taon ng kalendaryo ng parehong kabuuan at netong kita sa buong estado ng California at sa buong bansa na nabuo mula sa pakikilahok sa programa ng diskwento sa inireresetang gamot at pati na rin kung paano ginastos ang mga netong kita na iyon.

(B) Ang isang manipulator sa presyo ng inireresetang gamot na may hawak na lisensiya sa parmasya sa estadong ito ay dapat taunang magsumite sa Lupon ng Parmasya ng Estado ng California ng isang detalyadong accounting para sa naunang taon ng kalendaryo ng parehong kabuuan at netong kita sa buong estado ng California at sa buong bansa na nabuo mula sa pakikilahok sa programang diskwento sa inireresetang gamot pati na rin kung paano ginastos ang mga netong kita na iyon.

(C) Ang isang manipulator sa presyo ng inireresetang gamot na may hawak na lisensiya ng plano sa serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan sa estadong ito ay dapat na taunang magsumite sa Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalaga sa Kalusugan ng isang detalyadong accounting para sa naunang taon ng kalendaryo ng parehong mga kabuuang kita at netong kita sa California sa buong estado at sa buong bansa na nabuo mula sa pakikilahok sa programang may diskwento sa inireresetang gamot pati na rin kung paano ginasta ang mga netong kita na iyon.

(D) Ang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot na may hawak na lisensiya ng klinika sa estadong ito ay dapat taunang magsumite sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado ng isang detalyadong accounting para sa naunang taon ng kalendaryo ng parehong kabuuan at netong kita sa buong estado ng California at buong bansa na nalikha mula sa pakikilahok sa programang inireresetang gamot na may

diskwento pati na rin kung paano ginastos ang mga netong kita na iyon.

(2) Napag-alaman at ipinahahayag ng mga tao ng California sa pamamagitan nito na, katulad ng pangangailangan para sa mula sa labas ng estado na impormasyon sa ilalim ng Kabanata 17 (nagsisimula sa Seksyon 25101) ng Bahagi 11 ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, kinakailangan para sa mga manipulator ng presyo ng inireresetang gamot na magbigay ng impormasyon sa pareh ong estado ng California at sa buong bansa na gross at net na mga kita upang matiyak ang wastong paglalaan ng mga kita sa loob ng estado at labas ng estado.

(b) Bilang karagdagan sa anumang iba pang awtoridad na iginawad ng artikulong ito, maaaring gawin ng Pangkalahatang Abugado, ng Lupon ng Parmasya ng Estado ng California, ang Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalaga sa Kalusugan, at ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado ang alinman sa mga sumusunod:

(1) I-standardize ang mga kinakailangang nilalaman ng detalyadong accounting na kailangang isumite alinsunod sa seksyong ito.

(2) Humiling mula sa isang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot ng anumang iba pang impormasyon na itinuturing na kinakailangan o maginhawa upang matukoy ang pagsunod sa mga kinakailangan na itinakda sa Seksyon 14124.44.

(c) Ang lahat ng impormasyong isinumite alinsunod sa seksyong ito ay dapat isumite sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag.

(d) (1) Ang lahat ng impormasyong pinansyal na isinumite sa Pangkalahatang Abugado, sa Lupon ng Parmasya ng Estado ng California, ang Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalaga sa Kalusugan, at ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado na nauukol sa alinman sa mga sumusunod ay dapat ituring na kumpidensyal at sensitibong impormasyon ng negosyo na hindi kasama sa pampublikong pagsisiwalat:

(A) Mga partikular na presyo o halagang binayaran ng, o sinisingil sa, isang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot para sa mga partikular na inireresetang gamot na nakuha ng manipulator ng presyo ng inireresetang gamot sa pamamagitan ng programang diskwento sa inireresetang gamot.

(B) Mga partikular na presyo o halagang sinisingil ng, o binayaran sa, manipulator ng presyo ng inireresetang gamot para sa mga partikular na inireresetang gamot na nakuha nito sa pamamagitan ng programang may diskwento na inireresetang gamot.

(2) (A) Ang kabuuang pinagsama-samang gross at netong kita na nalikha ng isang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot sa pamamagitan ng programang may diskwento sa inireresetang gamot ay hindi saklaw ng subdibisyong ito hangga't ang mga numero ay hindi naghahayag ng partikular na impormasyong inilalarawan sa subparagraph (A) o (B) ng talata (1).

(B) Pagkatapos alisin o hindi ipakilala ang nagbigay ng partikular na impormasyong inilalarawan sa mga subparagraph (A) at (B) ng talata (1), ang Pangkalahatang Abugado, ang Lupon ng Parmasya ng Estado, ang Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalaga sa Kalusugan, at ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado ay dapat magsapubliko ng kabuuang pinagsama-samang statewide at nationwide gross at net revenues na kapag hiniling.

(e) (1) Ang Pangkalahatang Abugado, ang Lupon ng Parmasya ng Estado ng California, ang Kagawaran ng

Pinamamahalaang Pangangalaga sa Kalusugan, at ang Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Estado ay dapat magkatuwang na magtatag ng takdang oras bawat taon para sa isang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot upang isumite ang impormasyong kinakailangan ng seksyong ito.

(2) Para sa taon ng kalendaryo 2025, ang deadline ay hindi lalampas sa Disyembre 31, 2025.

(3) Ang isang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot na nabigong magsumite ng kinakailangang impormasyon sa takdang oras na itinakda alinsunod sa subdibisyong ito ay dapat ituring na hindi sumusunod sa mga kinakailangan ng Seksyon 14124.44 para sa naaangkop na taon ng kalendaryo, ayon sa mga pamamaraang itinakda sa subdibisyon (b) ng Seksyon 14124.46.

(f) Ang Pangkalahatang Abugado, ang Lupon ng Parmasya ng Estado ng California, ang Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalaga sa Kalusugan, at ang Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Estado ay maaaring magpataw ng bayad sa isang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot para sa mga gastos na kaugnay ng konklusyon kung ang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot ay sumusunod sa mga kinakailangan ng Seksyon 14124.44 sa nakaraang taon ng kalendaryo. Ang mga singil ay hindi lalampas sa mga makatwirang gastos sa regulasyon sa kani-kanilang insidente ng ahensiya sa pagsasagawa ng mga pagsisiyasat, inspeksyon, at pagsusuri na iniaatas ng artikulong ito, kabilang ang anumang administratibong pagpapatupad at paghatol nito.

(g) (1) Sa kabila ng Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksyon 11340) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, ang Pangkalahatang Abugado, ang Lupon ng Parmasya ng Estado ng California, ang Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalaga sa Kalusugan, at ang Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Estado ay maaaring magpapatupad ng artikulong ito sa pamamagitan ng mga bulletin, abiso, o iba pang katulad na mga tagubilin, nang hindi nagsasagawa ng karagdagang pagkilos sa regulasyon.

(2) Ang mga aksyong ginawa alinsunod sa isang kasunduan sa pagitan ng ahensiya na pinasok alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksyon 14124.46 ay dapat saklawin ng talata (1).

14124.46. Mga Konklusyon Tungkol sa Pagsunod

(a) (1) Sa loob ng 60 araw sa kalendaryo ng deadline na itinakda alinsunod sa subdibisyon (e) ng Seksyon 14124.45, ang Pangkalahatang Abugado, ang Lupon ng Parmasya ng Estado ng California, ang Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan, at ang Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Estado ay dapat magkahiwalay na maglabas ng independiyenteng nakasulat na konklusyon hinggil sa kung ang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot ay sumusunod o hindi sa mga kinakailangan ng Seksyon 14124.44. Ang pagkabisigong makamit ang isang konklusyon sa loob ng 60 araw g kalendaryo ay hindi dapat maging dahilan ng hindi pagsunod sa Seksyon 14124.44.

(2) Ang Pangkalahatang Abugado, ang Lupon ng Parmasya ng Estado ng California, ang Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalaga sa Kalusugan, at ang Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Estado ay kailangan lamang na mag-isyu ng isang independiyenteng nakasulat na konklusyon alinsunod sa subdibisyong ito kung ang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot ay kinakailangang magsumite ng impormasyon sa kaugnay na opisyal, lupon, o kagawaran alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksyon 14124.45.

(b) (1) Kung, sa loob ng 60-araw na kalendaryong panahon na itinakda sa talata (1) ng subdibisyon (a), ang impormasyong isinumite ng isang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot ay napag-alamang hindi kumpleto

o hindi sapat ng Pangkalahatang Abugado, ng Lupon ng Parmasya ng Estado ng California, ang Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan, o ang Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Estado para sa pagpapalabas ng isang nakasulat na konklusyon na hinihiling ng seksyong ito, pagkatapos ay ang may-kaugnayang opisyal, lupon, o kagawaran ay mag-iisyu sa manipulator ng presyo ng inireresetang gamot ng nakasulat na paunawa upang itama. Ang paunawa sa pagwawasto ay dapat maglaman ng isang paglalarawan ng karagdagang impormasyon na kinakailangan.

(2) Ang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot ay dapat magkaroon ng 10 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng paunawa ng pagtatama upang magbigay ng kumpleto o sapat na impormasyon. Kung nabigo ang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot na lutasin ang kakulangan o kakulangan sa loob ng 10 araw ng kalendaryo, ang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot ay dapat ituring na hindi sumusunod sa mga kinakailangan ng Seksyon 14124.44 para sa naaangkop na taon ng kalendaryo at ang kaugnay na opisyal, board, o kagawaran ay dapat mag-isyu ng nakasulat na konklusyon sa epekto na iyon kaagad sa pagtatapos ng 10-araw ng kalendaryo.

(c) Ang Pangkalahatang Abugado, ang Lupon ng Parmasya ng Estado ng California, ang Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalaga sa Kalusugan, at ang Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Estado ay maaaring, sama-sama o hiwalay, na pumasok sa isang kasunduan sa pagitan ng mga ahensiya sa Opisina ng Auditor ng Estado ng California para sa tulong sa pag-abot ng konklusyon tungkol sa isang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot sa pagsunod sa mga kinakailangan ng Seksyon 14124.44. Ang mga gastos na natamo alinsunod sa isang kasunduan sa pagitan ng ahensiya sa ilalim ng subdibisyong ito ay maaaring mabawi alinsunod sa subdibisyon (f) ng Seksyon 14124.45.

(d) (1) Kung ang Pangkalahatang Abugado, ang Lupon ng Parmasya ng Estado ng California, ang Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalaga sa Kalusugan, at ang Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Estado ay nagpasya na ang isang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot ay hindi sumusunod sa mga kinakailangan ng Seksyon 14124.44, ang isang nakasulat na paunawa ng hindi pagsunod ay dapat ibigay sa manipulator ng presyo ng inireresetang gamot na nagbibigay ng paunawa nito tungkol sa konklusyong iyon. Ang nakasulat na paunawa ng hindi pagsunod ay dapat magbigay ng mga tagubilin sa paghiling ng pagdinig alinsunod sa subdibisyon (e).

(2) Kung ang isang pagdinig ay hindi hiniling alinsunod sa subdibisyon (e), ang isang konklusyon na inilabas alinsunod sa seksyong ito ay magiging isang pangwakas na pagpapasya.

(e) (1) (A) Ang isang manipulator sa presyo ng inireresetang gamot ay maaaring humiling ng pagdinig bilang tugon sa isang nakasulat na paunawa ng hindi pagsunod na ibinigay alinsunod sa talata (1) ng subdibisyon (d).

(B) Ang kahilingan ay dapat isumite nang nakasulat at dapat gawin sa loob ng 30 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng nakasulat na paunawa ng hindi pagsunod.

(2) (A) Maliban kung iba ang itinatadhana sa artikulong ito, ang mga pagdinig ay isasagawa alinsunod sa Kabanata 5 (nagsisimula sa Seksyon 11500) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(B) Ang Pangkalahatang Abugado, ang Lupon ng Parmasya ng Estado ng California, ang Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalaga sa Kalusugan, at ang Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Estado ay maaaring magsama-sama ng mga pagdinig sa mga nakasulat na abiso ng hindi pagsunod na nauukol sa kaparehong manipulator ng presyo ng

inireresetang gamot para sa kaparehong taon ng kalendaryo at maaaring magkaparehong humirang ng isang opisyal ng pagdinig para doon. Ang pagdinig ay maaaring isagawa ng isang opisyal ng pagdinig na hinirang ng isang opisyal, lupon, o kagawaran na naglabas ng nakasulat na paunawa ng hindi pagsunod.

(C) Ang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot ay maaaring katawanin ng abogado sa alinman sa mga yugto ng paglilitis.

(3) (A) Kung ang repaso ng hukuman ay hindi hinahangad alinsunod sa subdibisyon (f), ang desisyon ng opisyal ng pagdinig ay magiging isang pinal na pagpapasya.

(B) Kung ang desisyon ng opisyal ng pagdinig ay ang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot ay hindi sumusunod sa mga kinakailangan ng Seksyon 14124.44, ang anumang pagkalibre mula sa pagbubuwis ng estado ng California at anumang mga lisensiyang inilarawan sa subdibisyon (a) ng Seksyon 14124.45 na hawak ng manipulator ng presyo ng inireresetang gamot ay dapat masuspinde agad. Kung pagkatapos nito ay hinahangad ang judicial review alinsunod sa subdibisyon (f), ang ekskempiyon sa buwis ng estado at mga lisensiya ay mananatiling suspendido habang nakabinbin ang judicial review alinsunod sa subdibisyon (f).

(f) (1) Ang sinumang partido na naagrabyado sa desisyon ng opisyal ng pagdinig ay maaaring humingi ng repaso alinsunod sa Seksyon 1094.5 ng Kodigo sa Pamamaraang Sibil sa loob ng 30-araw ng kalendaryo pagkatapos ng pagpapalabas ng desisyon ng opisyal ng pagdinig.

(2) Kung ang pagsusuri ay hinahangad alinsunod sa Seksyon 1094.5 ng Kodigo sa Pamamaraang Sibil, ang pangwakas na pagpapasiya ay dapat ibatay sa resulta ng pagsusuring iyon.

14124.47. Mga Pangwakas na Pagpapasiya

Sa kabila ng anumang ibang probisyon ng batas, kung ang isang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot sa wakas ay natukoy alinsunod sa mga pamamaraang itinakda sa artikulong ito na lumabag sa mga kinakailangan ng Seksyon 14124.44, ang lahat ng sumusunod ay dapat ilapat:

(a) Anuman at lahat ng mga lisensiya sa parmasya ng California, mga lisensiya sa plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, o mga lisensiya ng klinika na hawak ng manipulator ng presyo ng inireresetang gamot ay dapat na permanenteng pawalang-bisa.

(b) Ang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot ay dapat pagbawalan mula sa pag-aplay para sa, o pagkuha o pagkakaroon, ng lisensiya sa parmasya ng California, lisensiya sa plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, o lisensiya ng klinika sa loob ng 10 taon.

(c) Sinumang taong nagsisilbing may-ari, punong ehekutibong opisyal, punong opisyal ng pananalapi, punong administratibong opisyal, punong opisyal ng pagpapatakbo, presidente, o anumang iba pang katulad na posisyon na nagsasagawa ng makabuluhang impluwensya o kontrol sa manipulator ng presyo ng inireresetang gamot sa oras na naganap ang paglabag sa Seksyon 14124.44 ay pinagbabawalang maglingkod bilang may-ari, opisyal, direktor, o empleyado ng isang lisensiyadong parmasya ng California, plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, o klinika sa loob ng 10 taon.

(d) Ang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot ay mawawalan, at hindi na magiging karapat-dapat para sa, tax-exempt na katayuan sa Estado ng California, kasama sa ilalim ng Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksyon 23701) ng Bahagi 11 ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, at dapat

sa halip ay sumailalim sa Kodigo sa Kita at Pagbubuwis at iba pang mga batas ng estado bilang isang organisasyong nabubuwisan. Ang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot ay dapat pagbawalan na muling mag-aplay para sa, o muling mabigyan ng, tax-exempt na status sa estadong ito sa loob ng 10 taon.

(e) Ang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot ay hindi dapat tumanggap ng anumang bago o na-renew na pang-estado o lokal na mga gawad o kontrata sa loob ng 10 taon.

14124.48. Mga Kahulugan

Para sa mga layunin ng artikulong ito, gaya ng ginamit sa parehong pang-isahan at pangmaramihang anyo, ang mga sumusunod na kahulugan ay dapat ilapat:

(a) "Klinika" ay isang entidad na tumatakbo bilang isa o higit pa sa mga klinika na inilarawan sa Seksyon 1204 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.

(b) "Direktang pangangalaga sa pasyente" ay nangangahulugang ang pagbibigay ng mga serbisyong medikal, mga serbisyo sa ngipin, mga serbisyong parmasyutiko, o mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na direktang ibinibigay sa mga indibidwal na pasyente na ginagamot para sa, o pinaghihinalaang may, medikal o kondisyong pangkalusugan sa pag-uugali. Ang direktang pangangalaga sa pasyente ay kinabibilangan ng preventive care na direktang ibinibigay sa mga pasyente. Dagdag pa, upang maging kwalipikado bilang "direktang pangangalaga sa pasyente," ang mga serbisyo ay dapat na mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na regular na ibinibigay ng ibang mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan sa komunidad o mga nonprofit na organisasyong nakabatay sa komunidad na tumatanggap din ng mga reimbursement o bayad mula sa Medi-Cal, Medicaid, o mga programang Medicare.

(c) "Programang diskwento sa inireresetang gamot" ay nangangahulugang ang programang itinatag ng Seksyon 602 ng Batas sa Pangangalaga sa Kalusugan ng mga Beterano ng 1992, P.L. 102-585 Sek. 602, ang Batas sa Serbisyo ng Pampublikong Kalusugan (Sek. 340B; 42 U.S.C. Sek. 256b) na pinangangasiwaan ng Tanggapan ng mga Usaping Parmasya ng Health Resources and Services Administration sa ilalim ng Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng Estados Unidos.

(d) Ang "ahensiya ng pagpapatupad" ay nangangahulugang anumang kagawaran ng estado, county, o ahensiya ng lungsod sa loob ng California na may awtoridad na mag-inspeksyon sa isang multifamily na tirahan at magpatupad ng mga kodio sa kalusugan, kaligtasan, o gusali kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, isang kagawaran ng gusali o dibisyon ng gusali, isang kagawaran ng pabahay, isang kagawaran ng pamumuhunan sa pabahay at komunidad, isang kagawaran ng bumbero o distrito ng bumbero, at isang kagawaran ng kalusugan.

(e) "Entidad" ay isang natural na tao, korporasyon, o iba pang legal o corporate na organisasyon ng anumang uri, maging nonprofit o para sa tubo, at kabilang ang sinumang magulang, subsidiary, o affiliate ng entidad.

(f) "Plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan" ay nangangahulugang isang entidad na nagpatakbo bilang isang plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa ilalim ng Knox-Keene Batas sa Plano ng Serbisyo sa Pangangalaga sa Kalusugan ng 1975 (Kabanata 2.2 (nagsisimula sa Seksyon 1340) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan).

(g) "Programang Medi-Cal Rx." ay ang programa na unang itinatag alinsunod sa talata (1) ng Kautusang Pangkalahatan

N-01-19 at permanenteng pinahintulutan ng Seksyon 14124.42.

(h) "Maramihang Tirahan" ay anumang istrukturang matatagpuan sa estadong ito na idinisenyo o ginagamit para sa tirahan o tirahan ng tao na nahahati sa dalawa o higit pang independiyenteng tirahan.

(i) "May-ari-operator ng lubhang mapanganib na mga ari-arian" ay isang entidad, kabilang ang sinumang magulang, subsidiary, o kaakibat ng entidad na iyon, na, sa kasalukuyan o dati, ay nagmamay-ari, nagpapakabo, o ang responsableng partido para sa isa o higit pang multifamily na tirahan na nakakatugon o nakatugon sa mga sumusunod na kondisyon sa panahon ng pagmamay-ari, operasyon, o responsibilidad ng entidad:

(1) Ang isa o higit pa sa mga multifamily na tirahan ay siniyasat sa isa o higit pang mga okasyon ng isang ahensiya ng pagpapatupad o opisyal nito.

(2) Naglabas ang mga ahensiya o opisyal ng pagpapatupad ng isa o higit pang mga abiso o ulat ng inspeksyon na tumutukoy sa mga paglabag na nakakaapekto sa kalusugan at kaligtasan ng mga nakatira sa mga tirahan ng maraming pamilya.

(3) Sa kabuuan sa lahat ng multifamily na tirahan, ang mga abiso o ulat ng inspeksyon na inilarawan sa talata (2) ay tumukoy ng pinagsama-samang kabuuang hindi bababa sa 500 na mga paglabag na kinategorya sa antas ng kalubhaan ng paglabag na "mataas."

(j) Ang ibig sabihin ng "Parmacya" ay isang entidad na nagpapakabo alinsunod sa Kabanata 9 (nagsisimula sa Seksyon 4000) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Negosyo at mga Propesyon.

(k) (1) "Kasunduan sa pagbebenta ng pharmacy" ay anumang kasunduan na kinasasangkutan ng isang pharmacy at isa pang entidad na bumibili, nagpapahintulot, o kumukuha ng mga inireresetang gamot sa pamamagitan ng programang may diskwento sa inireresetang gamot kung saan umiiral ang parehong mga sumusunod na kondisyon:

(A) Ang pharmacy ay nagbibigay ng mga gamot na naipasok ng ibang entidad sa pamamagitan o alinsunod sa programa ng diskwento sa inireresetang gamot.

(B) Ang presyong sinisingil ng pharmacy para sa mga gamot na inilarawan sa subparagraph (A), hindi kasama ang mga bayarin sa dispensing, ay lumampas sa presyo ng pagbili na napagkasunduan o binayaran ng ibang entidad alinsunod sa o sa pamamagitan ng diskwento sa programa ng iniresetang gamot.

(2) Maaaring umiral ang isang kasunduan sa pagbebenta ng pharmacy sa pagitan ng mga hindi kaugnay na entidad, o sa pagitan ng mga kaugnay na entidad na mga magulang, subsidiary, o affiliate ng isa't isa o kung hindi man ay nasa ilalim ng karaniwang pagmamay-ari o kontrol.

(l) "Manipulator ng presyo ng inireresetang gamot" ay isang entidad, kabilang ang sinumang magulang, subsidiary, o affiliate ng entidad na iyon, na indibidwal o sama-sama sa isa o higit pa sa mga magulang, subsidiary, o affiliate nito ay nakakatugon sa lahat ng sumusunod na kinakailangan:

(1) Ang entidad ay bumibili, nakikipag-ayos, nagbibigay-pahintulot, o kumukuha ng mga inireresetang gamot sa pamamagitan ng programang may diskwento sa inireresetang gamot.

(2) Sa anumang 10-kalendaryong-taon na panahon ng pag-iral nito, gumastos ang entidad ng higit sa isang daang milyong dolyar (\$100,000,000) sa mga layuning hindi kwalipikado bilang direktang pangangalaga sa pasyente.

(3) Ang entidad ay kasalukuyang, o dati nang, isang may-ari-operator ng lubhang mapanganib na mga ari-arian.

(4) Natutugunan ng entidad ang hindi bababa sa isa sa mga sumusunod na kondisyon:

(A) Ang entidad ay kasalukuyang mayroon, o dati nang, isa o higit pang mga lisensiya para magpatakbo bilang isang plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.

(B) Ang entidad ay kasalukuyang nakikipagkontrata, o dati nang nakikipagkontrata, sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Estado bilang isang organisasyon ng pamamahala ng kaso ng pangunahing pangangalaga alinsunod sa Artikulo 2.9 (nagsisimula sa Seksyon 14088) ng Kabanata 7 ng Bahagi 3 ng Dibisyon 9.

(C) Ang entidad ay kasalukuyang nakikipagkontrata, o dati nang nakikipagkontrata, sa mga pederal na Sentro para sa Mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid upang magbigay ng mga serbisyo sa Programa ng Medicare bilang isang plano sa mga espesyal na pangangailangan ng Medicare.

(D) Ang entidad ay kasalukuyang mayroon, o dati ay mayroon, isa o higit pang mga lisensiya upang magpatakbo bilang isang pharmacy.

(E) Ang entidad ay kasalukuyang mayroon, o dati nang, isa o higit pang mga lisensiya upang magpatakbo bilang isang klinika.

14124.49. Hindi Propesyonal na Pag-uugali, Hindi Matapat na Pakikitungo, at Pag-uugali na Nakakasama sa Pamublikong Kalusugan, Kapakanan, o Kaligtasan

(a) Bilang karagdagan sa anumang iba pang pag-uugali, pamantayan, o kinakailangan na inilarawan sa Artikulo 7 (nagsisimula sa Seksyon 1386) ng Kabanata 2.2 ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan o anumang iba pang batas o regulasyon, dapat itong bumuo ng hindi tapat na pakikitungo para sa isang serbisyo sa plano sa pangangalagang pangkalusugan na kwalipikado bilang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot upang mabigong magsumite ng napapanahon, tumpak na impormasyong kinakailangan o hiniling alinsunod sa Seksyon 14124.45.

(b) Bilang karagdagan sa anumang iba pang pag-uugali, pamantayan, o kinakailangan na inilarawan sa Artikulo 19 (nagsisimula sa Seksyon 4300) ng Kabanata 9 ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Negosyo at mga Propesyon, Seksyon 1762 ng Titulo 16 ng Kodigo sa mga Regulasyon ng California, o anumang iba pang batas o regulasyon, ito ay bubuo ng hindi propesyonal na pag-uugali para sa isang botika na kwalipikado bilang isang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot upang mabigong magsumite ng napapanahon, tumpak na impormasyong kinakailangan o hiniling alinsunod sa Seksyon 14124.45.

(c) Bilang karagdagan sa anumang iba pang pag-uugali, pamantayan, o iniaatas na inilarawan sa Artikulo 5 (nagsisimula sa Seksyon 1240) ng Kabanata 1 ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan o anumang iba pang batas o regulasyon, dapat itong bumuo ng pag-uugaling masama sa kalusugan ng publiko, kapakanan, o kaligtasan ng mga tao ng Estado ng California para sa isang klinika na kwalipikado bilang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot na hindi makapagsumite ng napapanahon, tumpak na impormasyong kinakailangan o hiniling alinsunod sa Seksyon 14124.45.

14124.50. Pagiging Karapat-dapat sa mga Pang-estadi at Lokal na Gawad

(a) (1) Napag-alaman at ipinahahayag ng mga tao ng California sa pamamagitan nito na ang kanilang pang-estadi at lokal na mga dolyar ng buwis ay hindi dapat igawad sa mga manipulator ng presyo ng inireresetang gamot na lumalabag sa layuning ng programang may diskwento sa

iniresetang gamot na gamutin ang mga pasyenteng medikal na walang seguro, nasa mga marginal na kita at walang ibang mga mapagkukunan. para sa mga serbisyong pang-iwas at pangunahing pangangalaga at para maabot ang mas karapat-dapat na mga pasyente at magbigay ng mas komprehensibong serbisyo sa mga pasyenteng mababa ang kita at pinakamahina.

(2) Napag-alaman ng mga tao ng California at ipinapahayag na ang pagprotekta sa kanilang pang-estado at lokal na mga dolyar ng buwis sa paraang ito ay isang bagay na mahalaga sa buong estado.

(b) Samakatuwid, bilang karagdagan sa mga kinakailangan ng subdibisyon (e) ng Seksyon 14124.47, ang isang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot ay magiging karapat-dapat lamang na tumanggap ng anumang bago o na-renew na pang-estado o lokal na mga gawad o kontrata kung, sa naunang taon ng kalendaryo, ang manipulator ng presyo ng inireresetang gamot ay gumastos ng hindi bababa sa 98 porsiyento ng mga netong kita na nabuo nito sa buong bansa mula sa pakikilahok sa programa ng diskuwento sa iniresetang gamot sa direktang pangangalaga sa pasyente.

14124.51. Mungkahi ng Publiko

Ang Pangkalahatang Abugado, ang Lupon ng Parmasya ng Estado ng California, ang Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalaga sa Kalusugan, at ang Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Estado ay dapat mag-imbata sa, at magkaloob ng proseso para sa pagsusumite ng, mga pamublikong komento at impormasyon na may kaugnayan sa mga entity na kwalipikado bilang isang manipulator ng presyo ng iniresetang gamot o isang may-ari-operator ng lubhang mapanganib na mga ari-arian. Ang impormasyon na maaaring isumite alinsunod sa seksyong ito ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, mga talaan ng mga paggasta at nakasulat na abiso o mga ulat ng inspeksyon na tumutukoy sa mga paglabag na nakakaapekto sa kalusugan at kaligtasan ng mga nakatira sa mga tirahan ng maraming pamilya.

14124.52. Petsa ng Pagkakabisa at Pagiging Maihihiwalay

(a) Ang artikulong ito ay magkakabisa sa susunod na Enero 1 kasunod ng pagpapatibay nito ng mga botante.

(b) Ang mga probisyon ng artikulong ito ay maaaring ihiwalay. Kung ang anumang bahagi, seksyon, subdibisyon, talata, subparagraph, sugnay, subclause, pangungusap, parirala, salita, o aplikasyon ng artikulong ito para sa anumang kadahilanan ay ipinasyang hindi balido sa pamamagitan ng isang desisyon ng anumang hukuman na may karampatang hurisdiksyon, ang desisyon na iyon ay hindi makakaapekto sa bisa ng mga natitirang bahagi ng artikulong ito. Ang mga tao ng Estado ng California sa pamamagitan nito ay nagpapahayag na pagtitibayin nila ang artikulong ito at ang bawat bahagi, seksyon, subdibisyon, talata, subparagraph, sugnay, subclause, pangungusap, parirala, salita, at aplikasyon na hindi idineklara na hindi balido o labag sa konstitusyon nang walang pagsasaalang-alang sa kung ang anumang bahagi ng artikulong ito o aplikasyon nito ay idedeklarang hindi wasto.

(c) Kung matukoy ng korte na may karampatang hurisdiksyon na legal na imposibleng sumunod sa anumang petsa o deadline na nakalagay sa artikulong ito sa unang taon ng kalendaryo pagkatapos magkakabisa ang artikulong ito, ang mga tao ng Estado ng California ay nagpapahayag ng kanilang layunin na ang artikulong ito ay ipatupad at ilapat sa pinakamaagang posibleng petsa na naaayon sa pang-estado at pederal na batas.

SEK. 2. Mga Magkasalungat na Panukala.

(a) Kung sakaling ang panukalang inisyatiba na ito at isa pang panukalang inisyatiba o mga panukala na humaharap sa mga kasunduan sa pagbebenta ng parmasya o mga manipulator sa presyo ng iniresetang gamot, gaya ng tinukoy sa inisyatibang ito, ay dapat lumabas sa parehong balota ng halalan sa buong estado, ang iba pang panukala o mga inisyatiba ay dapat ituring na salungat sa panukalang ito. Kung sakaling ang inisyatibang panukalang ito ay tumanggap ng mas maraming bilang ng mga sumasang-ayon na mga boto, ang mga probisyon ng panukalang ito ay mananaig sa kabuuan ng mga ito, at ang mga probisyon ng iba pang inisyatibong panukala o mga panukala ay magiging walang bisa.

(b) Sa kabila ng subdibisyon (a), napag-alaman at ipinahahayag ng mga tao na ang inisyatibang panukalang ito ay hindi sumasalungat sa Batas sa Pagprotekta ng Pag-access sa Pangangalaga sa Kalusugan ng 2024 (23-0024) o anumang iba pang inisyatibang panukala na nagbibigay ng karagdagan o pinalawig na pondo para sa programang Medi-Cal.

SEK. 3. Liberal na Konstruksyon.

Ang batas na ito ay dapat na malayang bigyang kahulugan upang magbigay ng bisa sa intensiyon at mga layunin nito, gaya ng ipinahayag sa Mga Seksyon 14124.40 at 14124.41.

SEK. 4. Legal na Depensa.

Ang layunin ng seksyong ito ay upang matiyak na ang mahalagang karapatan ng mga taosa inisyatiba ay hindi maaaring mapawalang-bisa ng mga pulitiko ng estado na tumatangging ipagtanggol ang kagustuhan ng mga botante. Samakatuwid, kung ang batas na ito ay inaprubahan ng mga botante ng Estado ng California at pagkatapos ay sumailalim sa isang legal na hamon na nagtatangkang limitahan ang saklaw o aplikasyon ng batas na ito sa anumang paraan, o sinasabing ang batas na ito ay lumalabag sa anumang pang-estado o pederal na batas sa kabuuan o sa bahagi, at ang pareho ng Gobernador at ang Pangkalahatang Abugado ay tumatangging ipagtanggol ang batas na ito sa abot ng makakaya sa ngalan ng Estado ng California, ang mga sumusunod na aksyon ay dapat gawin:

(a) Sa kabila ng anumang salungat na nilalaman sa Kabanata 6 (nagsisimula sa Seksyon 12500) ng Bahagi 2 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan o anumang iba pang batas, ang Pangkalahatang Abugado ay dapat magtalaga ng independiyenteng tagapayo upang matapat at masiglang ipagtanggol ang gawaing ito sa abot ng makakaya sa ngalan ng Estado ng California.

(b) Bago italaga o pagkatapos noon ay palitan ang independiyenteng tagapayo, ang Pangkalahatang Abugado ay dapat magsagawa ng angkop na pagsisikap sa pagtukoy ng mga kwalipikasyon ng independiyenteng tagapayo at dapat kumuha ng nakasulat na paninindigan mula sa independiyenteng tagapayo na ang independiyenteng tagapayo ay tapat at buong lakas na magtatanggol sa batas na ito hanggang sa abot ng makakaya. Ang nakasulat na paninindigan ay dapat gawin sa publiko kapag hiniling.

(c) Upang suportahan ang pagtatanggol sa batas na ito sa mga pagkakataon kung saan ang Gobernador at ang Pangkalahatang Abugado ay nabigo na gawin ito sa kabila ng kagustuhan ng mga botante, ang isang tuluy-tuloy na paglalaan ay ginagawa mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa Controller, nang walang pagsasaalang-alang sa mga taon ng pananalapi, sa isang halagang kinakailangan upang mabayaran ang mga gastos sa pagpapanatili ng independiyenteng tagapayo upang matapat at masiglang ipagtanggol ang batas na ito sa ngalan ng Estado ng California sa abot ng makakaya.

PROPOSISYON 35

Ang inisyatibang panukalang ito ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Konstitusyon ng California.

Ang inisyatibong panukalang ito ay nagdaragdag ng mga seksyon sa Code ng Kapakanan at mga Institusyon (Welfare and Institutions Code); samakatuwid, ang mga bagong probisyon na iminumungkahing idagdag ay nakasulat sa *italic* upang ipakita na bago ang mga ito.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSYON 1. Ang Kabanata 7.5 (nagsisimula sa Seksyon 14199.100) ay idaragdag sa Bahagi 3 ng Dibisyon 9 ng Welfare and Institutions Code, upang magsaad na:

KABANATA 7.5. PAGPROTEKTA NG ACCESS SA
HEALTH CARE ACT NG 2024

Artikulo 1. Pamagat, Mga Natuklasan at Deklarasyon,
Pahayag ng Layunin

14199.100. Pamagat

Ang kabanatang ito ay dapat kilalanin at maaaring banggitin bilang Proteksyon sa Access sa Batas ng Pangangalagang Pangkalusugan ng 2024.

14199.101. Mga Natuklasan at Deklarasyon

Natuklasan at ipinapahayag ng mga tao sa Estado ng California ang lahat ng sumusunod:

(a) Noong 2019, nagpasimula si Gobernador Newsom at ang Lehislatura ng isang serye ng mga pamumuhunan at mga inisyatiba upang mapabuti ang sistema ng paghahatid ng pangangalagang pangkalusugan sa California. Kabilang sa mga aksyong ito ang pagpapalawak ng saklaw sa pangangalagang pangkalusugan sa lahat ng mga tiga-Californianamababa ang kita, pagpapasimula sa sariling produksyon ng mga karaniwang gamot sa California upang maghatid ng murang insulin sa mga pasyente, pagbibigay ng lubhang kailangan na mga serbisyong pangkalusugan ng isip sa lahat ng mga mag-aaral sa California, at pagsisimula ng maraming taong na pagtuon sa pagpapabuti ng programang Medi-Cal.

(b) Bagama't nakitang tila matagumpay ang malalaking pamumuhunan at mga paunang resulta nitong nakaraang ilang taon, ang mga pamumuhunang ito ay nasa panganib sa mga darating na taon at kailangang protektahan.

(c) Nasa 2 sa bawat 5 taga-California, sa pagitan ng 12 milyon at 15 milyong tao, ang umaasa sa programang Medi-Cal para sa saklaw ng pangangalagang pangkalusugan. Kabilang dito ang humigit-kumulang apat na milyong bata at dalawang milyong matatanda at mga taong may kapansanan.

(d) Gayunpaman, ang pagpapatala lamang sa programang Medi-Cal ay hindi garantiyang makakuha ka ng de-kalidad na pangangalagang pangkalusugan. Hindi nabago sa loob ng higit sa isang dekada ang karamihan sa mga rate ng reimbursement ng Medi-Cal, at ang ilang provider ay hindi nakakita ng pagtaas ng bayad sa loob ng mahigit 25 taon. Bilang resulta, ang mga doktor at iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan ay nahihirapang makakuha ng mga bagong pasyente ng Medi-Cal. Kaugnay nito, ang mga pasyente ng Medi-Cal, at sa ilang mga lugar sa buong komunidad, ay nahaharap sa hindi pagkakaroon ng kritikal at pang-emergency na pangangalaga dahil nasa panganib na mabawasan o maalis ang mga mahahalagang serbisyo sa ospital tulad ng pagbubuntis at panganganak.

(e) Pinapalala pa ang problema ng kakulangan ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan sa ating estado. Ang mga kasalukuyang hamon sa ating sistema ng pangangalagang pangkalusugan ay nagdudulot ng pisikal at mental na pagod sa maraming manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan at libu-libo ang tuluyang umalis sa propesyon. Dahil dito, labis na nahihirapan ang ating sistema ng pangangalagang pangkalusugan at naging mas mahirap para sa mga pinakamahihinang taga-California na makatanggap ng pangangalaga, kabilang ang pagkakaroon ng mga serbisyo sa pagpaplanong pampamilya at iba pang pangangalagang pang-reproduktibo.

(f) Maaaring maghintay ang mga pasyente ng Medi-Cal nang ilang linggo o buwan upang makapagpatingin sa mga doktor na mga espesyalista. Mas mahirap ang sitwasyon sa mga rural na lugar ng estado na may mas kaunting pangunahing provider ng pangangalaga sa bawat tao, na nagreresulta sa mga pagkaantala o kawalan ng kakayahang ma-access ang mga pangunahing serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.

(g) Maaaring mas matagal pa ang pagkuha ng sapat na mga serbisyo sa kalusugan ng isip. Nahihirapan ang California hindi lamang sa kakulangan ng mga propesyonal sa pangangalaga sa kalusugan ng isip, kundi pati sa kakulangan ng mga psychiatric na kama at panggagamot para sa mga pasyenteng may malubhang kondisyon sa kalusugan ng isip. Kapag hindi makakuha ng sapat na pangangalaga ang mga pasyenteng may malubhang pangangailangan sa kalusugan ng isip, madalas na naghihintay sila nang ilang araw sa emergency room o sa huli ay maaaring hindi magamot at mawalan ng tirahan.

(h) Patuloy na nahihirapan ang lahat ng taga-California sa matataas na presyo ng inireresetang gamot. Kapag hindi makaka-access ang mga taga-California ng mga gamot na kailangan nila, magdurusa ang ating buong sistema ng pangangalagang pangkalusugan.

(i) Ang kakulangan ng kakayahang makakuha ng pangangalagang pangkalusugan at mga abot-kayang inireresetang gamot para sa mga pasyente ay nagdudulot ng panganib sa pangangalagang pangkalusugan para sa lahat ng taga-California. Kapag ang mga pasyente ng Medi-Cal ay hindi makapag-refill ng reseta o makahanap ng doktor, pasilidad sa kalusugan ng isip, o iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan upang gamutin sila, madalas silang napupunta sa mga emergency room. Nagbibigay ito ng dagdag at maiiwasan namang hamon sa mga emergency room ng estado. Kapag napipilitan ang mga pasyente ng Medi-Cal na umasa sa mga emergency room bilang kanilang pangunahing pinagkukuhanan ng pangangalagang pangkalusugan, nagpapahirap ang dagdag na hamong ito para sa lahat ng pasyente na makakuha ng pangangalagang makaliligtas ng buhay.

(j) Ang mga pasyente ng Medi-Cal ay nangangailangan na magkaroon ng pare-parehong pangangalagang pangkalusugan at mga inireresetang gamot gaya ng mga pasyenteng may pribado o nakabase sa employer na insurance sa kalusugan. Pinakamahusay at pinakadirekta itong magagawa sa pamamagitan ng pagtaas ng mga rate ng reimbursement para sa mga doktor, ospital, at iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan na gumagamot sa mga pasyente ng Medi-Cal upang mabayaran man lamang ang mga gastos sa pagbibigay ng pangangalaga at sa pamamagitan ng pagpapababa sa halaga ng mga inireresetang gamot.

(k) Ang California ay isa sa ilang estado na nagpapataw ng mga buwis sa mga plano ng pinamamahalaang

pangangalaga para sa pagkuha ng karagdangang pederal na dolyar upang makatulong na magbayad para sa pag-access sa pangangalagang pangkalusugan. Tinutugunan ng kabanatang ito ang marami sa mga kasalukuyang depekto sa pagpopondo ng Medi-Cal. Una, tinitiyak nito na permanenteng ipinagpapatuloy ang kasalukuyang buwis upang makakuha ang California ng patas na bahagi nito sa pagpopondo ng pederal na pangangalagang pangkalusugan. Pangalawa, ginagarantiya nito na ang lahat ng kita mula sa ipinagpapatuloy na buwis ay gagastusin sa mga pamumuhunan upang mapabuti ang pagkakaroon ng mga kritikal na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at ginagawang imposible na mailipat ang mga dolyar na ito sa mga hindi nauugnay na paggamit.

(l) Dagdag pa rito, tumutulong ang kabanatang ito na gawing abot-kaya ang mahahalagang gamot at na makakuha ang mas maraming pasyente sa pamamagitan ng pagtaas ng pagpopondo para sa estado upang makagawa at mamahagi ng mga karaniwang inireresetang gamot. Sa pagpapalawak sa kapasidad ng California na makagawa ng sarili nitong mga karaniwang inireresetang gamot, ang kabanatang ito ay magpapasok ng kumpetisyon sa merkado ng inireresetang gamot at tutulong sa pagtugon sa mga kritikal na kakulangan sa gamot. Mapapababa nito ang mga presyo ng inireresetang gamot para sa lahat ng taga-California.

(m) Sa pagtiyak ng permanenteng pagpopondo para sa mas mataas na bayad sa provider ng Medi-Cal, mga programa sa karaniwang inireresetang gamot, at pagpaparami sa ating mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan, bilang ng kama, at mga opsyon sa paggagamot, at pagprotekta sa mga dolyar na ito mula sa hindi awtorisadong paggamit, ang kabanatang ito ay magpapahusay sa ating pangkalahatang sistema ng pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng pagbibigay sa lahat ng mga pasyente na magkaroon ng de-kalidad na pangangalagang pangkalusugan at mga abot-kayang gamot.

14199.102. Pahayag ng Layunin

Sa pagsasabatas ng kabanatang ito, layunin at intensyon ng mga tao ng Estado ng California na gawin ang lahat ng sumusunod:

(a) Dagdagan ang kakayahang magkaroon ng de-kalidad na pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng pagtatatag ng permanente at nakatuong daloy ng pagpopondo na gagamitin para sa pagtaas ng mga rate ng reimbursement at iba pang suporta sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na gumagamot sa mga pasyente ng Medi-Cal at mga pamumuhunan sa pagbuo ng sapat na dami ng manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan, bilang ng kama, at mga opsyon sa paggagamot.

(b) Dagdagan ang access sa mga abot-kayang inireresetang gamot sa pamamagitan ng pagtatatag ng permanente at nakatuong daloy ng pagpopondo na gagamitin sa produksyon at pamamahagi ng mga karaniwang inireresetang gamot sa pamamagitan ng Batas ng 2020 sa Paggawa ng Abot-kayang Gamot sa California.

(c) Pigilan ang daloy ng kita na permanenteng ipinagpapatuloy ng kabanatang ito na magamit sa pagpopondo ng mga hindi awtorisado o hindi nauugnay na mga programa o mula sa paggamit nito upang baguhin o palitan ang mga kasalukuyang pinagmumulan ng pera na kasalukuyang nagpopondo sa access sa pangangalagang pangkalusugan at mga programa sa abot-kayang inireresetang gamot sa estadong ito.

(d) Magpatuloy ng nakatuong daloy ng pagpopondo na ganap na pinahihintulutan ng pederal na batas, habang tinitiyak

din na hindi papasanin ng mga nagbabayad ng buwis at mga amo ang pinansiyal na pasanin para sa pagpapatupad ng kabanatang ito.

Artikulo 2. Pondo para sa Pagprotekta sa Pagkakaroon ng Pangangalagang Pangkalusugan

14199.103. Paglikha sa Pondo para sa Pagprotekta sa Pagkakaroon ng Pangangalagang Pangkalusugan

(a) (1) Ang Pondo para sa Pagprotekta sa Pagkakaroon ng Pangangalagang Pangkalusugan (pondo) ay itinatatag sa Treasury ng Estado.

(2) Sa kabila ng anumang iba pang batas:

(A) Ang pondo ay isang espesyal na pondo na permanenteng hiwalay at nakabukod sa Pangkalahatang Pondo o anumang iba pang pondo o account ng estado.

(B) Sa kabila ng Seksyon 16305.7 ng Kodigo ng Pamahalaan, anumang interes o mga dibidendo na kinita sa pera sa pondo ay dapat panatilihin sa pondo at gagamitin lamang gaya ng itinakda sa kabanatang ito.

(b) Sa pamamagitan nito, ang Pangangasiwa sa Pangangalagang Kalusugan at Subfund na Pananagutan ay itinatatag sa pondo.

(c) Sa pamamagitan nito, ang Pagpapabuti ng Access sa Health Care Subfund ay itinatatag sa pondo.

(d) Sa kabila ng anumang iba pang batas:

(1) (A) Magkakabisa sa Enero 1, 2027, anumang natitirang pera sa Fund para sa Pinamamahalaang Pondo ng Talaan ng Pangangalaga na nilikha alinsunod sa Seksyon 14199.82 na hindi kinakailangan upang pondohan ang mga pananagutan o mga humahadlang upang suportahan ang mga subcomponent ng programang Medi-Cal na itinakda sa subdivisyon (d) ng Seksyon 14199.82 para sa mga paggasta na nauugnay sa mga pagbabayad ng 2023, 2024, 2025, at 2026 ay dapat ilipat sa Medi-Cal Access at Support Account.

(B) Magkakabisa sa petsa kung kailan naubos na ang lahat ng natitirang humahadlang na na pera sa Pondo para sa Pinamamahalaang Pondo ng Talaan ng Pangangalaga, ang Pinamamahalaang Pondo ng Talaan ng Pangangalaga ay aalisin sa pamamagitan nito, at ang Seksyon 14199.82 ay mapapawalang-bisa, at sa pamamagitan nito ay babawiin isang taon pagkatapos na mawalan ng bisa.

(2) (A) Magkakabisa sa Enero 1, 2027, anumang natitirang pera sa Pondo ng Reserbang Kabayaran sa Provider ng Medi-Cal na nilikha alinsunod sa Seksyon 14105.200 na hindi kinakailangan para pondohan ang mga pananagutan o mga hadlang para sa mga layuning itinakda sa Seksyon 14105.200 para sa mga paggasta na nauugnay sa 2023, 2024, 2025 at 2026 na mga taon ng kalendaryo ay dapat ilipat sa Medi-Cal na Account ng Pagkakaroon at Suporta.

(B) Epektibo sa petsa kung kailan naubos na ang lahat ng natitirang hadlang na pera sa Pondo ng Reserbang Kabayaran sa Provider ng Medi-Cal, ang Pondo ng Reserbang Kabayaran sa Provider ng Medi-Cal ay aalisin sa pamamagitan nito, at ang Seksyon 14105.200 ay mapapawalang-bisa, at sa pamamagitan nito ay babawiin isang taon pagkatapos mawalan ng bisa.

14199.104. Pagbabantay at Pananagutan sa Pondo

(a) Sa pamamagitan nito, ipinahahayag ng mga tao sa Estado ng California ang kanilang ganap na intensyon para sa mga perang idineposito sa pondo na magamit upang suportahan ang mga layuning itinakda sa kabanatang ito nang walang pagkaantala o pagharang. Layunin ng seksyong ito na magbigay ng mga mekanismo ng pagbabantay at

pananagutan upang matiyak na magarantiya ang intensyon ng mga tao.

(b) (1) Kada apat na taon, magsasagawa ang Tagapagkontrol ng independiyenteng pag-audit sa pananalapi ng mga programang tumatanggap ng mga pera mula sa pondo. Dapat iulat ng Tagapagkontrol ang mga natuklasan sa Gobernador at sa parehong kapulungan ng Lehislatura, at gagawing available ang mga natuklasan sa publiko sa internet website nito.

(2) Dapat ding tasahin ng pag-audit ng Tagapagkontrol ang taunang pagtalima ng departamento sa Seksyon 14199.107.

(c) (1) Ang Tagapagkontrol ay dapat hiwalay na bayaran mula sa mga pera ng Pangangasiwa sa Pangangalagang Kalusugan at Subfund na Pananagutan para sa mga aktwal na gastos na natamo sa pagsasagawa ng pinansyal na pag-audit na iniaatas ng subdibisyon (b) ng seksyong ito at ang mga rebyu na iniaatas ng subdibisyon (b) ng Seksyon 14199.107 sa halagang hindi na lumampas sa pitong daan at limampung libong dolyar (\$750,000) bawat pag-audit at rebyu.

(2) Ang pitong daan at limampung libong dolyar (\$750,000) sa bawat pag-audit at rebyu na pinakamataas na limitasyon ay dapat iakma sa bawat dekada upang ipakita ang anumang pagtaas sa inflation ayon sa pagsusuri ng Indeks ng Presyo ng Konsyumer para sa Lahat ng Konsyumer sa Lungsod (Consumer Price Index for All Urban Consumers, CPI-U). Dapat kalkulahin at ilathala ng tanggapan ng Ingat-yaman ang mga pagbabago na kinakailangan sa talatang ito.

14199.105. Trato sa Mga Perang Idineposito at Ginastos mula sa Pondo

Sa kabila ng anumang iba pang batas:

(a) Ang pondo, at bawat subfund, account, at subaccount sa loob ng pondo, ay ipinahayag dito bilang isang trust fund, trust subfund, trust account, o trust subaccount.

(b) Maliban sa itinatadhana sa mga Seksyon 16310 at 16381 ng Kodigo ng Pamahalaan ayon sa isinasaad ng mga seksyong iyon sa Enero 1, 2023, ang mga pera sa pondo ay hindi dapat hiram, ipautang, o kung hindi man ay ilipat sa Pangkalahatang Pondo o anumang iba pang estado o lokal na pondo o account. Ang mga perang idineposito sa pondo, at anumang subfund, account, o subaccount sa loob ng pondo, kabilang ang anumang interes o mga dibidendo na kinita doon, ay gagamitin lamang para sa mga partikular na layuning itinakda sa kabanatang ito. Hindi dapat gumawa ng aksyon na permanente o pansamantalang nagbabago sa katayuan ng pondo o anumang subfund, account, o subaccount sa loob ng pondo bilang trust fund, trust subfund, trust account, o trust subaccount, o nanghihiram, naglilipat, o naglalaan ng mga pera sa pondo sa paraang hindi naaayon sa kabanatang ito.

(c) (1) Ang mga buwis na ipinataw ng Artikulo 7.1 (nagsisimula sa Seksyon 14199.80) ng Kabanata 7 sa mga taon ng kalendaryo 2025 at 2026, at Artikulo 6 (nagsisimula sa Seksyon 14199.123) at ang mga perang nakuha mula rito, kabilang ang interes at mga multa ngunit mas kaunting pagbabayad ng mga refund, ay kinakailangang maideposito sa pondo gaya ng itinakda sa Artikulo 3 (nagsisimula sa Seksyon 14199.108). Ang pondo ay isang espesyal na pondo at trust fund na permanente at hindi mababago, hiwalay at bukod sa Pangkalahatang Pondo. Sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, ang mga pera sa pondo ay patuloy na inilalaan sa departamento nang walang pagsasaalang-alang sa taon ng pananalapi para sa mga layuning itinakda sa kabanatang ito.

(2) (A) Samakatuwid, ang mga buwis at ang mga perang nagreresulta mula doon na inilarawan sa talata (1) ay hindi dapat ituring na bahagi ng Pangkalahatang Pondo, dahil

ginagamit ang terminong iyon sa Kabanata 1 (nagsisimula sa Seksyon 16300) ng Bahagi 2 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, ay hindi dapat ituring na mga kita ng Pangkalahatang Pondo para sa mga layunin ng Seksyon 8 ng Artikulo XVI ng Konstitusyon ng California at ang mga batas na nagpapatupad nito, at hindi dapat ituring na “mga kita sa Pangkalahatang Pondo,” “mga kita ng estado,” “mga pera” o “mga nalikom sa buwis na Pangkalahatang Pondo” para sa mga layunin ng mga subdibisyon (a) at (b) ng Seksyon 8 ng Artikulo XVI ng Konstitusyon ng California at ang mga batas na nagpapatupad nito.

(B) Hindi binabago ng talatang ito ang katangian ng mga buwis at ang mga pera na nagreresulta mula doon na inilarawan sa talata (1) bilang “mga kita ng estado” o “mga kita ng estado sa buwis” para sa mga layunin ng Pamagat XIX at Pamagat XXI ng Pederal na Batas sa Panlipunang Seguridad (Federal Social Security Act).

14199.106. Paglalapat

(a) (1) Ang departamento ay taunang mabibigyan ng kabayaran mula sa mga pera sa Pangangasiwa sa Pangangalagang Kalusugan at Subfund na Pananagutan para sa mga aktwal at kinakailangang gastos na nagamit sa paglalapat ng kabanatang ito sa halagang hindi lalampas sa 0.0005 porsiyento ng mga perang taun-taon na idineposito sa pondo o apat na milyong dolyar (\$4,000,000), alinman ang mas malaki. Anumang kasunduan ng mga ahensiya na pinasok ng departamento para sa pangangasiwa ng kabanatang ito ay dapat saklawin ng halagang ibinigay sa subdibisyong ito.

(2) Ang limitasyon sa talata (1) ay dapat iakma sa bawat dekada upang tumugon sa anumang pagtaas sa implasyon ayon sa pagsusuri ng Indeks ng Presyo ng Konsyumer para sa Lahat ng Konsyumer sa Lungsod (Consumer Price Index for All Urban Consumers, CPI-U). Dapat kalkulahin at ilathala ng tanggapan ng Ingat-yaman ang mga pagbabago na kinakailangan sa talatang ito.

(b) (1) (A) Sa at pagkatapos ng Enero 1, 2027, ang departamento ay may nondiscretionary ministerial na tungkulin na gamitin ang lahat ng pera sa pondo, at bawat subfund, account, at subaccount sa loob ng pondo, upang maisakatuparan ang mga layunin ng kabanatang ito taun-taon. Samakatuwid, sa at pagkatapos ng Enero 1, 2027, dapat gawin ng departamento ang lahat ng makatwirang pagsisikap na ubusin o kung hindi man ay pag-isahin ang lahat ng pera sa pondo sa pagtatapos ng bawat taon ng kalendaryo o taon ng pananalapi.

(B) Maaaring piliin ng departamento na sumunod sa pangangailangang ito sa isang taon ng kalendaryo o taon ng pananalapi at maaaring isaalang-alang ang mga naturang paggasta sa isang accrual o cash basis. Dapat ilathala ng departamento ang mga pagpipilian nito sa ilalim ng subparagraph na ito sa website nito sa internet.

(C) Para sa mga layunin ng talatang ito, ang mga hindi naubos na pera sa pondo na inilalaan para sa mga paggasta na nauugnay sa mga pagbabaya sa mga provider ng Medi-Cal alinsunod sa isang pamamaraang pederal na inaprubahan, o isang pamamaraan kung saan nakabinbin ang pederal na pag-apruba, ay dapat isaalang-alang o kung hindi man ay pag-isahin sa pagtatapos ng bawat naaangkop na taon ng kalendaryo o taon ng pananalapi.

(2) Sa anumang pagkwestyon na nagsasaad na ang departamento ay lumalabag sa nondiscretionary ministerial na tungkulin, dapat magbigay ang hukuman ng independiyenteng paghatol nito at hindi dapat magbigay ng pakundangan sa departamento.

(c) (1) Kung, sa anumang pagkwestyon na dadalhin upang malunasan ang isang paglabag sa kabanatang ito, may kautusan sa pagpigil (restraining order) o paunang utos (preliminary injunction) na inilabas, ang mga nagsasakdal o nagpetisyon ay hindi kailangang mag-post ng bono na nag-oobliga sa mga nagsasakdal o nagpetisyon na bayaran ang mga nasasakdal ng pamahalaan o ang Estado ng California para sa anumang pinsala na maaaring idulot ng kautusan sa pagpigil (restraining order) o paunang utos (preliminary injunction).

(2) (A) Kung may anumang pagkwestyon upang mapawalang-bisa ang isang aksyon na lumalabag sa kabanatang ito na matagumpay sa pamamagitan ng panghuling hatol na inilabas ng isang hukuman na may wastong hurisdiksyon, ang halaga ng pera na kinakailangan upang maibalik ang pondo, subfund, account, o subaccount na kung saan ang mga pera ay ilegal na kinuha o inilipat sa katayuang pinansyal nito kung hindi isinagawa ang ilegal na aksyon ay dapat ilipat mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa pondo, subfund, account, o subaccount, kung naaangkop, sa ilalim ng paglalaan ng Lehislatura. Ang interes na kinakalkula sa halaga ng Pondo sa Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera mula sa petsa o mga petsa na ang mga pera ay ilegal na kinuha o inilipat ay dapat maipon sa mga halagang kinakailangan upang mailipat alinsunod sa talatang ito. Sa loob ng 30 araw ng kalendaryo ng paglalaan ng Lehislatura, dapat gawin ng Tagapagkontrol ang paglilipat na iniaatas ng talatang ito at maglabas ng paunawa sa mga panig, departamento, at komite na natapos na ang paglilipat.

(B) Kung nabigo ang Lehislatura na maglaan ng sapat na pera upang makatugon sa isang panghuling hatol na inilarawan sa subparagraph (A) sa loob ng 365 araw ng paglabas ng hatol na iyon, ang hukuman ay dapat mag-atas sa Tagapagkontrol na gumamit ng mga pera sa Medi-Cal na Account ng Pagkakaroon at Suporta upang ibalik ang mga pera na ilegal na kinuha o inilipat, kabilang ang interes.

14199.107. Kawalang ng Kapital

(a) (1) Maliban kung iba ang tinukoy sa Artikulo 4 (nagsisimula sa Seksyon 14199.109), ang mga pera sa pondo ay hindi dapat gamitin upang palitan o baguhin ang mga pinagmumulan ng kita ng estado na mayroon na bago ang petsa ng pagkabisa ng kabanatang ito. Ang mga pera sa pondo ay dapat lamang gamitin upang palawakin ang mga benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan, mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan, at mga rate ng pagbabayad na mas mataas at higit pa sa mga may bisa na o umiiral na noong Enero 1, 2024.

(2) Upang matiyak ang pagsunod sa talata (1) at makamit ang mga layunin ng kabanatang ito, at maliban sa tinukoy sa Artikulo 4 (nagsisimula sa Seksyon 14199.109), ang mga pera sa pondo ay dapat gamitin lamang upang dagdagan at pagandahin, at hindi palitan o baguhin, ang bawat isa at bawat dati nang pinagmumulan ng kita ng estado para sa mga serbisyo at programa na tumatanggap ng karagdagang suportang pinansyal alinsunod sa Artikulo 3 (nagsisimula sa Seksyon 14199.108) at Artikulo 4 (nagsisimula sa Seksyon 14199.109) ng kabanatang ito.

(3) Maliban kung iba ang tinukoy sa Artikulo 4 (nagsisimula sa Seksyon 14199.109), hindi dapat gamitin ang mga pera sa pondo upang palitan ang anumang dati nang pinagmumulan ng kita ng estado na ginagamit upang magbigay ng mga serbisyo, benepisyo, o saklaw ng Medi-Cal, mga pera na ginamit para sa Batas ng 2020 sa Paggawa ng Abot-kayang Gamot sa California, o ang mga probisyon sa mga

manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan na itinakda sa kabanatang ito.

(b) (1) Ang departamento ay dapat taun-taong maglabas ng pampublikong nakasulat na ulat na nagbibigay ng detalyadong paliwanag kung o hindi, at paano, makakamit ang pagsunod sa subdibisyon (a). Dapat i-post ang ulat sa internet website ng departamento.

(2) Bilang bahagi ng mga responsibilidad nito sa pag-audit sa ilalim ng Seksyon 14199.104, dapat independyenteng rebyuhin ng Tagapagkontrol ang mga ulat na inihanda ng departamento alinsunod sa talata (1) at pampublikong maglalabas ng hiwalay na nakasulat na opinyon hinggil sa kung nakakamit o hindi ang pagtalima sa subdibisyon (a). Ang mga gastos na natamo ng Tagapagkontrol na nauugnay sa pangangailangang ito ay dapat bayaran alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksyon 14199.104.

(c) Sa anumang pagkwestyon na nagsasaad na ang mga pera sa pondo, at ang mga subfund, account, at subaccount na itinatag sa loob ng pondo, ay ginagamit upang palitan ang dati nang umiiral na mga kita ng estado na ginagamit na para sa mga layuning inilarawan sa kabanatang ito, dapat ilapat ng hukuman ang independiyenteng paghatol nito at hindi dapat magbigay ng pakundangan sa departamento.

(d) Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang Mga Seksyon 14199.84 at 14199.123 ay dapat ituring na parehong pinagmumulan ng kita ng estado.

(e) Ang mga karagdagang hayagang pagtukoy sa kabanatang ito sa mga pagbabawal sa pagbabago ng pagpopondo ay hindi nagpapahiwatig ng higit na proteksyon sa hindi pagbabago para sa mga account na naglalaman ng mga pagtukoy na iyon, o mas mababang proteksyon sa hindi pagbabago para sa mga account na kulang sa mga pagtukoy na iyon.

Artikulo 3. Pagdeposito at Paglalaan ng mga Pera sa Pondo

14199.108. Pagdeposito at Paglalaan ng mga Pera

Sa kabila ng anumang iba pang batas:

(a) (1) Sa at pagkatapos ng Enero 1, 2025, lahat ng pera na nakukuha taun-taon mula sa buwis na ipinataw alinsunod sa Artikulo 7.1 (nagsisimula sa Seksyon 14199.80) ng Kabanata 7 ay dapat ideposito sa pondo.

(2) Sa at pagkatapos ng Enero 1, 2027, ang lahat ng pera na nakukuha taun-taon mula sa buwis na ipinataw ng Artikulo 6 (nagsisimula sa Seksyon 14199.123) ay dapat ideposito sa pondo.

(b) (1) Dapat maglipat ng sapat na pera taun-taon ang Tagapagkontrol mula sa pondo patungo sa Pangangasiwa sa Pangangalagang Kalusugan at Subfund na Pananagutan upang masaklaw ang lahat ng sumusunod:

(A) Para sa 2025 at 2026 na mga taon ng kalendaryo lamang, ang halaga ng mga pera na kinakailangan upang masaklaw ang mga paglalaang ginawa alinsunod sa Seksyon 14199.108.3.

(B) Simula sa taon ng kalendaryo na 2025 at sa bawat taon ng kalendaryo pagkatapos noon, ang hindi pederal na bahagi ng pinataas na mga pagbabayad ng capitation sa mga pinamamahalaang plano sa pangangalaga ng Medi-Cal upang i-account ang kanilang inaasahang obligasyon sa buwis alinsunod sa Seksyon 14199.84 o Artikulo 6 (nagsisimula sa Seksyon 14199.123), para sa nauukol na taon o mga taon ng kalendaryo, kung naaangkop.

(C) Pag-reimburse sa Tagapagkontrol para sa mga responsibilidad nito sa ilalim ng kabanatang ito.

(D) Pagbabayad sa mga administratibong gastos.

(E) Pagbabayad ng anumang mga refund, kung naaangkop.

(F) Mga gastos na natamo alinsunod sa Seksyon 14199.133.

(2) Sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, ang lahat ng pera sa loob ng Pangangasiwa sa Pangangalagang Kalusugan at Subfund na Pananagutan sa pamamagitan nito ay patuloy na inilalaan, nang walang pagsasaalang-alang sa mga taon ng pananalapi, sa departamento na gagamitin gaya ng itinakda sa subdibisyong ito.

(3) Anumang mga hindi napag-isang natitirang pera sa Subfund ng Pangangasiwa sa Pangangalagang Pangkalusugan at Pananagutan sa katapusan ng isang taon ng kalendaryo ay ililipat sa Pagpapabuti ng Access sa Health Care Subfund

(c) Para sa bawat naaangkop na taon ng kalendaryo, pagkatapos ng mga paglilipat na iniaatas ng subdibisyon (b) sa Subfund ng Pangangasiwa sa Pangangalagang Pangkalusugan at Pananagutan, lahat ng natitirang pera sa pondo ay dapat ilipat sa Pagpapabuti sa Pagkakaroon ng Subfund ng Pangangalaga sa Kalusugan.

(d) Sa bawat taon ng kalendaryo, ang unang apat na bilyon at tatlong daang milyong dolyar (\$4,300,000,000) na inilipat sa Pagpapabuti sa Pagkakaroon ng Subfund na Pangangalaga sa Kalusugan ay dapat ideposito ng Tagapagkontrol sa mga sumusunod na halaga sa mga sumusunod na account na sa pamamagitan nito ay nilikha sa loob ng Pagpapabuti sa Pagkakaroon ng Subfund na Pangangalaga sa Kalusugan.

(1) Dalawampu't dalawang porsyento sa Pangunahing Pangangalaga na Account.

(2) Dalawampu't dalawang porsyento sa Natatanging Pangangalaga na Account.

(3) Dalawa at kalahati ng 1 porsyento sa Account ng Mga Manggagamot sa Emergency na Departamento.

(4) Lima at tatlong-kapat ng 1 porsyento sa Account ng Pasyente sa Labas at Klinika.

(5) Lima at kalahati ng 1 porsyento sa Account ng Pampamilyang Pagpapalano.

(6) Isa at sangkapat ng 1 porsyento sa Account ng Reproductive na Kalusugan.

(7) Tatlong porsyento sa Account ng Pang-emergency na Medikal na Transportasyon.

(8) Walo at tatlong-kapat ng 1 porsiyento sa Emergency na Departamento at Mga Serbisyo ng Ospital na Account.

(9) Tatlo at kalahati ng 1 porsyento sa Account ng Itinalagang Pampublikong Ospital, na napapailalim sa subdibisyon (g).

(10) Apat at kalahati ng 1 porsyento sa Account ng Pagpapabuti ng Kalusugan ng Isip, na, napapailalim sa subdibisyon (g).

(11) Anim at sangkapat ng 1 porsyento sa Account ng mga Manggagawa sa Pangangalaga ng Kalusugan.

(12) Tatlo at kalahati ng 1 porsyento sa Account ng Dekalidad na Klinika.

(13) Tatlo at kalahati ng 1 porsyento sa Pinahusay na Account ng Mga Serbisyon Para sa Ngipin.

(14) Walong porsyento sa Medi-Cal na Account ng Pagkakaroon at Suporta.

(e) Simula sa Enero 1, 2027, at sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, lahat ng pera sa loob ng mga account na inilarawan sa subdibisyon (d), at anumang mga subaccount doon, ay patuloy na ilalaan, nang walang pagsasaalang-alang

sa mga taon ng pananalapi, sa departamento na gagamitin gaya ng itinakda sa Artikulo 4 (nagsisimula sa Seksyon 14199.109).

(f) (1) Sa at pagkatapos ng Enero 1, 2030, ang maximum na pinahihintulutang balanse ng mga na-encumber na pera sa alinman sa mga account na inilarawan sa mga talata (1) hanggang (8), kasama ang, at (11) hanggang (13), kasama, ng subdibisyon (d) ay dapat maging 200 porsyento ng average na taunang halaga na idineposito doon sa naunang dalawang taon sa kalendaryo. Tatawagin itong "maximum na pinahihintulutang balanse."

(2) Hanggang ang isang account na inilarawan sa mga talata (1) hanggang (8), kasama ang, at (11) hanggang (13), kasama, ng subdibisyon (d) ay nasa o higit pa sa pinakamataas na pinahihintulutang balanse nito, ang mga pera kung na kinakailangan sanang ideposito sa ang account na iyon sa halip ay dapat ideposito sa pro rata basis sa iba pang mga account na inilarawan sa mga talata (1) hanggang (8), kasama ang, at (11) hanggang (13), kasama, ng subdibisyon (d) na wala sa o mas mataas sa kanilang pinakamataas na pinahihintulutang balanse.

(3) Ang subdibisyong ito ay hindi nalalapat kung ang isang account ay umabot sa maximum na pinahihintulutang balanse nito bilang resulta ng paglabag ng departamento sa hindi-diskresyonaryong tungkuling ministeryal nito na itinakda sa subdibisyon (b) ng Seksyon 14199.106.

(4) Ang subdibisyon na ito ay hindi nalalapat kung ang lahat ng mga account na inilarawan sa mga talata (1) hanggang (8), kasama ang, at (11) hanggang (13), kasama, ng subdibisyon (d) ay sabay-sabay na nasa o higit sa kanilang maximum na pinahihintulutang balanse.

(g) (1) Sa kabila ng porsyentong nakalaan na inilarawan sa talata (9) ng subdibisyon (d), ang pinakamataas na halaga ng dolyar na idineposito sa Account ng Itinalagang Pampublikong Ospital ay hindi dapat lumampas sa isang daan at limampung milyong dolyar (\$150,000,000) bawat taon ng kalendaryo. Kapag ang halagang idineposito sa anumang taon ng kalendaryo sa Account ng Itinalagang Pampublikong Ospital ay umabot sa isang daan at limampung milyong dolyar (\$150,000,000), anumang labis na perang inilaan alinsunod sa talata (9) ng subdibisyon (d) sa halip ay idedeposito sa Account ng Emergency na Departamento at Mga Serbisyo sa Ospital.

(2) Sa kabila ng porsyentong nakalaan na inilarawan sa talata (10) ng subdibisyon (d), ang pinakamataas na halaga ng dolyar na idineposito sa Account ng Pagpapabuti ng Kalusugan ng Isip ay hindi dapat lumampas sa dalawang daang milyong dolyar (\$200,000,000) bawat taon ng kalendaryo. Kapag ang halagang idineposito sa anumang taon ng kalendaryo sa Account ng Pagpapabuti ng Kalusugan ng Isip ay umabot sa dalawang daang milyong dolyar (\$200,000,000), anumang labis na perang inilaan alinsunod sa talata (10) ng subdibisyon (d) sa halip ay idedeposito sa Account ng Emergency na Departamento at Mga Serbisyo sa Ospital.

(h) Pagkatapos na unang ideposito ang apat na bilyon at tatlong daang milyong dolyar (\$4,300,000,000) alinsunod sa subdibisyon (d), sa bawat taon ng kalendaryo ang susunod na apat na raang milyong dolyar (\$400,000,000) na inilipat sa Subfund sa Pagpapabuti ng Access sa Pangangalagang Pangkalusugan (Improving Access to Health Care Subfund) ay dapat ideposito sa Medi-Cal na Account ng Pagkakaroon at Suporta.

(i) (1) Pagkatapos ng unang pagdeposito ng apat na bilyon at tatlong daang milyong dolyar (\$4,300,000,000)

alinsunod sa subdibisyon (d) at ang susunod na apat na raang milyong dolyar (\$400,000,000) ay maideposito alinsunod sa subdibisyon (h), sa bawat taon ng kalendaryo sa susunod na dalawang daan dalawampu't anim na milyon dolyar (\$226,000,000) na inilipat sa Subfund ng Pagpapabuti sa Pagkakaroon ng Pangangalagang Pangkalusugan ay dapat ideposito tulad ng sumusunod:

(A) Tatlungpung dalawang milyong dolyar (\$32,000,000) sa Account ng mga Manggagawa sa Kalusugan ng Komunidad.

(B) Animnapu't apat na milyong dolyar (\$64,000,000) sa Account ng Pagbabayad sa Loan ng mga Manggagawa sa Pangangalaga ng Kalusugan.

(C) Isang daan at dalawampung milyong dolyar (\$120,000,000) sa Medi-Cal na Subaccount ng mga Manggagawa.

(D) Sampung milyong dolyar (\$10,000,000) sa Account ng Abot-kayang Inireresetang mga Gamot.

(2) Simula sa Enero 1, 2027, at sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, lahat ng pera sa loob ng mga account na inilarawan sa talata (1), at anumang mga subaccount doon, ay patuloy na ilalaan, nang walang pagsasaalang-alang sa mga taon ng pananalapi, sa departamento na gagamitin gaya ng itinakda sa Artikulo 4 (nagsisimula sa Seksyon 14199.109).

(j) Pagkatapos makumpleto ang mga depositong kinakailangan ng mga subdibisyon (d), (h), at (i), lahat ng natitirang pera na inilipat sa Pagpapabuti sa Pagkakaroon ng Subfund sa Pangangalagang Pangkalusugan sa isang taon ng kalendaryo ay dapat ideposito at gamitin gaya ng sumusunod:

(A) Dalawampu't limang porsyento sa mga account na inilarawan sa mga talata (1) hanggang (13), kasama, ng subdibisyon (d) sa pro rata na batayan ayon sa at katugma sa kaugnay na pamamahagi sa mga talatang iyon.

(B) Pitumpu't limang porsyento sa Medi-Cal na Account ng Pagkakaroon at Suporta.

14199.108.3. Mga Paggasta sa Mga Taon ng Kalendaryo na 2025 at 2026

(a) Kapwa sa mga taon ng kalendaryo na 2025 at taon ng kalendaryo na 2026 lamang, at sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, ang mga pera ay patuloy na ilalaan nang walang pagsasaalang-alang sa mga taon ng pananalapi mula sa Pagsubaybay sa Pangangalagang Kalusugan at Subfund na Pananagutan sa departamento sa mga sumusunod na halaga para sa mga sumusunod na layunin:

(1) Dalawang bilyong dolyar (\$2,000,000,000) upang masaklaw ang isang porsyon ng hindi pederal na bahagi ng Medi-Cal na mga rate ng pinamamahalaang pangangalaga para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na ibinigay sa mga bata, nasa hustong gulang, matatanda, at mga taong may kapansanan, at mga taong dually eligible para sa mga programang Medi-Cal at Medicare.

(2) Anim na raan at siyamnapu't isang milyong dolyar (\$691,000,000) para sa pangunahing pangangalaga, kabilang ang obstetrics at mga di natatanging serbisyo sa kalusugan ng isip.

(3) Limandaan at pitumpu't limang milyong dolyar (\$575,000,000) para sa natatanging pangangalaga.

(4) Dalawang daan at apatnapu't limang milyong dolyar (\$245,000,000) para sa mga community at outpatient procedure.

(5) Siyamnapung milyong dolyar (\$90,000,000) para sa mga serbisyo sa pagpapalaglag at pagpaplanong pampamilya.

(6) Limampung milyong dolyar (\$50,000,000) para sa mga serbisyo at suporta para sa pangunahing pangangalaga.

(7) Tatlong daan at limampu't limang milyong dolyar (\$355,000,000) para sa mga pasilidad ng emergency room at mga manggagamot.

(8) Isang daan at limampung milyong dolyar (\$150,000,000) para sa mga itinalagang pampublikong ospital.

(9) Limampung milyong dolyar (\$50,000,000) para sa ground emergency medical transportation.

(10) Tatlong daang milyong dolyar (\$300,000,000) para sa mga pasilidad ng pangkaugaliang kalusugan.

(11) Pitumpu't limang milyong dolyar (\$75,000,000) para sa edukasyong medikal ng mga nakapagtapos na.

(12) Pitumpu't limang milyong dolyar (\$75,000,000) para sa mga manggagawa ng Medi-Cal.

(b) Ang alokasyon ng mga pera na inilaan alinsunod sa subdibisyon (a) ay sasailalim sa mga kinakailangang kaisipan ng mga interesadong partido ng Seksyon 14199.121.

(c) Ang seksyong ito ay mapapawalang-bisa sa Enero 1, 2027, at sa pamamagitan nito ay babawiin sa Enero 1, 2028.

14199.108.5. Trato sa Pinataas o Mga Karagdagang Pagbabayad

Mga pinataas o karagdagang pagbabayad na ginawa alinsunod sa mga Seksyon 14199.108.3, 14199.109, 14199.110, 14199.110.5, 14199.112, 14199.113, 14199.114, 14199.115, 14199.116, 14199.117, 14199.119, 14199.120.5, at 14199.120.6 ay dapat:

(a) Maging karagdagan sa mga kasalukuyang rate ng reimbursement at anumang iba pang pagbabayad na ginawa ng isang plano sa pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal o ng departamento at hindi dapat baguhin ang mga halaga na kung hindi man ay babayaran ng isang plano sa pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal o ng departamento sa tatanggap ng mga perang ibinigay sa pamamagitan ng Artikulo 4 (nagsisimula sa Seksyon 14199.109).

(b) Ituring na hiwalay at nakabukod sa anumang iba pang reimbursement, at hindi dapat isaalang-alang sa panahon, o isasaalang-alang sa, anumang taunang pagkakasundo.

Artikulo 4. Pagprotekta sa Pagkakaroon ng Pangangalagang Pangkalusugan

14199.109. Account ng Pangunahing Pangangalaga

(a) Ang mga pera sa Account ng Pangunahing Pangangalaga ay dapat gamitin para sa layunin ng pagbibigay sa mga pasyente ng Medi-Cal ng mas mataas na access sa mga dekalidad na serbisyo ng pangunahing pangangalaga tulad ng itinakda sa seksyong ito.

(b) (1) Ang departamento ay dapat, alinsunod sa mga kinakailangang kaisipan ng mga interesadong partido ng Seksyon 14199.121, magtaas ng mga rate ng reimbursement para sa mga serbisyo sa pangunahing pangangalaga mula sa mga umiiral noong Enero 1, 2024, at dapat tiyakin na ang mga plano sa pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal ay nagbibigay ng mga pagtaas sa paraang konsistent sa intensyon at mga layunin ng kabanatang ito.

(2) Bilang karagdagan sa talata (1), sa pagpapatupad ng seksyong ito, ang departamento ay maaaring, sa ilalim ng pederal na pag-apruba at pagkatapos makuha ang kaisipan ng mga interesadong partido alinsunod sa Seksyon 14199.121, gumamit ng iba't ibang mekanismo ng pagbabayad, kabilang ang mga dekalidad na pabuyang kabayaran o modelo

ng kabayaran na nagpapahalaga, upang manghikayat, magpanatili, at magpahusay ng partisipasyon ng tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga sa Medi-Cal at pahusayin ang kalidad.

14199.110. Account ng Natatanging Pangangalaga

(a) Ang mga pera sa Account ng Natatanging Pangangalaga ay dapat gamitin para sa layunin ng pagpapalawak ng access ng pasyente ng Medi-Cal sa mga serbisyo ng espesyal na pangangalaga gaya ng itinakda sa seksyong ito.

(b) Ang departamento ay dapat, alinsunod sa mga kinakailangang kaisipan ng mga interesadong partido ng Seksyon 14199.121, magtatag at magpatupad ng isa o higit pang mga pamamaraan ng pagbabayad na makatutugon sa mga pederal na kinakailangan at iniaatas ng bawat plano ng pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal o ang mga subcontracted na kinatawan nito na palawakin ang access ng benepisyaryo sa sakop ng Medi-Cal na mga serbisyo sa natatanging pangangalaga. Ang pamamaraan ng pagbabayad o mga pamamaraan na binuo ng departamento ay dapat tumugon sa mga sumusunod na layunin:

(1) Dagdagan ang bilang ng mga espesyalista sa pagkontrata ng plano sa pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal.

(2) Panatilihin ang mga dating espesyalista sa pagkontrata ng plano ng pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal sa loob ng network ng mga kinokontratang provider ng plano.

(3) Palakihin ang bilang ng mga pasyente ng Medi-Cal na pinaglilingkuran ng isang dati nang espesyalista sa pagkontrata ng plano sa pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal.

(4) Magbigay ng mas maraming oras o panahon ng espesyalista para sa mga pasyente ng Medi-Cal.

(5) Suportahan ang mga espesyalista sa pakikipag-ugnayan at pangangasiwa sa pangangalaga ng mga pasyente bilang bahagi ng isang multidisiplinary na pangkat ng nangangalaga.

(c) May plano ng pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal o isang subcontracted na kinatawan na dapat magbigay ng mga pagbabayad sa mga espesyalista na konsistent sa mga pamamaraan ng pagbabayad na binuo ng departamento alinsunod sa seksyong ito.

14199.110.5. Account ng mga Manggagamot sa Emergency na Departamento

(a) Ang mga pera sa Account ng mga Manggagamot sa Emergency na Departamento ay dapat gamitin para sa layunin ng pagpapataas ng reimbursement para sa mga doktor ng emergency na departamento na gumagamot sa mga pasyente ng Medi-Cal gaya ng itinakda sa seksyong ito.

(b) Ang departamento ay dapat, alinsunod sa mga kinakailangang kaisipan ng mga interesadong partido ng Seksyon 14199.121, magtatag at magpatupad ng isa o higit pang mga pamamaraan ng pagbabayad upang mapataas ang mga reimbursement para sa mga manggagamot ng emergency na departamento na gumagamot sa mga pasyente ng Medi-Cal. Ang pamamaraan o mga pamamaraan ng pagbabayad ay dapat na naaayon sa mga layunin ng kabanatang ito, dapat idinisenyo upang mapahusay ang access at suporta para sa mga serbisyo ng emergency na departamento, at hindi dapat nakabatay sa katayuan ng kinontratang provider sa network ng isang manggagamot.

14199.111. Account ng Mangagawa sa Kalusugan sa Komunidad

(a) Nililikha sa pamamagitan nito ang Account ng mga Manggagawa sa Kalusugan sa Komunidad sa loob ng

Subfund sa Pagpapabuti ng Access sa Pangangalagang Pangkalusugan. Ang mga pera sa Account ng mga Mangagagawa sa Kalusugan sa Komunidad ay dapat gamitin para sa layunin ng pagpapalawak ng kakayahang magkaroon ng mga manggagawa sa kalusugan sa komunidad sa mga programa ng Medi-Cal gaya ng itinakda sa seksyong ito.

(b) Ang departamento ay dapat, alinsunod sa mga kinakailangang kaisipan ng interesadong partido ng Seksyon 14199.121, magtatag ng isang tulong na programa upang palawakin ang bilang ng mga lokasyon at populasyon na pinaglilingkuran ng mga manggagawa sa kalusugan ng komunidad na nagbibigay ng mga serbisyo sa ngalan ng mga organisasyong nakabatay sa komunidad, mga tagapagbigay ng komunidad, at mga klinika.

(c) (1) Sa at pagkatapos ng Enero 1, 2030, ang pinakamataas na pinahihintulatang balanse ng mga hindi napag-isang pera sa account na ito ay dapat na animnapu't apat na milyong dolyar (\$64,000,000). Hanggang ang account na ito ay nasa o higit sa animnapu't apat na milyong dolyar (\$64,000,000), ang mga pera na karaniwang kinakailangang ideposito sa account na ito sa halip ay idedeposito sa pro rata basis sa mga account na inilarawan sa mga talata (1) hanggang (8), kasama ang, at (11) hanggang (13), kasama, ng subdibisyon (d) na wala sa o higit pa sa kanilang pinakamataas na pinahihintulatang balanse.

(2) Hindi nalalapat ang subdibisyong ito kung ang account na ito ay nasa o higit sa animnapu't apat na milyong dolyar (\$64,000,000) bilang resulta ng paglabag ng departamento sa kanyang hindi-diskresyonaryong tungkuling ministeryal na itinakda sa subdibisyon (b) ng Seksyon 14199.106, o kung ang mga account na inilarawan sa mga talata (1) hanggang (8), kasama ang, at (11) hanggang (13), kasama, ng subdibisyon (d) ay sabay-sabay na nasa o higit sa kanilang pinakamataas na pinahihintulatang balanse.

14199.112. Account ng Access sa Outpatient at Klinika

(a) Ang mga pera sa Account ng Panlabas na Pasyente at Klinika ay dapat gamitin para sa layunin ng pagpapataas ng mga netong pagbabayad para sa mga outpatient facility, kabilang ang mga ambulatory surgical center at klinika, na nagbibigay ng eligible outpatient services at procedures sa mga pasyente ng Medi-Cal.

(b) Ang departamento ay dapat, alinsunod sa mga kinakailangang kaisipan ng mga interesadong partido ng Seksyon 14199.121, bumuo, humingi ng pederal na pag-apruba para sa, at magpatupad ng isa o higit pang mga pamamaraan ng pagbabayad na nagbibigay ng mas mataas na netong pagbabayad para sa mga karapat-dapat na pasilidad ng mga pasyente sa labas, anuman ang uri ng lisensya, sa paraang konsistent sa mga layunin ng kabanatang ito.

(c) Ang mga pera sa Account ng Panlabas na Pasyente at Klinika ay gagamitin lamang upang pataasin ang antas ng netong pagbabayad para sa kwalipikadong panlabas na pasyente na mga serbisyo at mga pamamaraan na mas mataas sa kasalukuyan na may bisa para sa kwalipikadong outpatient na mga serbisyo at mga pamamaraan simula Enero 1, 2024.

14199.113. Account ng Pagpapalano ng Pamilya

(a) Ang mga pera sa Family Planning Account ay dapat gamitin para sa layunin ng pagpapalawak ng saklaw at pagkakaroon ng mga serbisyo sa pagpaplanong pampamilya gaya ng nakalagay sa seksyong ito.

(b) Dapat gamitin ng departamento, alinsunod sa mga kinakailangang kaisipan ng mga interesadong partido ng

Seksyon 14199.121, ang mga pera sa account para sa lahat ng mga sumusunod na layunin:

(1) Pagpapalawak ng saklaw ng mga benepisyong inaalok alinsunod sa Pampamilyang Pagpapalano ng mga Nasa Estado lamang na Programa at Pampamilyang PACT na Programa.

(2) Pagpapataas ng mga rate ng reimbursement para sa:

(A) Mga serbisyo sa pagpapalano ng pampamilya at mga serbisyong nauugnay sa pagpapalano ng pampamilya sa programang Medi-Cal.

(B) Mga komprehensibong klinikal na serbisyo para sa pagpapalano ng pamilya sa programa ng Family PACT.

(C) Mga serbisyo sa pagpapalano ng pampamilya sa Pampamilyang Pagpapalano ng mga Nasa Estado lamang na Programa.

(3) Pagpapahintulot sa departamento, na napapailalim sa mga kinakailangang kaisipan ng mga interesadong partido ng Seksyon 14199.121, na pondohan ang mga aktibidad sa pagbabago at magtatag ng mga alternatibong pamamaraan ng pagbabayad, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, naka-bundle na bayad, direktang bayad sa parehong network at non-network na mga tagapagbigay, capitated na bayad, at mga bayad na nakabatay sa halaga para sa mga serbisyong pampamilyang pagpapalano, mga serbisyong kaugnay sa pampamilyang pagpapalano, at mga serbisyong pangkalusugang sekswal at reproduktibo.

(4) Pagbibigay ng pondo sa mga kwalipikadong tagapagbigay ng pampamilyang pagpapalano upang mabawi ang mga gastos sa pagbibigay ng hindi nababayaranang mga serbisyong outpatient at suporta.

14199.114. Account ng Pangkalusugang Reproduktibo

(a) Ang mga pera sa Reproductive Health Account ay dapat gamitin gaya ng itinakda sa seksyong ito.

(b) Dapat gamitin ng departamento, alinsunod sa mga kinakailangang kaisipan ng mga interesadong partido ng Seksyon 14199.121, ang mga pera sa Reproductive Health Account para sa layunin ng pagprotekta, pag-iingat, at pagpapalawak ng access sa pagpapalaglag at mga serbisyong nauugnay sa pagpapalaglag, kabilang ang pagtaas ng mga rate ng bayad para sa pagpapalaglag at mga serbisyong nauugnay sa pagpapalaglag.

14199.115. Account ng Pang-emergency na Medikal na Transportasyon

(a) Ang mga pera sa Account para sa Pang-emergency na Transportasyong Medikal ay dapat gamitin para sa layunin ng pagpapataas ng mga pagbabayad sa mga pribadong tagapagbigay ng pang-emergency na transportasyong medikal sa lupa at tagapagbigay ng pang-emergency na transportasyong medikal sa himpapawid gaya ng nakasaad sa seksyong ito.

(b) Walumpung porsyento ng mga pera sa account ay dapat ideposito sa Subaccount ng Transportasyon ng Medikal na Emergency sa Lupa, na sa pamamagitan nito ay lilikhain sa Account ng Transportasyon ng Medikal na Emergency. Ang mga pera sa subaccount na ito ay dapat gamitin para sa layunin ng pagpapataas ng mga pagbabayad sa mga pribadong tagapagbigay ng pang-emergency na transportasyong medikal sa lupa tulad ng sumusunod:

(1) Ang departamento ay dapat, alinsunod sa mga kinakailangang kaisipan ng mga interesadong partido ng Seksyon 14199.121, magtatag at magpatupad ng mas mataas na netong pagbabayad sa pribadong tagapagbigay ng pang-emergency na transportasyong medikal sa lupa para

sa mga transportasyon ng medikal na emergency sa lupa na mas mataas sa mga rate na may bisa noong Enero 1, 2024. Sa lawig na pinahihintulutan ng pederal na batas, dapat dagdagan ng departamento ang netong pagbabayad batay sa halaga ng pamumuhay sa rehiyon kung saan ipinagkaloob ang transportasyon.

(2) Ang pinataas na mga pagbabayad sa Medi-Cal na inilarawan sa talata (1) ay dapat na naaangkop sa mga bayad sa serbisyo para sa mga pribadong tagapagbigay ng transportasyon ng medikal na emergency sa lupa at mga bayad mula sa mga plano ng pangangalaga ng pinamahalaan ng Medi-Cal sa mga pribadong tagapagbigay ng transportasyon ng medikal na emergency sa lupa. Dapat ayusin ng departamento ang pinataas na bayad sa pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal alinsunod sa subdibisyong ito upang ang mga pribadong tagapagbigay ng transportasyon ng medikal na emergency sa lupa na tumatanggap ng mga bayad para sa mga transportasyon ng medikal na emergency sa lupa na ipinagkaloob sa mga pasyente ng pinamamahalaang pangangalaga alinsunod sa Seksyon 14129.3 o anumang kapalit na batas ay eligible na tumanggap ng mga bayad para sa mga transportasyon ng medikal na emergency sa lupa na ipinagkaloob sa mga pasyente ng pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal alinsunod sa seksyong ito.

(3) Ang mga pera sa Subaccount ng Transportasyon ng Medikal na Emergency sa Lupa ay gagamitin lamang upang pataasin ang antas ng netong pagbabayad para sa mga pribadong tagapagbigay ng transportasyon ng medikal na emerhensya sa lupa na higit sa kasalukuyang antas ng netong pagbabayad na may bisa para sa mga pribadong tagapagbigay ng transportasyon ng medikal na emergency sa lupa simula Enero 1, 2024. Maaaring baguhin ng direktor o gumawa ng mga pagsasaayos sa anumang pamamaraan, halaga ng bayad, o iba pang probisyon na tinukoy sa Artikulo 3.91 (nagsisimula sa Seksyon 14129) ng Kabanata 7, ayon sa pinahihintulutan ng subdibisyon (b) ng Seksyon 14129.6, hanggang sa lawig lamang na kinakailangan upang matugunan ang mga kahingian ng pederal na batas o mga regulasyon o upang makakuha ng pederal na pag-apruba alinsunod sa Seksyon 14129.6 pagkatapos ng pagpapatupad ng subdibisyong ito.

(c) Dalawampung porsyento ng mga pera sa account ay dapat ideposito sa Subaccount ng Transportasyon ng Medikal na Emergency sa pamamagitan ng Ambulansya sa Himapawid, na sa pamamagitan nito ay lilikhain sa Account ng Transportasyon ng Medikal na Emergency. Ang mga pera sa subaccount na ito ay dapat gamitin para sa layunin ng pinataas na mga pagbabayad sa Medi-Cal para sa mga tagapagbigay ng transportasyon ng emergency na ambulansya sa himpapawid gaya ng sumusunod:

(1) Ang departamento ay dapat, alinsunod sa mga kinakailangang kaisipan ng mga interesadong partido ng Seksyon 14199.121, magtatag at magpatupad ng mga pinataas na bayad sa Medi-Cal para sa mga tagapagbigay ng transportasyon ng emergency na ambulansya sa himpapawid na mas mataas sa mga rate na may bisa noong Enero 1, 2024.

(2) Ang tumaas na mga rate na inilarawan sa talata (1) ay dapat na naaangkop sa Medi-Cal mga rate ng bayad para sa serbisyo sa mga tagapagbigay ng transportasyon ng emergency na ambulansya sa himpapawid at mga pagbabayad mula sa plano sa pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal sa mga tagapagbigay ng transportasyon ng emergency na ambulansya sa himpapawid.

(3) Ang mga pagbabayad na ginawa alinsunod sa subdibisyong ito ay dapat na karagdagan sa anumang iba pang mga pagbabayad ng Medi-Cal sa mga tagapagbigay ng

transportasyon ng emergency na ambulansya sa himpapawid at hindi dapat palitan ang mga halaga na iba pang babayaran sa ilalim ng Medi-Cal sa isang tagapagbigay ng transportasyon ng emergency na ambulansya sa himpapawid.

14199.116. Account ng Emergency na Departamento at mga Serbisyo ng Ospital

(a) Ang mga pera sa Account ng Mga Serbisyo ng Departamento ng Emergency at Ospital ay dapat gamitin para sa layunin ng pagprotekta sa pagkakaroon ng, at pagpapahusay ng kalidad ng, pangangalaga sa ospital, kabilang ang pagkakaroon ng matinding pangangalaga sa naka-admit na pasyente at mga departamento ng emergency, para sa mga pasyente ng Medi-Cal, gaya ng nakasaad sa seksyong ito.

(b) Ang departamento ay dapat, alinsunod sa mga kinakailangang kaisipan ng mga interesadong partido ng Seksyon 14199.121, bumuo, humingi ng pederal na pag-apruba para sa, at magpatupad ng isa o higit pang mga pamamaraan ng pagbabayad na nagbibigay ng mas mataas na netong pagbabayad sa mga pampubliko at pribadong ospital para sa mga kwalipikado sa serbisyo ng ospital. Maaaring ayusin ng departamento ang mga pagbabayad gamit ang mga pera sa account.

(c) Ang mga pera sa Account ng Mga Serbisyo ng Departamento ng Emergency at Ospital ay dapat lamang gamitin upang pataasin ang antas ng netong pagbabayad para sa mga kwalipikado sa serbisyo ng ospital na mas mataas sa kasalukuyang antas ng netong pagbabayad na may bisa para sa mga kwalipikado sa serbisyo ng ospital simula Enero 1, 2024.

14199.117. Account ng Itinalagang Pampublikong Ospital

(a) Ang mga pera sa Account ng Itinalagang Pampublikong Ospital ay dapat gamitin para sa layunin ng pagpapanatili at pagtataguyod ng access sa pangangalaga sa ospital at hindi ospital sa mga itinalagang sistemang pampublikong ospital.

(b) Ang departamento ay dapat, alinsunod sa mga kinakailangang kaisipan ng mga interesadong partido ng Seksyon 14199.121, gamitin ang mga pera sa account para magkaloob ng mas mataas na netong pagbabayado mga bagong pagbabayad para sa mga itinalagang pampublikong ospital at mga sistemang pangkalusugan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga de-kalidad na pagbabayad ng insentibo sa ilalim ng dati na o kahaliling mga mekanismo ng pagbabayad o mga pagbabayad bilang suporta sa mga serbisyong ibinibigay ng mga itinalagang sistemang ospital o na nagpapahusay sa kanilang mga kakayahan, o upang magbigay ng suportang pinansyal para sa hindi pederal na bahagi ng mga pagbabayad ng Medi-Cal sa mga itinalagang sistemang pampublikong ospital. Maaaring ilapat ng departamento ang mga pera sa Account ng Itinalagang Pampublikong Ospital para sa mga layuning ito.

(c) Ang mga pera sa Account ng Itinalagang Pampublikong Ospital ay dapat lamang gamitin upang pataasin ang antas ng netong pagbabayad para sa mga itinalagang sistemang pampublikong ospital para sa mga karapat-dapat na serbisyo na mas mataas sa kasalukuyang antas ng netong pagbabayad para sa mga kwalipikado sa serbisyo na may bisa simula Enero 1, 2024.

14199.118. Account ng Abot-kayang mga Gamot na may Prescripsyon

(a) Nililikha sa pamamagitan nito ang Account ng Abot-kayang mga Gamot na may Prescripsyon sa loob ng Pondo ng Pagsusulong ng Pagkakaroon ng Pangangalaga sa Kalusugan. Ang mga pera sa Account ng Abot-kayang mga Gamot na may Prescripsyon ay dapat gamitin gaya ng itinakda sa seksyong ito.

(b) Ang departamento ay dapat, alinsunod sa mga kinakailangang kaisipan ng interesadong partido ng Seksyon 14199.121, gamitin ang mga pera sa Account ng Abot-kayang mga Gamot na may Prescripsyon para sa layunin ng pagbibigay ng mas mataas na pagpopondo para sa Batas sa Paggawa ng Abot-kayang Gamot sa California ng 2020 upang mapataas ang kumpetisyon, mas mababang mga presyo, at matugunan ang mga kakulangan sa merkado para sa mga generic na inireresetang gamot, upang bawasan ang halaga ng mga inireresetang gamot para sa pampubliko at pribadong bumibili, mga nagbabayad ng buwis, at mga mamimili, at para mapataas ang access ng pasyente sa mga abot-kayang gamot.

(c) (1) Sa at pagkatapos ng Enero 1, 2030, ang maximum na pinahihintulatang balanse ng mga na-encumber na pera sa account na ito ay dapat na dalawampung milyong dolyar (\$20,000,000). Hanggang ang account na ito ay nasa o higit sa dalawampung milyong dolyar (\$20,000,000), ang mga perang karaniwang kailangang sa account na ito sa halip ay dapat ideposito sa batayang pro rata sa mga account na inilarawan sa mga talata (1) hanggang (8), ingklusibo, at (11) hanggang (13), ingklusibo, ng subdibisyon (d) na wala sa o higit sa kanilang pinakamataas na pinahihintulatang balanse.

(2) Hindi nalalapat ang subdibisyong ito kung ang account na ito ay nasa o higit pa sa dalawampung milyong dolyar (\$20,000,000) bilang resulta ng paglabag ng departamento sa hindi-diskresyonaryong tungkuling ministeryal nito na itinakda sa subdibisyon (b) ng Seksyon 14199.106, o kung ang mga account na inilarawan sa mga talata (1) hanggang sa (8), kasama ang, at (11) hanggang (13), kasama, ng subdibisyon (d) ay sabay-sabay na nasa o higit pa sa pinakamataas na pinahihintulatang balanse.

14199.119. Account ng Pagsusulong ng Kalusugan ng Isip.

(a) (1) Ang mga pera sa Account ng Pagsusulong ng Kalusugan ng Isip ay dapat gamitin para sa layunin ng pagpapalawak ng kakayahang mapabilang sa mga programa at serbisyo sa kalusugan ng isip gaya ng itinakda sa seksyong ito.

(2) Ang mga pera sa account ay dapat gamitin upang magbigay ng karagdagang pagpopondo para sa mga serbisyo sa inpatient psychiatric na mga serbisyo alinsunod sa subdibisyon (b).

(b) Ang departamento ay dapat, alinsunod sa mga kinakailangang kaisipan ng mga interesadong partido ng Seksyon 14199.121, gamitin ang mga pera sa account para sa layunin ng pagtaas ng suplay ng mga inpatient na psychiatric na kama sa kalusugan ng isip sa pamamagitan ng pagbibigay ng karagdagang pagbabayad para sa mga psychiatric inpatient na araw sa mga lisensyadong ospital para sa agarang pangangalaga at agarang psychiatric na ospital. Ang mga pagbabayad na ito ay dapat:

(1) Pataasin ang antas ng netong pagbabayad na ibinabayad sa mga ospital na ito kaugnay sa mga serbisyong iyon na mas mataas sa kasalukuyang antas ng netong pagbabayad na may bisa para sa mga serbisyong iyon simula Enero 1, 2024.

(2) Hindi makakaapekto o babago sa anumang iba pang mga pagbabayad sa mga ospital na ito.

(3) Gagawin sa mga ospital na ito anuman ang katayuan sa pagkontrata sa isang plano sa kalusugan ng isip ng county o sa isang plano sa pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal o iba pang entidad ng pinamamahalaang pangangalaga na may pananagutan sa pananalapi para sa mga serbisyo ng ospital para sa psychiatric na inpatient sa ilalim ng kontrata sa departamento, kung naaangkop.

14199.120. Account ng mga Manggagawa sa Pangangalang Pangkalusugan

(a) Dapat gamitin ng departamento, alinsunod sa mga kinakailangang kaisipan ng mga interesadong partido ng Seksyon 14199.121, ang mga pera sa Account ng Mga Manggagawa sa Pangangalaga ng Kalusugan para sa layunin ng pag-akit, pagpapanatili, at pagpapalawak ng grupo ng mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan na available upang gamutin ang mga pasyente ng Medi-Cal gaya ng itinakda sa ang seksyong ito.

(b) Pitumpu't limang porsyento ng mga pera sa account ay dapat ideposito sa Subaccount ng Pagtapos sa Pagsasanay ng Medisina, na sa pamamagitan nito ay nililikha sa Account ng Mga Manggagawa sa Pangangalaga ng Kalusugan. Ang mga pera sa subaccount na ito ay dapat ilipat sa University of California para sa pangangasiwa at paggasta sa iba pang mga kwalipikadong kinatawan upang palawakin ang pagtapos sa pagsasanay ng medisina sa paggamit ng layuning pataasin ang bilang ng mga slot sa residency ng manggagamot at surgeon at pagpaparami sa bilang ng mga lokasyon na nag-aalok ng manggagamot at mga programa sa paninirahan ng surgeon, kumpara sa bilang ng mga slot sa residency at mga lokasyon ng programa na inilagay noong Disyembre 31, 2023. Para sa mga layunin ng seksyong ito, lahat ng allopathic at osteopathic residency na programa na ina-accredit ng mga nagbibigay ng pagkilala sa mga organisasyong pederal na kinikilala at matatagpuan sa California ay magiging karapat-dapat na mag-aplay upang makatanggap ng pagpopondo sa pagsuporta ng resident education sa California. Nang hindi lalampas sa Enero 1, 2027, maaaring humingi ng pederal na pag-apruba ang departamento para sa mga programang nilikha o pinalawak alinsunod sa subdibisyong ito. Gayunpaman, ang mga graduate medical education program ay hindi nakasalalay sa pederal na pag-apruba at pederal na pakikilahok sa pananalapi.

(c) Dalawampu't limang porsyento ng mga pera sa account ay dapat ideposito sa Medi-Cal Subaccount ng Pangkat ng Manggagawa, na sa pamamagitan nito ay nililikha sa Account ng Mga Manggagawa sa Pangangalaga ng Kalusugan. Ang departamento ay maaaring pumasok sa isang interagency kasunduan sa ibang ahensya ng pamahalaan o kinatawan ng estado upang mangasiwa at magpatupad ng isang grant program na pinondohan ng Medi-Cal Subaccount ng Pangkat ng Manggagawa gaya ng itinakda sa subdibisyong ito.

(1) (A) Hindi mas maaga kaysa sa Enero 1, 2027, ang departamento o ang itinalaga nitong ahensya o kinatawan ng pamahalaang pang-estado ay maglalabas ng mga grant alinsunod sa subdibisyong ito na may mga magagamit na pera sa Medi-Cal Subaccount ng Pangkat ng Manggagawa upang palakasin at suportahan ang pagbuo at pagpapanatili ng Medi-Cal na pangkat ng manggagawa sa pamamagitan ng mga tunay na mga komite ng kooperasyon ng paggawa at pamamahala.

(B) Ang mga pamantayan ay dapat itatag, alinsunod sa mga kinakailangang kaisipan ng interesadong partido ng Seksyon 14199.121, para sa mga pondo sa mga tunay na mga komite ng kooperasyon ng paggawa at pamamahala upang suportahan ang pagbuo ng mga mataas na kalidad ng programa para sa pagpapaulad ng lakas-paggawa.

(2) Maaaring kabilang sa mga pamantayan para sa mga grant award, ngunit hindi limitado sa, ang mga sumusunod:

(A) Pagpapatupad ng mga programa ng pagsasanay para sa manggagawa upang itaguyod ang kaligtasan ng pasyente, pagbutihin ang kalidad ng mga resulta, at magsulong ng mga oportunidad sa karera ng empleyado

(B) Pagbuo at pagsuporta sa mga programa ng apprenticeship at pre-apprenticeship para sa manggagawa sa pangangalaga ng kalusugan.

(C) Pagrerekrut at pagpapanatili ng pangkat ng manggagawa.

(D) Pagpopondo para sa mga nagbibigay pagsasanay na mga organisasyon gaya ng Taft-Hartley na pondo ng pagsasanay, upang suportahan ang pagpapahusay sa pangkat ng manggagawa.

(E) Mga karagdagang pamumuhunan sa kapasidad ng pangkat ng manggagawa.

(3) Sa pagbibigay ng mga grant alinsunod sa subdibisyong ito, ang departamento o ang itinalagang ahensya ng gobyerno ng estado o kinatawan ng pamahalaan ng estado ay maaaring magbigay ng preperensya sa isang tunay na komite ng kooperasyon ng paggawa at pamamahala na inorganisa sa batayang multiemployer at kinasasangkutan ng maraming organisasyon ng paggawa.

14199.120.5. Account ng Kalidad na Klinika

(a) Ang mga pera sa Account ng Kalidad na Klinika ay dapat gamitin para sa layunin ng pagbibigay ng mga insentibo sa pananalapi para sa mga klinika na nagpapakita ng pinahusay na kalidad at mas mataas na pagkakataong makatanggap ng pangangalaga para sa mga pasyente ng Medi-Cal gaya ng itinakda sa seksyong ito.

(b) Ang departamento ay dapat, alinsunod sa mga kinakailangang kaisipan ng mga interesadong partido ng Seksyon 14199.121, bumuo at humingi ng pederal na pag-apruba para sa isang directed payment program, alternatibong pamamaraan ng pagbabayad, o ibang pinahusay na pamamaraan ng pagbabayad para sa mga klinika na nakakatugon sa isa o higit pa sa mga sumusunod na layunin:

(1) Pataasin ang pagkakaroon ng appointment o pagkakaroon ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang mga espesyal na serbisyo.

(2) Matugunan ang mga pinahusay na hakbang sa kalidad.

(3) Pagpapabuti sa kalidad at pag-uulat ng data.

(4) Pagpapaganda sa pakikipag-ugnayan ng pangangalaga.

(c) Anumang pamamaraan ng pagpopondo na binuo alinsunod sa seksyong ito ay dapat para sa mga pinaigting na bayad sa mga kalahok na klinika sa o pagkatapos ng Enero 1, 2025, at ang mga perang ibinigay alinsunod sa seksyong ito ay hindi dapat gamitin upang baguhin, sa kabuuan o sa bahagi, ang pagpopondo para sa anumang mga naunang pamamaraan ng pagbabayad na binuo at isinumite sa mga pederal na Sentro para sa mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid bago ang Disyembre 31, 2024.

14199.120.6. Account ng Pinahusay na mga Serbisyo sa Ngipin

(a) Ang mga pera sa Account ng Pinahusay na Serbisyo sa Ngipin ay dapat gamitin para sa layunin ng pagbibigay ng pinahusay na access sa mga pasyente ng Medi-Cal para sa espesyal at restorative na pangangalaga sa ngipin gaya ng itinakda sa seksyong ito.

(b) Ang departamento ay dapat, alinsunod sa mga kinakailangang kaisipan ng mga interesadong partido ng Seksyon 14199.121, bumuo at humingi ng pederal na pag-apruba para sa isang pamamaraan ng pagbabayad, pagsusustento ng rate, direkta na bayad, o iba pang mga insentibo sa pananalapi sa mga pangkalahatan na dentista at ispesyalista ng ngipin tulad ng mga oral at maxillofacial surgeon, endodontist, periodontist, orthodontist, prosthodontist, at pediatric na dentista.

(c) Ang departamento ay maaari ring gumamit ng mga pera sa account na ito, na napapailalim sa mga kinakailangang kaisipan ng mga interesadong partido ng Seksyon 14199.121, para sa layunin ng pagsuporta sa mga aktibidad sa pagbabago ng pagsasanay sa mga tanggapan ng tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin na gumagamot sa mga pasyente ng Medi-Cal. Kabilang sa mga aktibidad sa pagbabago ng pagsasanay, ngunit hindi limitado sa, ang mga bayad na nakabatay sa halaga, paggamit o pinahusay na paggamit ng mga elektronikong tala ng medikal, koordinasyon ng pangangalaga sa mga pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga at mga espesyalistang tagapagbigay ng pangangalaga, at pagsasanay at pagpapanatili ng mga tauhan at klinisyan ng ngipin.

14199.120.7. Account ng Pagbabayad ng Utang ng Manggagawa sa Pangangalagang Pangkalusugan

(a) Sa pamamagitan nito, ang Account ng Pagbabayad ng Utang para sa Manggagawa sa Pangangalaga ng Kalusugan ay nililikha sa loob ng Subfund ng Pagsusulong ng Pagkakaroon ng Pangangalaga sa Kalusugan. Ang mga pera sa Pagsusulong ng Pagkakaroon ng Pangangalaga sa Kalusugan ay dapat gamitin gaya ng itinakda sa seksyong ito.

(b) Limampung porsyento ng mga pera sa account ay dapat ideposito sa Subaccount ng Pagbabayad ng Utang para sa mga Advanced Practice Clinician at mga Kaugnay na Pangangalaga sa Kalusugan, na sa pamamagitan nito ay nililikha sa Account ng Pagbabayad ng Utang ng Manggagawa sa Pangangalagang Pangkalusugan. Ang mga pera sa subaccount na ito ay dapat gamitin para sa layunin ng pagtatatag ng programa ng pagbabayad ng utang sa edukasyon para sa mga advanced practice clinician at mga propesyonal na kaugnay sa pangangalaga sa kalusugan. Ang departamento ay dapat, alinsunod sa mga kinakailangang kaisipan ng mga interesadong partido ng Seksyon 14199.121, tumukoy sa kwalipikado at mga kwalipikasyon para sa pagbabayad ng utang.

(c) Limampung porsyento ng mga pera sa account ang dapat ideposito sa CalHealthCares Subaccount, na sa pamamagitan nito ay nililikha sa Account ng Pagbabayad ng Utang ng Manggagawa sa Pangangalagang Pangkalusugan. Ang mga pera sa subaccount na ito ay dapat gamitin para sa layunin ng pagbibigay ng mas pinataas na pagpopondo para sa educational loan repayment para sa mga manggagamot at dentista sa pamamagitan ng CalHealthCares Program.

(d) (1) Sa at pagkatapos ng Enero 1, 2030, ang maximum na pinahihintulatang balanse ng mga hindi na-encumber na pera sa account na ito ay dapat na isang daan dalawampu't walong milyong dolyar (\$128,000,000). Basta't ang account na ito ay nasa o higit sa isang daan dalawampu't walong milyong dolyar (\$128,000,000), ang mga pera na kinakailangan sanang ideposito sa account na ito sa halip ay idedeposito sa batayang pro rata sa mga account na inilarawan sa mga talata (1) hanggang (8), kasama ang, at (11) hanggang (13), kasama, ng subdibisyon (d) na wala sa o higit pa sa kanilang pinakamataas na pinahihintulatang balanse

(2) Hindi nalalapat ang subdibisyong ito kung ang account na ito ay nasa o higit sa isang daan dalawampu't walong milyong dolyar (\$128,000,000) bilang resulta ng paglabag ng departamento sa kanyang hindi-diskresyonaryong tungkuling ministeryal na itinakda sa subdibisyon (b) ng Seksyon 14199.106, o kung ang mga account na inilarawan sa ang mga talata (1) hanggang (8), kasama ang, at (11) hanggang (13), kasama, ng subdibisyon (d) ay sabay-sabay na nasa o higit sa kanilang pinakamataas na pinahihintulatang balanse.

14199.120.9. Medi-Cal na Account ng Pagkakaroon at Suporta

(a) Ang mga pera sa Medi-Cal na Account ng Pagkakaroon at Suporta ay dapat gamitin gaya ng itinakda sa seksyong ito.

(b) Ang mga pera sa account na ito ay dapat gamitin ng departamento upang magbigay ng pangkalahatang suporta sa programa ng Medi-Cal at mapanatili ang access sa mga kinakailangang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.

(c) Ang seksyon 14199.107 ay hindi nalalapat sa mga pera sa account na ito.

Artikulo 5. Kaisipan, mga Pag-apruba, at Pagsasaayos 14199.121. Komento ng mga Interesadong Partido

(a) (1) Ang departamento, o anumang iba pang ahensya ng pamahalaan o entidad ng estado na nagpapatupad ng anumang bahagi ng kabanatang ito, ay dapat sumangguni sa, at kumuha ng nakasulat na input mula sa, komiteng tagapayo ng mga interesadong partido tungkol sa pagbuo at nagpapatupad ng mga bahagi ng kabanatang ito.

(2) Ang mga halimbawa ng mga bagay na kung saan ang departamento ay dapat sumangguni sa, at kumuha ng nakasulat na input mula sa, dapat isama ng komite, ngunit hindi limitado sa, ang mga sumusunod:

(A) Isang panukala para sa, o pagbuo ng, isang rate ng pagbayad, karagdagang pagbabayad, direktang pagbayd, o iba pang pamamaraan ng pagbabayad o mga pamamaraan.

(B) Ang pagtatatag ng pamantayan o eligibility para sa pinataas na mga pagbabayad o grant.

(C) Ang paglalabas ng mga bulletin ng provider, all-plan letter, o iba pang katulad na mga tagubilin o patnubay ng departamento.

(b) Bago magmungkahi ng bagong pamamaraan ng pagbabayad o pagbabago sa isang umiiral na pamamaraan ng pagbabayad alinsunod sa kabanatang ito, ang departamento ay dapat kumonsulta sa, at kumuha ng nakasulat na input mula sa, komite ng tagapayo sa mga interesadong partido.

(c) Hindi nagpapahiwatig ng isang malinaw na pagtukoy sa ibang bahagi ng kabanatang ito sa pagkuha ng input ng komite ng interesadong partido na ang kaisipan ng komite ng interesadong partido ay hindi kinakailangan para sa ibang bahagi ng kabanatang ito kung saan walang malinaw na pagtukoy.

14199.122. Pagpapatupad; Pederal na Paglahok sa Pinansyal; Mga Modipikasyon at Pagsasaayos na Kinakailangan para sa Pederal na Pag-apruba

(a) Ang departamento ay dapat humingi ng anumang pederal na pag-apruba na kinakailangan upang ipatupad ang kabanatang ito.

(b) Ang departamento ay dapat, saanman posible at sa abot ng makakaya, na maghangad na makuha ang pinakamataas na halaga ng pederal na pakikilahok sa pananalapi sa pagpapatupad ng kabanatang ito.

(c) (1) Ang departamento ay maaaring magbago o gumawa ng mga pagsasaayos sa mga probisyon sa pagbabayad na itinakda sa Artikulo 4 (nagsisimula sa Seksyon 14199.109) sa lawig na kinakailangan upang magawa ang alinman sa mga sumusunod:

(A) Matugunan ang mga kahingian ng mga pederal na batas o regulasyon.

(B) Kumuha o panatilihin ang pederal na pag-apruba.

(C) Tiyakin na available ang pederal na pakikilahok sa pananalapi o kung hindi man ay hindi nalalagay sa alanganin.

(2) Anumang pagbabago sa probisyon ng pagbabayad o pagsasaayos na inilarawan sa talata (1) ay sasailalim sa lahat ng sumusunod na kondisyon:

(A) Ang pagbabago o pagsasaayos ay hindi sumasalungat sa mga layunin ng kabanatang ito.

(B) Ang pagbabago o pagsasaayos ay konsistent sa layunin ng pagpapataas ng mga pagbabayad at pag-access sa mga serbisyo alinsunod sa kabanatang ito.

(C) Ang departamento ay dapat sumunod sa mga kinakailangang kaisipan ng mga interesadong partido ng Seksyon 14199.121.

(d) (1) Ang mga pagbabayad na ginawa alinsunod sa Artikulo 4 (nagsisimula sa Seksyon 14199.109) ay magkakabisa para sa mga petsa ng serbisyo sa at pagkatapos ng Enero 1, 2027. Sa lawig na konsistent sa mga layunin ng kabanatang ito, at maliban kung tinukoy sa Artikulo 4 (nagsisimula sa Seksyon 14199.109), ang departamento ay maaaring, alinsunod sa mga kinakailangang kaisipan ng mga interesadong partido ng Seksyon 14199.121, palawigin ang isa o higit pang mga pamamaraan ng pagbabayad na ginamit para sa target na pagbabayad mga pagtaas para sa 2026 na taon ng kalendaryo alinsunod sa Seksyon 14105.202 para sa mga layunin ng pagpapatupad ng mga tumaas na pagbabayad alinsunod sa Artikulo 4 (nagsisimula sa Seksyon 14199.109) sa 2027 na taon ng kalendaryo at mga susunod na taon ng kalendaryo kung naaangkop.

(2) Maliban kung tinukoy sa Artikulo 4 (nagsisimula sa Seksyon 14199.109), ang mga pagbabayad na ginawa alinsunod sa Artikulo 4 (nagsisimula sa Seksyon 14199.109) ay maaaring ipatupad gamit ang isa o higit pa sa mga sumusunod:

(A) Mga pagtaas ng rate ng tagapagbigay ng Medi-Cal, kabilang ang mga pagtaas sa mga rate na binabayaran sa sistemang paghahatid na bayad para sa serbisyo ng Medi-Cal, o pagtatatag o pagtataas ng antas ng mga minimum na iskedyl ng bayad sa pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal, o pareho.

(B) Mga bago o pinalawak na karagdagang pagbabayad para sa mga provider ng Medi-Cal.

(C) Mga bago o pinalawak na directed payment para sa mga provider ng Medi-Cal.

(D) Iba pang mga anyo ng pinataas na reimbursement para sa mga provider ng Medi-Cal, na konsistent sa mga probisyon at intensyon ng kabanatang ito.

(e) Maaaring hilingin ng departamento ang mga plano sa pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal at mga provider ng naaangkop na mga serbisyo na magsumite ng impormasyon na itinuturing ng departamento na kinakailangan upang ipatupad at subaybayan ang pagtalima sa kabanatang ito, sa mga oras at sa anyo at paraan na tinukoy ng departamento.

(f) (1) Sa kabila ng Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksyon 11340) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan ngunit napapailalim sa mga kinakailangang kaisipan ng mga interesadong partido ng Seksyon 14199.121, maaaring ipatupad ng departamento ang kabanatang ito sa pamamagitan ng mga bulletin ng provider, all-plan letter, o iba pang katulad na mga tagubilin, nang hindi nagsasagawa ng karagdagang aksyon para sa regulasyon. Ang departamento ay dapat magbigay ng abiso sa Kagawaran ng Pananalapi, ang Pinagsamang Komite sa Badyet ng Lehislatura, at mga kaugnay na komite sa pananalapi at patakaran ng Lehislatura nang hindi bababa sa limang araw ng trabaho bago umaksyon.

(2) Kung papasok ang departamento sa isang kasunduan ng magkakaibang ahensiya sa ibang ahensiya ng pamahalaang pang-estado o kinatawan upang pangasiwaan at ipatupad ang isang bahagi ng kabanatang ito, ang ibang ahensiya o departamentong iyon ay sasaklawin ng talata (1).

(g) Para sa mga layunin ng pagpapatupad ng kabanatang ito, ang departamento o ang itinalaga nitong ahensiya o entidad ng pamahalaang pang-estado ay maaaring pumasok sa mga eksklusibo o hindi eksklusibong kontrata, o baguhin ang mga kasalukuyang kontrata, sa isang bid o napag-usapang batayan. Ang mga kontratang pinasukan o inamyendahan alinsunod sa seksyong ito ay hindi dapat kasama sa Kabanata 6 (nagsisimula sa Seksyon 14825) ng Bahagi 5.5 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, at Bahagi 2 (nagsisimula sa Seksyon 10100) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Pamublikong Kontrata, ang Manwal sa Pagkontrata ng Estado, at hindi dapat kasama sa rebyu o pag-apruba ng anumang dibisyon ng Departamento ng mga Pangkalahatang Serbisyo.

Artikulo 6. Pagpapatuloy ng Buwis ng Provider ng Pinangangasiwaang Pangngalaga na Organisasyon

14199.123. Ipinagpapatuloy na Pagpapataw ng Buwis

(a) Intensyon ng mga tao sa Estado ng California na permanenteng ipagpatuloy ang pagkakaroon ng buwis sa tagapagbigay ng nangangasiwa sa pangangalaga na organisasyon kapag natapos na ang buwis na ipinataw ng Seksyon 14199.84.

(b) Samakatwid, sa pag-expire ng buwis na ipinataw alinsunod sa Artikulo 7.1 (nagsisimula sa Seksyon 14199.80) ng Kabanata 7, sa pamamagitan nito, magpapataw ng buwis sa tagapagbigay ng managed care organization sa at pagkatapos ng Enero 1, 2027, gaya ng itinatadhana sa artikulong ito.

(c) Dapat ipatupad at pangasiwaan ng departamento ang buwis gaya ng itinakda sa artikulong ito.

(d) Sa lawig na pinahihintulutan ng pederal na batas, ang mga modelo at pamamaraan na binuo para sa Kabanata 13 ng mga Batas ng 2023 ay dapat lubos na magamit ng departamento sa pagpapatupad ng buwis na ipinataw ng artikulong ito.

14199.124. Pagpapatupad ng Buwis

(a) Sa pagpapatupad ng buwis na ipinataw ng subdibisyon (b) ng Seksyon 14199.123, dapat sumunod ang departamento sa lahat ng sumusunod:

(1) Ang buwis ay hindi lalampas sa mga limitasyong itinakda sa Seksyon 14199.126.

(2) Ang mga modelo at pamamaraang ginagamit ng departamento ay dapat halos kapareho sa mga ginagamit para sa pagpapataw ng buwis na itinakda sa Artikulo 7.1 (nagsisimula sa Seksyon 14199.80) ng Kabanata 7.

(3) Ang buwis ay dapat sumunod sa mga pederal na kahingian ng Medicaid na naaangkop sa mga pinapahintulutang buwis na nauugnay sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, Seksyon 433.68 ng Titulo 42 ng Kodigo ng Mga Pederal na Regulasyon.

(4) Konsistent sa mga limitasyong itinakda sa Seksyon 14199.126, dapat subukan ng departamento na sagarin ang halaga ng federal matching funds.

(b) (1) Maliban sa itinatadhana sa talata (2), kung ang mga kahingiang itinakda sa Seksyon 433.68 ng Titulo 42 ng Kodigo ng Mga Pederal na Regulasyon, o anumang iba pang probisyon ng pederal na batas kung saan ang buwis na ipinataw ng artikulong ito ay dapat sumunod, ay pinalitan ng mga kahingian ng amyenda o kahalili, dapat tiyakin ng

departamento na sumusunod sa mga kahingian ng amyenda o kahalili ang buwis na ipinataw alinsunod sa artikulong ito.

(2) Sa kabila ng talata (1), hindi dapat lalampasan ang mga limitasyong itinakda sa Seksyon 14199.126.

(c) (1) Magsisimula sa petsa ng bisa ng kabanatang ito, ang departamento ay kailangang humingi ng federal renewal at muling pagbibigay ng awtorisasyon kung kinakailangan upang ipagpatuloy ang pagpapataw ng buwis na ipinataw ng artikulong ito.

(2) Ang departamento ay dapat humiling ng pag-apruba mula sa mga pederal na mga Sentro para sa Medicare and Medicaid na mga Serbisyo kung kinakailangan upang maipatupad ang artikulong ito. Hindi dapat magpataw o mangolekta ang departamento ng buwis na ipinataw alinsunod sa artikulong ito hanggang sa makatanggap ang departamento ng pag-apruba mula sa mga pederal na mga Sentro para sa Medicare and Medicaid na mga Serbisyo na ang buwis ay isang pinahihintulatang buwis na nauugnay sa pangangalagang pangkalusugan alinsunod sa Seksyon 433.68 ng Titulo 42 ng Kodigo ng Pederal na Regulasyon at kwalipikado para sa pederal na pakikilahok sa pananalapi.

(d) (1) Alinsunod sa mga limitasyong itinakda sa Seksyon 14199.126, ang departamento ay maaaring, sa pagkonsulta sa mga apektadong nagbabayad ng buwis, na baguhin o gumawa ng minor na pagsasaayos sa anumang pamamaraan, halaga ng buwis, antas ng pagbubuwis, o iba pang probisyon na tinukoy sa artikulong ito hanggang sa makatwirang kinakailangan upang matugunan ang mga kinakailangan ng pederal na batas o mga regulasyon, upang makakuha o mapanatili ang pederal na pag-apruba, o upang matiyak na available ang pederal na pakikilahok sa pananalapi o kung hindi man ay hindi nalalagay sa alanganin.

(2) Kapag gumagawa, o isinasaalang-alang ang paggawa, ng anumang pagsasaayos na inilarawan sa talata (1), ang departamento ay dapat magbahagi sa mga apektadong nagbabayad ng buwis at sa komiteng tagapayo ng mga interesadong partido ng nauugnay na impormasyon, mga panukala, draft, at anumang impormasyon na nakakaapekto sa pananagutan sa buwis nang hindi bababa sa 90 araw sa kalendaryo bago ang paghahanap ng pederal na pag-apruba para sa pagsasaayos. Ang departamento ay dapat magbigay ng paunawa ng anumang panghuling pagsasaayos sa pananagutan sa buwis sa mga apektadong nagbabayad ng buwis nang hindi bababa sa 45 araw sa kalendaryo bago magkabisa ang pagsasaayos.

(e) Sa pagpapatupad ng artikulong ito, maaaring magtatag ang departamento ng isang partikular na taon ng kalendaryo bilang batayang taon at gamitin ang batayang mapagkukunan ng impormasyon upang matukoy para sa bawat planong pangkalusugan ang bawat isa sa mga kabuuan ng pagpapatala na inilarawan sa mga talata (1) hanggang (6), kasama, ng subdibisyon (a) ng Seksyon 14199.83, gaya ng nakasaad sa seksyong iyon sa Kabanata 13 ng Mga Batas ng 2023.

14199.125. Pagkuwenta at Pangongolekta ng Buwis

(a) Bago ang bawat naaangkop na taon o taon ng kalendaryo, dapat kuwentahin ng departamento ang taunang pananagutan sa buwis para sa bawat nagbabayad ng buwis na napapailalim sa buwis na ipinataw ng Seksyon 14199.123.

(b) Para sa bawat panahon ng pagbubuwis, dapat pagtibayin ng departamento ang lahat ng sumusunod:

(1) Ang mga Medi-Cal taxing tier batay sa nabibilang na mga enrollee sa Medi-Cal sa isang planong pangkalusugan.

(2) Ang halaga ng buwis sa Medi-Cal kada enrollee para sa bawat Medi-Cal taxing tier.

(3) Alinsunod sa mga limitasyon sa Seksyon 14199.126, ang iba pang mga taxing tier batay sa mabibilang na iba pang enrollee sa isang planong pangkalusugan.

(4) Alinsunod sa mga limitasyon sa Seksyon 14199.126, ang iba pang halaga ng buwis na kada enrollee para sa bawat isang taxing tier.

(c) Ang mga procedure para sa pangongolekta at pagbabayad ng buwis, pagbibigay ng mga abiso, mga singil sa interes na hindi lalampas sa 10 porsiyento bawat taon para sa mga huling pagbabayad, multa, pagbabalik ng bayad, at pananagutan sa buwis pagkatapos ng paglipat ng responsibilidad sa planong pangkalusugan ay dapat pagtibayin ng departamento nang konsistent sa mga naaangkop na probisyon ng Artikulo 7.1 (nagsisimula sa Seksyon 14199.80) ng Kabanata 7 maliban kung tinukoy sa kabanatang ito.

(d) (1) Maaaring itama ng direktor ang anumang natukoy na malinaw o matinding pagkakamali sa datos, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pangalahatang pinagsamang pagpaparehistro, pinagsamang pagpaparehistro ng Medicare, pinagsama-samang pagpapatala ng Medi-Cal, pinagsamang pagpaparehistro mula sa plano patungo sa plano, pinagsamang pagpaparehistro sa pamamagitan ng mga Batas sa Benepisyo sa Kalusugan ng mga Pederal na Empleyado 1959 (Pamublikong Batas 86-382), at iba pang pinagsamang pagpaparehistro. Ang pagdetermina ng direktor kung magpapasya sa ilalim ng subdibisyong ito at anumang pagdeterminang ginawa ng direktor sa ilalim ng subdibisyong ito ay hindi sasailalim sa pagsusuri ng hudisyal, maliban na ang isang planong pangkalusugan ay maaaring magdala ng isang utos ng mandato sa ilalim ng Seksyon 1085 ng Kodigo ng Pamamaraang Sibil upang ituwid ang isang pang-aabuso sa pagpapasya ng departamento sa pagwawasto sa datos ng planong pangkalusugan na iyon kapag nagresulta ang pagwawastong iyon sa mas malaking halaga ng buwis para sa planong pangkalusugan na iyon.

(2) Ang awtoridad na ipinagkaloob sa direktor ng subdibisyong ito ay hindi nagpapahintulot na malampasan ang mga limitasyong itinakda sa Seksyon 14199.126.

14199.126. Mga Limitasyon sa Halaga ng Buwis

(a) Sa kabila ng anumang iba pang probisyon ng kabanatang ito o anumang iba pang batas, at maliban kung itinatadhana sa mga subdibisyon (b) at (c), ang buwis na ipinataw ng artikulong ito ay dapat sumunod pareho sa mga sumusunod:

(1) Ang iba pang halaga ng buwis na kada enrollee para sa anumang iba pang antas ng pagbubuwis ay hindi lalampas sa dalawang dolyar at limampung sentimo (\$2.50) bawat buwan.

(2) Ang kabuuang pinagsama-samang halaga ng buwis na ipinataw sa, o sa pamamagitan ng, lahat ng iba pang taxing tier ay hindi lalampas sa tatlungpu't anim na milyong dolyar (\$36,000,000) sa isang taon ng kalendaryo.

(b) Ang mga halaga ng dolyar na itinakda sa talata (1) at talata (2) ng subdibisyon (a) ay maaaring dagdagan ng departamento nang limang taon upang ipakita ang anumang pagtaas sa inflation ayon sa pagsusuri ng Indeks ng Presyo ng Konsyumer para sa Lahat ng Konsyumer sa Lungsod (Consumer Price Index for All Urban Consumers, CPI-U) simula noong Enero 1, 2030. Sa kahilingan ng departamento, dapat kuwentahin at i-publish ng tanggapan ng Tagapagkontrol ang mga pagsasaayos na pinahihintulutan ng subdibisyong ito.

(c) Kapag humihingi ng federal renewal at muling pagbibigay ng awtorisasyon para sa mga taon ng kalendaryo

na magsisimula sa o pagkatapos ng Enero 1, 2027, ang departamento ay maaaring lumampas sa alinman sa mga sumusunod ng hindi hihigit sa 10 porsyento kung ang paggawa nito ay kinakailangan upang sumunod sa pederal na batas o mga regulasyon, tiyakin ang pederal na pakikilahok sa pananalapi, o kung hindi man ay kumuha ng pederal na pag-apruba:

(1) Ang mga limitasyong itinakda sa subdibisyon (a), tulad ng binago alinsunod sa subdibisyon (b).

(2) Ang mga limitasyong itinakda sa subdibisyon (a), na binago alinsunod sa subdibisyon (b), at kabilang ang halaga ng anumang mga naunang pagsasaayos na ginawa alinsunod sa subdibisyon na ito.

(d) Maliban kung ibinigay ng mga subdibisyon (b) at (c), ang lahat ng iba pang mga pagbabago sa mga limitasyong itinakda sa subdibisyon (a) ay gagawin lamang alinsunod sa Seksyon 14199.134.

14199.127. Operasyon

(a) Ang artikulong ito ay hindi gumagana sa anumang bahagi ng isang taon sa kalendaryo kung saan hindi nakukuha ng departamento ang kinakailangang pederal na pag-apruba para sa buwis na ipinataw alinsunod sa Seksyon 14199.123.

(b) Ang artikulong ito ay titigil sa paggana para sa anumang apektadong panahon ng pagbubuwis o panahon sa pangwakas na pagpapasiya ng isang hukuman ng karampatang hurisdiksyon, ang Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyon Pantao ng Estados Unidos, o mga pederal na Sentro para sa Medicare at Medicaid na mga serbisyo na ang buwis na ipinataw alinsunod sa artikulong ito ay hindi maaaring ipatupad para sa apektadong panahon o panahon ng pagbubuwis.

(c) Kapag hindi nakakuha ng pederal na pag-apruba ng inilarawan sa subdibisyon (a), o pangwakas na pagdetermina tulad ng inilarawan sa subdibisyon (b), ipapatupad ng direktor ang isang plano para sa pagsasagawa ng lahat ng naaangkop na mga aktibidad na wind-down at closeout, kabilang ang pagpapalabas ng anumang mga refund, sa konsultasyon sa Kagawaran ng Pananalapi at ang komiteng tagapayo ng mga interesadong partido.

(d) Ang kabanatang ito ay hindi pinapalitan, binabago, o binabawasan ang ligal at pananalapi na responsibilidad ng departamento sa ilalim ng batas ng estado at pederal upang subaybayan ang pakikilahok ng tagapagbigay at pag-access ng benepisyaryo sa mga karampatang serbisyo sa ilalim ng Medicaid State Plan ng California o mga naaprubahang pederal na mga waiver. Ang departamento ay patuloy na may ganap na ligal at pananalapi na responsibilidad upang ayusin ang mga rate, pamamaraan ng pagbabayad, at mga proseso ng authorization para sa mga programa, provider, o benepisyo sa loob ng kabanatang ito, pati na rin ang mga hindi partikular na nabanggit dito.

Artikulo 7. Mga Kahulugan

14199.128. Mga Kahulugan

Para sa mga layunin ng kabanatang ito, tulad ng ginagamit sa parehong anyo ng isahan at maramihan, ang mga sumusunod na kahulugan ay dapat na gamitin:

(a) Ang “pagpapalaglag” ay may parehong kahulugan tulad ng itinakda sa subdibisyon (a) ng Seksyon 123464 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.

(b) Ang “Acute psychiatric hospital” ay may parehong kahulugan tulad ng itinakda sa subdibisyon (b) ng Seksyon 1250 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.

(c) Ang “mga advanced practice clinician at mga propesyonal na kaugnay sa pangangalaga sa kalusugan” ay dapat tukuyin ng departamento, na napapailalim sa mga kinakailangang kaisipan ng interesadong partido ng Seksyon 14199.121, upang isama ang naaangkop na karera sa propesyon sa kalusugan.

(d) Ang “Artikulo 7.1” ay tumutukoy sa Artikulo 7.1 (nagsisimula sa Seksyon 14199.80) ng Kabanata 7, tulad ng idinagdag ng Kabanata 13 ng Mga Batas ng 2023.

(e) Ang “Batayan ng pinanggalingan ng datos” ay ang pinakabagong available na mga pagsumite ng pahayag sa pananalapi ng quarter o taunang datos ng pagpaparehistro na isinumite ng mga plano ng kalusugan para sa Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalaga sa Kalusugan para sa na-update na taon ng batayan, na nakuha ng departamento, at dinagdag, kung kinakailangan, impormasyon ng nagpatala ng Medi-Cal para sa in-update na base year na pinapanatili ng departamento, at binago ng departamento upang makakaapekto sa pag-enroll ng Medi-Cal

(f) Ang “pinagbatayang taon” ay tumutukoy sa isang 12-buwan na panahon na tumatakbo mula Enero 1 hanggang Disyembre 31 ng isang taon sa kalendaryo na pinili ng departamento. Maaaring piliin ng departamento na i-update ang base year hanggang sa itinuturing nitong kinakailangan upang matugunan ang mga kahilingan ng pederal na batas o regulasyon, upang makakuha o mapanatili ang pederal na pag-apruba, o upang matiyak na ang pederal na pakikilahok sa pananalapi ay magagamit o hindi mapapanganib.

(g) Ang “Tunay na komite ng kooperasyon ng paggawa at pamamahala” o “bona fide LMCC” ay tumutukoy sa isang pinagsamang komite ng paggawa at pamamahala na itinatag alinsunod sa Batas sa Kooperasyon ng Paggawa at Pamamahala ng Pederal ng 1978 (29 U.S.C. Sec. 175a) at nakakatugon sa mga sumusunod na pamantayan:

(1) Ang bona fide LMCC ay hindi kasangkot sa pamamahala ng isang entidad ng pangangalaga sa kalusugan ngunit umiiral upang itaguyod ang pagsasanay ng manggagawa, pagpapalawak ng manggagawa, at suporta para sa mga manggagawa sa panahon ng pagsasanay.

(2) Ang bona fide LMCC ay may sumusunod na komposisyon:

(A) Limampung porsyento ng komite ay binubuo ng mga kinatawan ng mga organisadong unyon ng paggawa na kumakatawan sa mga health worker sa estado.

(B) Limampung porsyento ng komite ay binubuo ng mga kinatawan ng mga amo sa pangangalagang pangkalusugan na pangunahing naglilingkod sa mga pasyente ng Medi-Cal na nasa estado.

(h) Ang “CalHealthCares Program” ay tumutukoy sa Medi-Cal Batas sa Programa ng Pagbabayad ng Utang sa mga Doktor at Dentista na itinatag alinsunod sa Seksyon 14114.

(i) Ang “Batas sa Paggawa ng Abot-kayang Gamot sa California ng 2020” ay tumutukoy sa programang itinatag alinsunod sa Kabanata 10 (nagsisimula sa Seksyon 127690) ng Part 2 ng Dibisyon 107 of the Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.

(j) Ang “Klinika” ay tumutukoy sa alinman sa mga sumusunod:

(1) Pambansang Kwalipikadong Sentro ng Kalusugan (FQHC), kabilang ang mga FQHC look-alike clinic na itinalaga ng Pederal na Administrasyon ng mga Yaman at Serbisyo sa Kalusugan bilang nakatugon sa mga kahilingan sa programa ng FQHC tulad ng itinakda sa Mga Seksyon 1395x(aa)(4) (B) at 1396d (1)(2)(B) ng Titulo 42 ng Kodigo ng Estados Unidos.

(2) Mga Klinika sa Kalusugan ng Nayon(RHC) na nakakatugon sa depinasyon na itinakda sa Seksyon 1396d (I)(1) ng Titulo 42 ng Kodigo ng Estados Unidos.

(3) Mga klinika na lisensyado alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksyon 1204 ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan.

(4) Ang mga tribal na klinikang hindi kasama sa paglisensya alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksyon 1206 ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan.

(5) Ang mga hindi permanente na klinikang hindi kasama sa paglisensya alinsunod sa subdibisyon (h) ng Seksyon 1206 ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan.

(6) Ang mga klinikang hindi kasama sa paglisensya alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 1206 ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan. Kung ang mga klinika na hindi kinakailangan ng lisensya alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 1206 ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan ay pumili na lumahok sa isang directed payment program na inilarawan sa Seksyon 14199.120.5, gagamitin ng directed payment program ang function na “classes of provider” nang minimum upang lumikha ng tier para sa mga klinika at payagan ang mga pagbabayad sa mga klinika na iyon na maging batay sa halagang inilaan sa pool ng kanilang klase.

(7) Ang mga klinika ng kalusugan ng mga Indiyano na nagbibigay ng mga serbisyo sa California alinsunod sa Programa ng Kalusugan ng Indiya, tulad ng itinakda sa Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksyon 124575) ng Bahagi 4 ng Dibisyon 106 ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan.

(k) Ang ibig sabihin ng “Komite ” o “komiteng tagapayo ng mga interesadong partido” ay ang Komiteng Tagapayo ng mga Interesadong Partido ng Batas sa Proteksyon ng Pagkakaroon ng Pangangalaga sa Kalusugan na itinatag alinsunod sa Seksyon 14199.129.

(l) Ang mga pera sa Account ng Pagsusulong ng Kalusugan ng Isip ay dapat gamitin para sa layunin ng pagpapalawak ng access sa mga programa at serbisyo sa kalusugan ng isip gaya ng itinakda sa seksyong ito.

(m) Ang “Manggagawa sa kalusugan ng komunidad” ay magkakaroon ng parehong kahulugan tulad ng tinukoy sa subdibisyon (b) ng Seksyon 18998.

(n) Ang “tagapagbigay sa komunidad” ay tumutukoy sa may hawak ng isang sertipiko na inilarawan sa Seksyon 2050 ng Kodigo ng Negosyo at Propesyon na naglilingkod sa mga pasyente ng Medi-Cal.

(o) Ang “Mga komprehensibong serbisyong klinikal sa pagpapalano ng pamilya” ay tumutukoy sa ang mga serbisyong itinakda sa subdibisyon (aa) ng Seksyon 14132.

(p) Ang “Mabilangna nakarehistro” ay tumutukoy sa isang indibidwal na naka-enroll sa isang planong pangkalusugan sa isang buwan ng taon ng batayan ayon sa pinagmulan ng batayang datos. Hindikasama “Mabilang na nakarehistro” ang isang indibidwal na naka-rehistro sa isang plano ng Medicare, isang plan-to-plan na pagrehistro, o isang indibidwal na naka-rehistro sa isang planong pangkalusugan alinsunod sa Batas sa Benepisyo sa Kalusugan ng mga Pederal na Empleyado ng 1959 (Pampublikong Batas 86-382) sa hangganan ng pagpapataw ng buwis sa ilalim ng Artikulo 6 (simula sa Seksyon 14199.123) ng kabanatang ito o Artikulo 7.1 (nagsisimula sa Seksyon 14199.80) ng Kabanata 7 ay pinapayagan alinsunod sa Seksyon 8909 (f) ng Titulo 5 ng Kodigo ng Estados Unidos.

(q) Ang “Plano ng kalusugan sa isip ng lalawigan” ay tumutukoy sa isang entidad o lokal na ahensya na nakikipagkontrata sa departamento upang magbigay ng mga

sakop na espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip alinsunod sa Seksyon 14184.400 at Kabanata 8.9 (nagsisimula sa Seksyon 14700).

(r) Ang “Departamento” ay tumutukoy sa ang Kagawaran ng Serbisyo sa Pangangalaga sa Kalusugan ng Estado.

(s) Ang “Itinalagang sistemang pampublikong ospital” ay tumutukoy sa isang itinalagang pampublikong ospital tulad ng tinukoy sa talata (1) ng subdibisyon (f) ng Seksyon 14184.10 at ang mga kaakibat na pamahalaang tagapagbigay at mga kontraktadong pampamahalaan at di-pampamahalaang entidad na bumubuo ng isang ospital at sistema ng pangangalaga sa kalusugan. Maaaring kabilang sa iisang itinalagang sistema ng pampublikong ospital ang maraming itinalagang pampublikong ospital sa ilalim ng karaniwang pagmamay-ari ng pamahalaan.

(t) (1) Ang “Direkta na bayad” ay isang pag-aayos sa pagbabayad kung saan idinidirekta ng departamento ang ilang mga gastos ng isang pinamamahalaang plano ng pangangalaga ng Medi-Cal na aprubado ng Pederal na Sentro para sa mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid tulad ng inilarawan sa Seksyon 438 (c) ng Titulo 42 ng Kodigo ng mga Regulasyon ng Pederal, na itinatag alinsunod sa Seksyon 438 (c) ng Titulo 42 ng Kodigo ng mga Regulasyon ng Pederal, o kung hiniling man ng kontrata ng pinamamahalaang plano ng pangangalaga ng Medi-Cal, at dokumentado sa isang sertipikasyon naaprubahan ng mga pederal na Sentro para sa Medicare at Medicaid na mga Serbisyo kung naaangkop.

(2) Ang mga sanggunian sa subdibisyon na ito sa Seksyon 438 (c) ng Titulo 42 ng Kodigo ng mga Regulasyon ng Pederal ay dapat isama ang anumang kasunod na mga pag-amyenda dito.

(u) Ang “Direktor” ay tumutukoy sa direktor ng Kagawaran ng Serbisyo sa Pangangalaga sa Kalusugan ng Estado.

(v) Ang “Transportasyon ng pang-emerhensiyang ambulansyang panghimpapawid” ay tumutukoy sa pang-emergency na transportasyong medikal sa pamamagitan ng hangin, tulad ng inilarawan sa talata (1) ng subdibisyon (c) ng Seksyon 51323 ng Titulo 22 ng Kodigo ng mga Regulasyon ng Pederal ng California, sa pamamagitan ng ambulansyang panghimpapawid, tulad ng tinukoy sa Seksyon 100280 ng Titulo 22 ng Kodigo ng mga Regulasyon ng California.

(w) Ang “Family PACT” ay tumutukoy sa Pampamilyang Pagpapalano, Pagkakaroon, Pangangalaga, and Programa ng Paggamot na itinatag alinsunod sa subdibisyon (aa) ng Seksyon 14132.

(x) Ang “Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya at mga serbisyong nauugnay sa pagpapalano ng pamilya sa programa ng Medi-Cal” ay nangangahulugang mga serbisyong sakop ng programang Medi-Cal alinsunod sa subdibisyon (n) ng Seksyon 14132.

(y) “Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya sa Programa ng Pagpapalano ng Pampamilya para sa mga Nasa Estado lamang” ay nangangahulugang ang mga serbisyong nakapaloob sa programa alinsunod sa subdibisyon 24 (magsisimula sa Seksyon 24000).

(z) Ang “Pondo” ay tumutukoy sa Pongong Proteksyon sa Pagkakaroon ng Pangangalaga sa Kalusugan na itinatag sa Kawanihan ng Yaman ng Estado alinsunod sa Seksyon 14199.103.

(aa) “Pangkalahatang ospital ng agarang pangangalaga” ay may parehong kahulugan tulad ng sa subdibisyon (a) ng Seksyon 1250 ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan.

(ab) Ang “Pang-emergency na medikal na transportasyon sa lupa” ay tumutukoy sa pang-emergency na transportasyong medikal, tulad ng tinukoy sa Seksyon 14129, na nagmula sa isang 911 call center o katumbas na punto ng pagtugon sa kaligtasan ng publiko.

(ac) Ang “plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan” o “planong pangkalusugan” ay tumutukoy sa isang plano ng serbisyo sa pangkalusugan, maliban sa isang planong nagbibigay lamang ng mga espesyal o nakadiskwentong serbisyo, na lisensyado ng Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalaga sa Kalusugan sa ilalim ng Knox-Keene Plano ng Pangangalaga sa Kalusugan ng 1975 (Kabanata 2.2 (simula sa Seksyon 1340) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan) o isang pinamamahalaan plano ng pangangalaga ng Medi-cal na nakakontra sa departamento upang magbigay ng pangkabuuang mga serbisyo ng Medi-Cal.

(ad) Ang “Pasyente ng Medi-Cal” ay tumutukoy sa isang benepisyaryo ng Medi-Cal tulad ng tinukoy sa Seksyon 14252.

(ae) Ang “Enrollee ng Medi-Cal” ay isang indibidwal na nakatala sa isang plano sa kalusugan, tulad ng tinukoy sa subdibisyon (ac), na isang pasyente ng Medi-Cal na direktang binabayaran ng departamento ang planong pangkalusugan ng isang capitated payment.

(af) “Pinamamahalaang plano ng pangangalaga ng Medi-Cal” ay tumutukoy sa sinumang indibidwal, organisasyon, o entidad na pumapasok sa isang komprehensibong risk contract kasama ang departamento upang magbigay ng mga sakop na kabuuang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga naka-enroll na pasyente ng Medi-Cal alinsunod sa kabanatang ito o Kabanata 8 (nagsisimula sa Seksyon 14200).

(ag) Ang “Halaga ng buwis kada enrollee ng Medi-Cal” ay tumutukoy sa halaga ng buwis na nasuri sa bawat nabibilang na enrollee ng Medi-Cal sa loob ng isang Medi-Cal taxing tier.

(ah) “Medi-Cal taxing tier” ay tumutukoy sa isang hanay ng pinagsama-samang enrollment ng mga nabibilang na mga enrollee ng Medi-Cal para sa base year.

(ai) Ang “Netong pagbabayad” o “netong pagbabayad” ay tumutukoy sa kabuuang pagbabayad sa mga tagapagbigay ng Medi-Cal para sa naaangkop na mga serbisyo at pamamaraan na natanggap noong Enero 1, 2024, bawas ang anumang halagang pinondohan ng mga tagapagbigay ng Medi-Cal bilang hindi pederal na bahagi ng mga pagbabayad sa pamamagitan ng buwis sa tagapagbigay o bayad, sertipikadong pampublikong gastos, o mga paglipat sa pagitan ng mga pamahalaan.

(aj) Ang “tagapagbigay ng network” ay may parehong kahulugan tulad ng itinakda sa Seksyon 438.2 ng Titulo 42 ng Kodigo ng mga Regulasyon ng Pederal

(ak) Ang “Iba pang nakarehistro” ay tumutukoy sa isang indibidwal na naka-enroll sa isang planong pangkalusugan na hindi isang Medi-Cal nakarehistro.

(al) Ang “Iba pang halaga ng buwis kada nakarehistro” ay tumutukoy sa halaga ng buwis na nasuri bawat nabibilang na iba pang nakarehistro sa loob ng ibang antas ng pagbubuwis.

(am) Ang “Iba pang antas ng pagbubuwis” ay tumutukoy sa isang hanay ng pinagsama-samang pagpaparehistro ng mga nabibilang na iba pang mga nakarehistro para sa batayan na taon.

(an) Ang “Plan-to-plan na nakarehistro” ay tumutukoy sa isang indibidwal na tumatanggap ng kanilang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng isang

planong pangkalusugan alinsunod sa isang subkontrata mula sa ibang planong pangkalusugan.

(ao) Ang “Pangunahing pangangalaga” ay may parehong kahulugan tulad ng sa Seksyon 51170.5 ng Titulo 22 ng Kodigo ng mga Regulasyon ng California.

(ap) Ang “Pribadong tagapagbigay ng pang-emergehensya na medikal na transportasyon sa lupa” ay tumutukoy sa isang tagapagbigay ng pang-emergehensya na medikal na transportasyon sa lupa na hindi nakakatugon sa kahulugan ng talata (1) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 14105.945.

(aq) Ang “Kwalipikadong provider ng pagpaplanong pampamilya” ay nangangahulugang isang provider ng Medi-Cal na nakakatugon sa lahat ng mga sumusunod na kondisyon:

(1) Ay isang klinika ng komunidad na lisensyado alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksyon 1204 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.

(2) ay naka-tala sa Family PACT program, tulad ng inilarawan sa subdibisyon (aa) ng Seksyon 14132.

(3) Nagbibigay ng parehong mga serbisyo sa pagpapalaglag at contraception

(ar) Ang “Espesyalista” ay isang manggagamot o surgeon o iba pang lisensyado alinsunod sa Batas sa Pagsasanay sa Medikal (Medical Practice Act) (Kabanata 5 (simula sa Seksyon 2000) ng Dibisyon 2 ng Code sa Negosyo at Propesyon (Business and Professions Code) o Osteopathic Act (Kabanata 8 (simula sa Seksyon 3600) ng Dibisyon 2 ng Code ng Negosyo at Propesyon (Business and Professions Code) na naghahatid sa Medi-Cal mga serbisyo, paggagamot, o pamamaraang hindi kwalipikado bilang pangunahing pangangalaga.

(as) Ang “Specialty care” ay nangangahulugang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan hatid ng isang espesyalista.

(at) Ang “State-Only Family Planning Program” ay tumutukoy sa programang itinatag alinsunod sa Dibisyon 24 (nagsisimula sa Seksyon 24000).

(au) Ang “Panahon ng pagbubuwis” tumutukoy sa panahong hindi hihigit sa 12 buwan kung saan nasuri ang buwis na ipinataw alinsunod sa Artikulo 6 (nagsisimula sa Seksyon 14199.123).

Artikulo 8. Komite sa ng Pagpapayo sa Interesadong Partido (Interesadong Partido Advisory Committee)

14199.129. Itinatag ang Komite sa Pagpapayo sa Interesadong Partido

(a) Ang Batas sa Pagprotekta sa Pagkakaroon ng Pangangalaga sa Kalusugan ng Komite ng Tagapayo sa Interesadong Partido ay itinatag dito sa loob ng departamento.

(b) Ang isang indibidwal na may hawak ng pederal, estado, tribo, o lokal na nahalal o hinirang na tanggapan o isang opisyal o opisyal ng isang panig na pampulitika ay hindi karapat-dapat na mahirang sa sa komite.

(c) Ang anim na miyembro ng komite ay bumubuo ng isang korum para sa mga layunin ng pagboto at pagsasagawa ng trabaho ng komite

(d) Ang komite ay dapat maghalal ng isang tagapangulo mula sa mga kasapi nito. Ang tagapangulo ay dapat maglingkod sa kapasidad na iyon sa loob ng dalawang taon at kwalipikadong mahalal muli. Ang tagapangulo ay dapat mamuno sa lahat ng mga pagpupulong at magkakaroon ng lahat ng kapangyarihan at pribilehiyo tulad ng sa iba pang miyembro ng komite.

(e) Ang komite ay dapat magpulong nang hindi bababa sa kada dalawang taon, at maaaring magdaos ng mga karagdagang regular at espesyal na pagpupulong sa panawagan ng komite o ng tagapangulo.

(f) Hindi bababa sa dalawang empleyado ng departamento ang dapat italaga ng buong-panahon sa pagtatrabaho at pagsuporta sa komite.

14199.130. Pagiging Miyembro sa Komite

(a) Ang komite ay bubuuin ng 10 miyembro gaya ng sumusunod:

(1) Isang miyembro na kumakatawan sa parehong pangunahin at espesyalidad na mga manggagamot sa buong estado.

(2) Isang miyembro na kumakatawan sa parehong pampubliko at pribadong ospital, anuman ang uri ng lisensya, sa buong estado.

(3) Isang miyembro na kumakatawan sa isang pribadong tagapagbigay ng pang-emerhensiyang ambulance (emergency ambulance provider) na nagsasagawa ng 500,000 o higit pang mga pang-emerhensiyang medikal na transportasyon (emergency medical ground transports) bawat taon ng kalendaryo sa estadong ito.

(4) Isang miyembro na kumakatawan sa pagpaplanong pampamilya at mga reproductive health provider sa buong estado.

(5) Isang miyembro na kumakatawan sa komersyal, hindi pampamahalaan na mga plano sa pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal sa buong estado.

(6) Isang miyembro na kumakatawan sa mga klinika sa buong estado.

(7) Isang miyembro na kumakatawan sa pampubliko, nonprofit na pinamamahalaang plano ng pangangalaga ng Medi-Cal sa buong estadong batayan.

(8) Isang miyembro na kumakatawan sa mga dentista sa buong estado.

(9) Isang miyembro na kumakatawan sa mga organisadong grupo ng manggagawa sa buong estado.

(10) Isang miyembro na kumakatawan sa isang tagapagbigay ng transportasyon ng emergency air ambulance na naniningil para sa higit sa 2,000 pang-emerhensiyang transportasyon ng ambulansya bawat taon sa estadong ito.

(b) Ang mga miyembro ng komite ay hihirangin gaya ng sumusunod:

(1) Ang Gobernador ay dapat humirang ng mga miyembrong inilarawan sa mga talata (1) hanggang (6), kasama, ng subdibisyon (a).

(2) Ang Tagapagsalita ng Asembleya ay dapat humirang ng mga miyembro na inilarawan sa mga talata (7) at (8) ng subdibisyon (a).

(3) Ang Senate President Pro Tempore ay dapat humirang ng mga miyembrong inilarawan sa mga talata (9) at (10) ng subdibisyon (a).

(c) Ang entidad o organisasyon ay hindi dapat magkaroon ng higit sa isang empleyado, opisyal, o direktor mula sa kinatawan o organisasyong iyon na itinalaga sa komite sa anumang partikular na panahon.

(d) Ang bawat miyembro ng komite ay dapat maging mamamayan at residente ng Estados Unidos o matugunan ang mga kinakailangan ng subdibisyon (b) ng Seksyon 1020 ng Kodigo ng Pamahalaan.

14199.131. Mga Tuntunin ng Miyembro ng Komite

(a) Ang bawat tagahirang na awtoridad na inilarawan sa subdibisyon (b) ng Seksyon 14199.130 ay dapat gumawa ng kanilang mga unang appointment nang hindi lalampas sa 30 araw sa kalendaryo pagkatapos ng petsa ng bisa ng kabanatang ito.

(b) Ang termino ng mga unang hinirang sa komite ay dapat magsimula sa ika-45 araw ng kalendaryo pagkatapos ng petsa ng bisa ng kabanatang ito. Ang mga tuntunin ng mga unang hinirang sa komite ay ang mga sumusunod:

(1) Ang mga unang hinirang ng Gobernador na inilarawan sa mga talata (1) hanggang (4), kasama ng subdibisyon (a) ng Seksyon 14199.130 ay dapat maglingkod sa loob ng apat na taon.

(2) Ang mga unang hinirang ng Gobernador na inilarawan sa mga talata (5) at (6) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 14199.130 ay dapat maglingkod sa loob ng tatlong taon.

(3) Ang unang hinirang ng Tagapagsalita ng Asembleya na inilarawan sa talata (7) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 14199.130 ay magsisilbi sa loob ng tatlong taon.

(4) Ang unang hinirang ng Tagapagsalita ng Asembleya na inilarawan sa talata (8) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 14199.130 ay magsisilbi sa loob ng dalawang taon.

(5) Ang mga unang hinirang ng Senate President Pro Tempore ay magsisilbi sa loob ng dalawang taon.

(c) Pagkatapos ng mga unang termino, ang termino ng bawat hinirang o muling itinalagang miyembro ng komite ay dapat na apat na taon. Ang bawat miyembro ng komite ay dapat maglingkod hanggang sa maitalaga ang isang kahalili.

(d) Ang isang miyembro ng komite ay hindi dapat tanggalin ng naghirang na awtoridad maliban sa maling gawain sa tungkulin o pagpapabaya sa tungkulin. Ang isang miyembro ay hindi dapat tanggalin maliban kung ang mga dahilan para sa pagtanggap ay iniharap nang nakasulat sa miyembro.

(e) (1) Ang isang miyembro ng komite na itinalaga upang kumatawan sa isang partikular na kategorya na inilarawan sa mga talata (1) hanggang (10), kasama, ng subdibisyon (a) ng Seksyon 14199.130 ay dapat mag-abiso nang nakasulat sa kanilang paghirang ng awtoridad kung hindi na nila kinakatawan ang partikular na kategoryang iyon o kung hindi makapagpatuloy sa paglilingkod bilang miyembro ng komite. Ang abiso na kinakailangan ng talatang ito ay dapat ibigay sa loob ng 15 araw ng kalendaryo mula sa nabagong pangyayari.

(2) Sa pagtanggap ng nakasulat na paunawa ng naghirang na awtoridad, ang posisyon ng miyembro sa komite ay dapat ituring na bakante. Sa loob ng 30 araw ng kalendaryo pagkatapos matanggap ang nakasulat na paunawa, ang awtoridad sa paghirang ay dapat humirang ng kahalili upang magsilbi sa natitirang termino ng dating miyembro. Sa pagtatapos ng di pa nagtatapos na termino, ang kahalili ay maaaring italaga sa isang buong termino.

14199.132. Mga Kapangyarihan at Tungkulin ng Komite

(a) (1) Ang komite ay tagapayo lamang at walang awtoridad sa paggawa ng desisyon. Ang komite ay itinatag para sa tanging layunin ng pagsasaliksik at pagsusuri ng mga diskarte at pinakamahusay na kasanayan para sa pagbuo at pagpapatupad ng mga bahagi ng kabanatang ito, kabilang ang paghahanda ng mga ulat o rekomendasyon at pagbibigay ng payo tungkol doon para isumite sa departamento. Ang departamento ay may nag-iisa at pinal na awtoridad sa paggawa ng desisyon sa ilalim ng kabanatang ito.

(2) Ang komite ay dapat magpayo at gumawa ng mga nakasulat na rekomendasyon sa departamento tungkol sa pagpapatupad ng kabanatang ito at pagkamit ng mga layunin na itinakda sa Mga Seksyon 14199.101 at 14199.102.

(b) Ang komite ay awtorisado, ngunit hindi limitado, na gawin ang alinman sa mga sumusunod:

(1) Magsagawa ng mga pagsisiyasat o pag-aaral.

(2) Mag-isyu ng mga nakasulat na ulat.

(3) Mag-post ng anumang ulat o rekomendasyon sa internet website ng departamento sa ilalim ng sariling link ng komite sa internet website.

(c) Ang sinumang miyembro ng komite ay maaaring humiling, at ang Tagapagkontrol at departamento ay dapat magbigay, ng anumang nakasulat na accounting o talaan ng mga deposito sa, paglilipat sa pagitan, o mga paggastos mula sa, anumang pondo, subfund, account, o subaccount na itinatag o nilikha ng kabanatang ito.

(d) Ang komite ay maaaring magtatag ng mga subcommittees na binubuo ng isa o higit pa sa mga miyembro nito, at maaaring itataga sa isang subcommittee ang anumang karapatan o responsibilidad na ipinagkaloob sa komite, kabilang ang karapatan o responsibilidad ng pagbibigay ng payo at nakasulat na input sa departamento sa isang partikular na paksa.

14199.133. Kabayaran

Ang mga miyembro ng komite ay dapat maglingkod nang walang kabayaran, ngunit tatanggap ng reimbursement para sa mga kinakailangang gastos, napapailalim sa pag-apruba ng departamento.

Artikulo 9. Mga Pagbabago, Konstruksyon, Katayuan

14199.134. Pagbabago sa Kabanata

(a) Maaaring baguhin ng Lehislatura ang kabanatang ito sa pamamagitan ng isang batas na ipinasa sa bawat kapulungan ng Lehislatura sa pamamagitan ng rollcall na boto na ipinasok sa journal, tatlong-kapat na bahagi ng mga miyembro na sumasang-ayon, sa kondisyon na ang batas ay naaayon sa, at isinusulong ang layunin ng, kabanatang ito.

(b) Ang isang panukalang batas na naglalayong baguhin ang kabanatang ito pagkatapos ng petsa ng pagkabisa ng kabanatang ito ay hindi dapat ipasa o laong maging batas maliban kung ang panukalang batas ay nai-print at ipinamahagi sa mga miyembro, at nai-publish sa Internet, sa pinal na anyo nito, para sa hindi bababa sa 10 araw ng trabaho bago ang pagpasa nito sa alinmang kapulungan ng Lehislatura.

14199.135. Konstruksiyon ng Kabanata

(a) Pagkakahiwalay. Ang mga probisyon ng kabanatang ito ay maaaring maihiwalay. Kung ang anumang bahagi, seksyon, subdibisyon, talata, nakapailalim na talata, sugnay, nakapailalim na sugnay, pangungusap, parirala, salita, o aplikasyon ng kabanatang ito ay para sa anumang kadahilanan ay pinaniniwalaang hindi wasto sa pamamagitan ng isang desisyon ng anumang hukuman na may karampatang hurisdiksyon, ang desisyon na iyon ay hindi makakaapekto sa bisa ng mga natitirang bahagi ng kabanatang ito. Ang mga tao ng Estado ng California sa pamamagitan nito ay nagpapahayag na pinagtibay sana nila ang kabanatang ito at ang bawat bahagi, seksyon, subdibisyon, talata, nakapailalim na talata, sugnay, nakapailalim na sugnay, pangungusap, parirala, salita, at aplikasyon na hindi idineklara na hindi wasto o labag sa konstitusyon nang walang pagsasaalang-alang sa

kung anumang bahagi ng kabanatang ito o aplikasyon nito ay idedeklarang hindi wasto.

(b) Liberal na Konstruksyon. Ang kabanatang ito ay isang paggamit ng kapangyarihang inisyatiba ng mga tao ng Estado ng California alinsunod sa Artikulo II at Artikulo IV ng Konstitusyon, at dapat na malayang ipakahulugan upang maisakatuparan ang mga layuning itinakda sa kabanatang ito.

(c) Mga Sanggunian ng Batas. Maliban kung iba ang nakasaad, ang lahat ng mga sanggunian na nakapaloob sa kabanatang ito sa mga batas na naka-code sa labas ng kabanatang ito ay tumutukoy sa mga batas na iyon na umiiral noong Hulyo 1, 2023.

(d) Petsa ng Pagkakabisa. Ang kabanatang ito ay magkakabisa sa susunod na Enero 1 kasunod ng pag-apruba nito ng mga botante ng California.

14199.136. Katayuan sa Pagdepensa sa Kabanata

Sa kabila ng anumang iba pang batas, kung ang Estado ng California o alinman sa mga opisyal o pamunuan nito ay nabigo na ipagtanggol ang konstitusyonalidad ng kabanatang ito, kasunod ng pag-apruba nito ng mga botante, anumang ibang estado o lokal na ahensya ng pamahalaan ng estadong ito ay magkakaroon ng awtoridad na mamagitan sa ngalan ng Estado ng California o ng departamento sa isang aksyon ng hukuman na hinahamon ang konstitusyonalidad ng kabanatang ito para sa layunin ng pagtatanggol sa konstitusyonalidad nito, kung ang aksyon na iyon ay nasa estado o pederal na hukuman ng paglilitis, sa apela, o sa discretionary na pagsusuri ng Koret Suprema ng California o Korte Suprema ng Estados Unidos. Ang mga makatwirang bayarin at gastos sa pagtatanggol sa aksyon ng ibang ahensya ng estado o lokal na pamahalaan ay dapat na singilin sa mga pondong inilalaan sa Department of Justice, na dapat matugunan kaagad.

SEK. 2. Limitasyon sa Paglalaan.

(a) Simula 2025–26 na taon ng pananalapi, alinsunod sa Seksyon 4 ng Artikulo XIII B ng Konstitusyon ng California, ang mga botante ng Estado ng California sa pamamagitan nito ay nagpatibay ng pagtaas sa limitasyon sa paglalaan para sa Estado ng California na katumbas ng halaga ng mga nalikom na kita sa pamamagitan ng mga buwis na nakapaloob sa Artikulo 6 (nagsisimula sa Seksyon 14199.123) ng batas na ito at Artikulo 7.1 (nagsisimula sa Seksyon 14199.80) ng Kabanata 7 ng Bahagi 3 ng Kodigo ng Kapakanan at Institusyon (Welfare and Institutions Code).

(b) Ang tagal ng pagtaas sa limitasyon sa paglalaan ng Estado ng California na pinagtibay alinsunod sa seksyong ito ay dapat para sa itinakdang maximum na panahon na pinahihintulutan sa ilalim ng Seksyon 4 ng Artikulo XIII B ng Konstitusyon ng California.

SEK. 3. Mga Salungat na Inisyatibong Panukala

Natagpuan at idinedeklara ng mga tao ng Estado ng California na:

(a) Kung ang inisyatibang panukala na ito at isa pang inisyatibang panukala o mga hakbang na nagtataas o nagpapalawak ng isang buwisa sa tagapagbigay ng pinamamahalaang organisasyon ng pangangalaga (managed care organization provider tax) upang pondohan ang mga serbisyo, benepisyo, at saklaw ng Medi-Cal ay lalabas sa parehong balota ng halalan sa buong estado, ang iba pang inisyatibang panukala o hakbang ay dapat ituring na salungat sa panukalang ito. Kung ang inisyatibang panukala na ito ay makatatanggap ng mas malaking bilang ng mga sang-ayon na boto, ang mga probisyon ng panukalang ito ay mananaig sa kabuuan ng mga ito, at ang mga probisyon ng iba pang inisyatibong panukala o mga panukala ay masasawalang bisa

(b) Ang batas na ito ay magpapatuloy ng isang umiiral na buwis sa mga tagapagbigay ng organisasyon ng pinamamahalaang pangangalaga (managed care organization provider), isang uri ng plano sa serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan, na ginagamit para sa layunin ng pagtaas ng mga rate ng reimbursement o mga pagbabayad sa ilalim ng programang Medi-Cal. Ang Inisyatiba Blg. 21-0042 Pag-amyenda#1 ay hindi saklaw sa kahulugan ng "buwis" isang pataw, singil, o dinemandang kinolekta mula sa mga lokal na yunit ng pamahalaan, mga provider ng pangangalagang pangkalusugan, o mga plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na pangunahing ginagamit ng Estado ng California para sa ang mga layunin ng pagtaas ng mga halaga ng kabayaran o mga pagbabayad sa ilalim ng programang Medi-Cal. Samakatuwid, walang salungatan na umiiral sa pagitan ng batas na ito at Initiative No. 21-0042 Amyenda #1.

(c) Ang batas na ito ay hindi binabago, nalalapat sa, o tumutugon sa mga bagay na nakapaloob sa Initiative No. 23-0021 Amyenda #1. Samakatuwid, walang salungatan ang umiiral sa pagitan ng batas na ito at Initiative No. 23-0021 Amyenda #1.

PROPOSISYON 36

Ang inisyatibang panukalang ito ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Konstitusyon ng California.

Ang inisyatibang panukalang ito ay nagsusug at nagdaragdag ng mga seksyon sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan (Health and Safety Code) at Kodigong Pinal, at nagdaragdag ng isang seksyon Kodigo ng Pamahalaan (Government Code); samakatuwid, ang mga kasalukuyang probisyon na iminungkahing tanggalin ay naka-sulat sa ~~uri ng strikeout~~ at ang mga bagong probisyon na iminungkahing idagdag ay naka-sulat sa *italic* upang ipahiwatig na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

BATAS SA WALANG TIRAHAN, PAGKALULONG SA DROGA, AT PAGBABAWAS SA PAGNANAKAW

SEKSYON 1. Pamagat.

Ang batas na ito ay dapat kilalanin bilang Walang Tirahan, Pagkalulong sa Droga, at Batas sa Pagbabawas ng Pagnanakaw.

SEK. 2. Mga Layunin at Intensiyon.

Irereporma ng panukalang ito ang mga batas na lubhang nagpapataas ngwalang tirahan, pagkalulong sa droga, at pagnanakaw sa buong California.

Ang panukalang ito ay:

(a) Magbibigay ng gamot at panggagamot sa kalusugan ng isip para sa mga taong nalulong sa matapang na droga, kabilang ang fentanyl, cocaine, heroin, at methamphetamine.

(b) Idagdag ang fentanyl sa mga umiiral nang batas na nagbabawal sa pagkakaroon ng matatapang na droga habang armado ng may kargang baril.

(c) Idagdag ang fentanyl sa mga umiiral nang batas na nagbabawal sa pagbebenta ng malalaking dami ng matapang na droga.

(d) Pahintulutan ang mga hukom na gamitin ang kanilang paghuhusga upang hatulan ang mga nagbebenta ng droga sa kulungan ng estado sa halip na kulungan ng county kapag sila ay nahatulan ng pagbebenta ng matatapang na droga sa napakaraming dami o armado ng baril habang nakikibahagi sa trafficking ng droga.

(e) Babalaan ang mga nahatulang nagbebenta at mga tagagawa ng matapang na droga na maaari silang kasuhan ng pagpatay kung magpapatuloy sila sa trapiko ng mga matapang na droga at may namatay bilang resulta.

(f) Ibalik ang mga parusa para sa mga nagbebenta ng matapang na droga na nagdulot kamatayan o malubhang pagkakapinsala sa isang gumagamit ng droga dahil sa trafficking.

(g) Dagdagan ang mga parusa para sa mga taong paulit-ulit na nagnanakaw.

(h) Magdagdag ng mga bagong batas para tugunan ang dumaraming problema ng mga pagnanakaw na "smash and grab" na nagreresulta sa malaking pagkalugi at pinsala, o na ginagawa ng maraming magnanakaw na nagtutulungan.

SEK. 3. Mga Natuklasan at Deklarasyon.

Nahanap at ipinapahayag ng mga tao ng Estado ng California ang sumusunod:

(a) Pagbabawas ng Walang Tirahan sa Pamamagitan ng Drug at Paggagamot ng Kalusugan ng Isip

(1) Ang California ay umabot na sa isang kritikal na punto sa Walang tirahan, droga, kalusugan ng isip, at mga krisis sa pagnanakaw. Ang ating estado ay may pinakamataas na antas ng walang tirahan per capita ng anumang estado sa bansa. At ang pagka-overdose sa droga ngayon ay pumapatay na ng dalawa hanggang tatlong beses na higit sa bilang ng mga namamatay sa aksidente sa sasakyan sa California.

(2) Mula nang maipasa ang Proposisyon 47 noong 2014, ang walang tirahan sa California ay tumaas ng 51 porsiyento, habang sa parehong yugto ng panahon sa ibang bahagi ng bansa, ito ay bumaba ng 11 porsiyento. Binawasan ng Proposisyon 47 ang mga legal na kahirinatnan ng parehong pagkakaroon ng matatapang na droga (fentanyl, cocaine, heroin, methamphetamine, at phencyclidine), at pagnanakaw. Ang resulta ay napakalaking pagtaas ng pagkalulong sa droga, sakit sa isip, at mga krimen sa ari-arian, kabilang ang pagnanakaw sa retail, na gawa ng mga adik upang suportahan ang kanilang pagkagumon. Kasabay nito, nakita ng California ang isang malaking pagbaba sa kalusugan ng isip at panggagamot sa droga para sa mga taong walang tirahan dahil sa mga pinababang insentibo upang lumahok sa panggagamot. Ang problema natin sa walang tirahan ay direktang konektado sa mga hindi sinasadyang kinahinatnan ng Proposisyon 47, na nais ngayon ng mga botante na itama.

(3) Ang mga progresibong estado, kabilang ang New Jersey, Maryland, Illinois, at Michigan, ay may mas malakas na batas sa mga matatapatang na droga kaysa sa California, at ang rate ng kanilang mga walang tirahan ay 4 hanggang 5 beses na mas mababa kaysa sa California.

(4) Ang panukalang ito ay nagsasagawa ng isang katamtamang hakbang sa direksyon ng mga estadong ito sa pamamagitan ng pagpapatupad ng isang bagong klase ng krimen na tinatawag na isang "treatment-mandated felony," ang mga proseklyutor ay magkakaroon ng pagpapasya na magsampa ng kaso para sa pagkakaroon ng matatapatang na droga pagkatapos ng dalawang nakaraang paghatol sa droga. Kung makakasuhan nitong "treatment-mandated felony" na ito para sa ikatlo o kasunod na pagkakasala sa droga, ang nagkasala ay bibigyan ng opsyon na lumahok sa panggagamot sa droga at kalusugan ng isip. Kung matagumpay na nakumpleto ng nagkasala ang panggagamot sa droga at kalusugan ng isip, ang kaso ay ganap na aalisin, at ang nagkasala ay hindi makakatanggap ng pagkakakulong. Kung ang nagkasala ay tumanggi sa panggagamot sa droga at kalusugan ng isip, sila ay magsisilbi sa bilangguan para sa pagkakaroon ng matatapatang na droga. Para sa pangalawang paghatol ng treatment-mandated felony (ang ikaapat na kabuuang paghatol para sa pagkakaroon ng matatapatang na droga), ang isang hukom ay magkakaroon ng opsyon na magtalaga ng pagkakakulong o bilangguan ng estado. Kasama ng paglunas sa matatapatang na gamot at sa kalusugan ng isip, ang mga nagkasala na kinasuhan ng isang krimen na treatment-mandated felony ay aalukin ng tirahan, pagsasanay sa trabaho, at iba pang mga serbisyong idinisenyo upang maputol ang siklo ng pagkalulong at walang tirahan.

(b) Pagbabawas sa mga Dealer ng Matatapatang na Droga

(1) Ang Fentanyl ang pinakamapanganib na gamot na nakita ng ating bansa. Dahil ito ay sintetikong ginagawa, ang fentanyl ay kadalasang mas mura kaysa sa iba pang matatapatang na gamot. Bilang resulta, ang mga nagbebenta ng droga ay regular na ngayong nagsasama ng fentanyl sa iba pang mga gamot, kabilang ang mga pang diyeta, anxiety, at mga pampatulog, cocaine, at heroin. Dagdag pa, ang fentanyl ay hanggang 50 beses na mas malakas kaysa sa heroin. Samakatuwid, ang kaunting dami ng fentanyl ay maaaring nakamamatay. Ang isang kilo (2.2 pounds) ng fentanyl ay nagbibigay ng sapat na gamot upang makagawa ng apat hanggang sampung milyong doses, o sapat upang pumatay ng 500,000 katao. Panghuli, dahil kaunting dami ng fentanyl lamang ang kinakailangan upang lumikha ng pagkalulong, mas madali itong ipuslit sa border sa mas maliit, ngunit mas nakamamatay na dami.

